Mga Gawa ng Ating Banayad na Diyos

Ang Maluwalhating Pagsikat ng Isang Bagong Araw sa Katangian ng Diyos

Jay A. Schulberg

Binagong Edisyon · 2026



Mga Gawa ng Ating Banayad na Diyos

Ang Maluwalhating Pagsikat ng Isang Bagong Araw sa Katangian ng Diyos

Ang Katwiran para sa Isang Hindi Marahas na Diyos:
Isang Pag-aaral upang Hamunin ang Mga Maling Paniniwala Tungkol sa Diyos at Mag-alok ng Isang Nakapagpapasiglang Alternatibong Pananaw

Jay A. Schulberg

Binagong Edisyon 2026

www.maranathamedia-phillippines.com

Copyright © 2017 Jay A. Schulberg

Nakalaan ang lahat ng mga karapatan. Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring magamit o kopyahin sa anumang paraan, graphic, electronic, o mechanical, kasama ang photocopying, recording, taping o ng anumang sistema ng pag-iimbak at pagkuha ng impormasyon nang walang nakasulat na pahintulot ng may-akda maliban sa kaso ng mga maikling sipi na nilalaman ng mga kritikal na artikulo at mga repaso.

Ang mga sipi sa banal na kasulatan ay kinuha mula sa King James Version ng Bibliya.

Inilimbag ng



Fatheroflove.info

Unang inilimbag: Hunyo 2019
Binagong edisyon: 2026

Talaan ng mga Nilalaman

Hindi Ka Ba Nagtaka? 5
Kabanata 1 Tunay Nga Bang Mahalaga? 7
Kabanata 2 Ang Ating Sakdal na Huwaran 9
Kabanata 3 Ang Pinagmulan ng Ating Buhay 11
Kabanata 4 Ginawa sa Kanyang Larawan 13
Kabanata 5 Ang Dalubhasang Manlilinlang 15
Kabanata 6 Ano ang Kasalanan? 17
Kabanata 7 Bakit May Diablo? 20
Kabanata 8 Ang Mapanirang Ahas 27
Kabanata 9 Ang Pagkabihag ni Job 30
Kabanata 10 Bakit Mali ang Pagbasa Natin sa Bibliya 36
Kabanata 11 Bakit Hindi Natin Nauunawaan ang Diyos 38
Kabanata 12 Paano Nagwawasak ang Diyos 42
Kabanata 13 Ano ang Galit ng Diyos? 44
Kabanata 14 Paano Nakikipagdigma ang Diyos 55
Kabanata 15 Sodoma at Gomorra 58
Kabanata 16 Paano Naman ang Baha? 61
Kabanata 17 Ang Patotoo ng Krus 67
Kabanata 18 Ang Diyos ay Hindi Malupit 69
Kabanata 19 Ang Ating Tagapaglikha at Tagapagtaguyod 77
Kabanata 20 Paano Tayo Magkakaroon ng Buhay na Walang Hanggan? 83
Kabanata 21 Dapat Ba Tayong Matakot sa Paghatol? 90
Kabanata 22 Ano ang Anyo ng Paghatol ng Diyos? 99
Kabanata 23 Ang Diyos ay Mapagpakumbaba 104
Kabanata 24 Ang Diyos ay Isang Lingkod, Hindi Amo ng mga Alipin 107
Kabanata 25 Iniibig Ka ng Diyos nang Walang Kondisyon 110
Kabanata 26 Ang Kaharian ng Diyos 112
Kabanata 27 Ang Diyos ay Nag-aalok sa Atin ng Tunay na Kalayaan 116
Buod 120

Panimula

Hindi Ka Ba Nagtaka?

Sa legal na wika, ang isang sakuna na ganap na sanhi ng mga puwersa ng kalikasan at hindi maaaring makatwirang napigilan ay tinutukoy bilang isang ***gawa ng Diyos***. Ang pariralang ito ay madalas na kasama sa mga patakaran sa seguro. Saan natin nakuha ang ideya na ang Diyos ay responsable sa mga masasamang bagay na nangyayari sa ating mundo? Siya ba ay arbitraryong nagpasya kung kailan at saan magaganap ang mga kaganapan tulad ng buhawi, lindol, bagyo, pagbaha, at iba pang mga natural na sakuna? May ginagawa ba ang Diyos upang mangyari ang mga bagay na ito? Minamanipula ba Niya ang natural na mundo upang magawa Niya ang anumang ninanais Niyang kalalabasan nito? At bakit hindi Siya gumawa ng higit pa upang maiwasan ang pagdurusa sa ating mundo? Sa kahuli-hulihan, responsable ba ang Diyos sa karahasan na nabasa natin sa Bibliya? Gumamit ba Siya mismo ng karahasan?

Nag-aalok ang Bibliya ng mga kasagutan sa mga katanungang ito, ngunit kailangan nating tumingin sa mas malalim na aspeto upang hanapin ang mga ito. Kailangan din nating maging handa na pakinggan kung ano ang sinabi ng Diyos tungkol sa Kanyang sarili at kung paano Siya gumagawa, kahit hamunin pa nito ang ating mga paniniwala tungkol sa Kanya.

Susuriin ng aklat na ito ang katangian ng Diyos na ipinahayag sa Bibliya — ano ang Kanyang mga kilos at, na kasinghalaga, kung ano ang hindi. Maraming naniniwala na mahal tayo ng Diyos kapag sinusunod natin ang Kanyang mga alituntunin ngunit nagagalit sa ating mga maling gawain at pinaparusahan ang mga lumalaban sa Kanyang dikta. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang ipakita mula sa Bibliya na ang Diyos ay hindi kailanman kumilos bilang isang mapanira, kundi tanging bilang Tagapaglikha, Tagapagtaguyod, at Tagapagligtas.

Ngunit ang karunungang buhat sa itaas, ay una-una'y

malinis, saka mapayapa, banayad, madaling panaingan,

puspos ng kaawaan at ng mabubuting bunga, walang inaayunan, at walang pagpapaimbabaw.

—Santiago 3:17

1

Tunay Nga Bang Mahalaga?

Bakit mahalagang malaman kung ano ang katulad ng Diyos? Mahalaga ba kung ano ang iniisip natin tungkol sa Diyos? At mahalaga ba kung iniisip natin Siya o hindi? Ang mga sagot sa mga katanungang ito ay nasa mismong pundasyon ng lahat ng dapat malaman. Ang paniniwala natin tungkol sa Diyos at sa Kanyang karakter ang siyang humuhubog sa ating karakter — at ang ating karakter ay mas mahalaga kaysa sa lahat ng materyal na kayamanang inaalok ng mundong ito.

Sinabi ni Jesus, "Ako at ang Aking Ama ay ***iisa***" (Juan 10:30). Ang Diyos Ama at ang Anak ng Diyos ay ***iisa*** sa hangarin — ***iisa*** sa ugali. Ang kanilang relasyon ay isa sa perpektong pagkakaisa. Ang manunulat ng Hebreo ay nagpahayag na si Jesus sa Diyos Ama ay "ang sinag ng Kanyang kaluwalhatian, at ang tunay na larawan ng Kanyang pagka-Dios" (Heb. 1:3). Ang kaluwalhatian ng Diyos ay higit pa sa Kanyang karangyaan; ito ay ang Kanyang karakter. Nang hilingin ni Moises sa Diyos na ipakita sa kanya ang Kanyang kaluwalhatian, ang Diyos ay dumaan sa harap ni Moises at ipinahayag ang Kanyang karakter:

> Ang PANGINOON, ang PANGINOONG Diyos, na puspos ng kahabagan, at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kabutihan at katotohanan. Na gumagamit ng kaawaan sa libu-libo, na nagpapatawad sa kasamaan at ng pagsalangsang at ng kasalanan. (Ex. 34:6-7)

Ang kilalanin ang Diyos sa Kanyang ***tunay*** na kalikasan o karakter ay nagdadala sa atin sa ***tunay*** na pakikipagkasundo sa Kanya. Ang kaalamang ito ay nakapagpapagaling at nagbibigay ng buhay. Pakinggan kung ano ang sinabi ni Jesus sa Kanyang dalangin sa Kanyang Ama: "At ito ang buhay na walang hanggan, na Ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at Siyang Iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo" (Juan 17:3). Ipinakita ni Jesus sa pamamagitan ng Kanyang mga salita at buhay kung sino talaga ang Diyos Ama. Sinabi Niya, "Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa Kanyang sarili kundi ang makita Niyang gawin ng Ama: sapagka't ang lahat ng mga bagay na Kanyang ginagawa, ay ang

mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding paraan" (Juan 5:19).

Kapag nalaman natin na ang Diyos ay ***palaging*** mapagmahal at maawain, mapapalapit tayo sa Kanya sa pag-ibig at pagtitiwala. Sigurado tayo sa pag-ibig ng Diyos at mabuting kalooban sa atin sa lahat ng oras, sapagkat ang Kanyang mga pamamaraan ay ***hindi talaga*** nagbabago. Ipinahayag ng Diyos sa Malakias 3:6, "Sapagkat Ako ang PANGINOON, hindi Ako nagbabago." Hindi Siya nababago tulad natin. Maaari tayong maging mabait, mapagmahal, at maalalahanin hangga't pinakikitunguhan tayo ng patas at may paggalang, ngunit kapag nakasalamuha natin ang mga taong nananakit sa atin, ugali nating magalit at nais na gumanti. Ang Diyos ay ***hindi talaga*** kailanman tumutugon sa pamamagitan ng galit o sa paghihiganti.

Pinatunayan ng Salita ng Diyos na si Jesus ay hindi nagbabago at hindi rin nagbabago ang Ama: "Si Jesucristo ay Siya ring kahapon, at ngayon, oo at magpakailanman" (Heb. 13:8). "Ang bawat mabuting kaloob at ang bawat sakdal na kaloob ay pawang buhat sa itaas, na bumababa mula sa Ama ng mga ilaw, na walang pagbabago, ni kahit anino man ng pagiiba" (Santiago 1:17). Tinitiyak din sa atin ng mga salitang ito na ang ating banayad na Diyos ay walang marahas na panig.

At nagkatawang tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin,

(at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian,

kaluwalhatian na gaya ng sa bugtong na anak ng Ama,) na

puspos ng biyaya at katotohanan.

—Juan 1:14

2

Ang Ating Sakdal na Huwaran

Sa puso ng Sermon sa Bundok, binibigyan tayo ni Jesus ng sakdal na huwaran kung paano mamuhay sa isang masamang mundo:

> Narinig ninyong sinabi, Iibigin mo ang iyong kapwa, at kapootan mo ang iyong kaaway. Datapuwat sinasabi Ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, basbasan ninyo ang sa inyo'y sumusumpa, gumawa ng mabuti sa kanila na napopoot sa iyo, at manalangin para sa mga taong lumalapastangan sa iyo, at umuusig sa iyo; Upang kayo ay maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagkat pinasisikat Niya ang Kanyang araw sa mga masasama at sa mababuti, at nagpapadala ng ulan sa mga matuwid at sa mga hindi matuwid. Sapagka't kung kayo'y iibig sa nangagsisiibig lamang sa inyo, ano ang ganti na inyong kakamtin? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis? At kung ang mga kapatid lamang ninyo ang inyong babatiin, ano ang higit na ginagawa ninyo kaysa sa iba? hindi ba't ang mga maniningil ng buwis ay gayon din? Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal. (Mat. 5:43–48)

Ano ang itinuturo sa atin ng talatang ito tungkol sa Diyos? Sinabi ni Jesus, "Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway," at sumunod ay, "Upang kayo ay maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit," at nagtapos Siya sa, "Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal." Hinihiling sa atin ni Jesus na pakitunguhan natin ang ating mga kaaway tulad ng pakikitungo ng ating Ama sa Langit sa Kanyang mga kaaway. Nais Niyang maunawaan natin na ang matataas na mga prinsipyo na inilalagay Niya sa harap natin sa Sermon sa bundok ay maaaring makamit lamang kung nakikita natin ito na nagmumula sa Diyos mismo.

Sa buhay ni Jesus, nakita natin ang ating sakdal na huwaran sa kung paano pakikitunguhan ang ating mga kaaway. Ni minsan ay hindi Siya gumanti sa mga gumawa sa Kanya ng masama. Mula sa Kanyang pagkakanulo at pagkaaresto hanggang sa pagkapako sa krus, nang

hilingin Niya na patawarin ang mga umuusig sa Kanya— "Ama, patawarin mo sila; sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lucas 23:34) — tanging pagmamahal lamang ang ipinamalas Niya.

Nang si Jesus ay hindi malugod na tinanggap sa isang nayon ng Samaritano, inisip ng Kanyang mga alagad na sina Santiago at Juan na ang nayon ay nararapat wasakin sa pamamagitan ng apoy: "Panginoon, ibig mo baga na magpababa tayo ng apoy mula sa langit, at sila'y pugnawin, tulad ng ginawa ni Elias? Datapuwa't Siya'y lumingon, at sinaway sila, at sinabi, Hindi ninyo nalalaman kung anong espiritu meron kayo. Sapagkat ang Anak ng tao ay hindi naparito upang sirain ang buhay ng mga tao, ngunit upang iligtas sila" (Lucas 9:54-56).

Ang pinakamahusay na paraan upang malaman natin kung ano ang katulad ng Diyos ay sa pamamagitan ng pag-aaral ng buhay ni Jesus. Hindi Niya pinatay ang sinuman o nagbanta man na gagawin ito. Hindi kailanman nanakit si Jesus ng sinuman. Kahit kailan hindi Niya kinondena ang sinuman. Nang hilingin ni Felipe, sa ngalan ng mga alagad, kay Jesus na ipakita sa kanila ang Ama, sumagot Siya:

> Matagal nang panahon Ako'y inyong kasama, at hindi mo pa Ako nakilala, Felipe? siya na nakakita sa Akin ay nakakita sa Ama; at paanong sinasabi mo, Ipakita mo sa amin ang Ama? Hindi ka ba nananampalataya na Ako ay nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin? ang mga salitang Aking sinasabi sa inyo'y hindi Ko sinasalita sa Aking sarili: datapuwa't ang Ama na nananahan sa Akin, Siya ang gumagawa ng mga gawa. (Juan 14:9–10)

Habang nagsisimula tayo sa isang pag-aaral na hahamon sa nakagawiang teolohiya, tayo'y maging determinadong panatilihin ang mga salita ni Jesus at ang Kanyang sakdal na halimbawa sa ating mga isipan.

3

Ang Pinagmulan ng Ating Buhay

Ngayong nailatag na natin ang ilang paunang batayan na nagpapatunay na ang Diyos ay palaging nagmamahal, susuriin natin ang mga pagkilos ng Diyos sa Bibliya na tila kabaligtaran ng mga alituntuning itinuro ni Jesus. Sa aklat ni Isaias, mahahanap natin ang malalim na pananaw tungkol sa mga paraan at pag-iisip ng Diyos:

> Sapagka't ang Aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, ni ang inyo mang mga lakad ay Aking mga lakad, sabi ng Panginoon. Sapagka't kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang Aking mga lakad ay mas mataas kaysa sa inyong mga lakad, at ang Aking mga pagiisip kaysa sa inyong mga pagiisip. (Isa. 55:8–9)

Ang mga paraan at pagiisip ng Diyos ay walang katapusang mas mataas sa layunin at ugali kaysa sa ating mga paraan at pag-iisip. Itong tiyak na katotohanan tungkol sa Diyos ay mahirap nating maunawaan. Sa ating determinasyon na bigyang katwiran ang ating mga sarili, ipinagpapalagay nating ang Diyos ay katulad natin. Nagagalit tayo, kaya sa palagay natin dapat magalit ang Diyos tulad ng ginagawa natin. Naiisip nating gumanti kapag may gumagawa sa atin ng masama, kaya sa palagay natin, malamang ang Diyos ay may parehong ugali na gumaganti kapag may gumawa sa Kanya ng masama. Iba ang sinasabi sa atin ng Diyos:

> Ang mga bagay na ito ay iyong ginawa, at Ako'y tumahimik; iyong inisip na Ako'y gayong gaya mo: ngunit sasawayin kita, at Aking isasaayos sila sa harap ng iyong mga mata. (Awit 50:21)

Nang nilikha ng Diyos ang ating mundo, hindi Niya balak na gumana ito nang mag-isa. Kung hindi kasangkot ang Diyos sa ating mundo, hindi lamang ito magiging salungat sa Kanyang hangarin, kundi nangangahulugan din ito na ang buhay ay hindi maaaring magpatuloy sa ating planeta – "Sapagkat sa Kanya tayo'y nangabubuhay, at nagsisikilos, at mayroon tayong pagkatao" (Mga Gawa 17:28). Inaalalayan tayo ng Diyos sa bawat hiningang ating hinuhugot.

Ang Diyos ang Pinagmulan at Tagapagtaguyod ng lahat ng buhay. Gayunpaman, may isang bagay na maaaring makapaghiwalay sa atin mula sa Kanya – ang kasalanan. Ngunit ano ang kasalanan? Madalas nating iniisip ang kasalanan bilang mga masasamang bagay na ginagawa natin o paglabag sa mga utos ng Diyos. Ang kaisipan ay ang kasalanan kahit papaano ay nasusukat, na ang ilan sa atin ay mayroong malaking dami nito at ang iba ay hindi gaanong marami o napakaunti. Sa Bibliya, nalaman natin na ang mga hindi magagandang bagay na ginagawa natin ay mga sintomas ng isang malalim na nakatanim na sakit na lahat ay minana natin mula sa ating mga unang magulang. Ang sakit na ito ay ang paniniwala sa kasinungalingan na ang Diyos ay ang sarili lamang Niyang kapakanan ang iniisip. Ang kasinungalingang ito ng demonyo ay ipinamana sa sangkatauhan sa hardin ng Eden, at binaluktot nito ang ating pananaw sa Diyos mula pa noon. Nang nilikha ng Diyos sina Adan at Eba at inilagay sila sa hardin, binigyan sila ng isang paghihigpit - at iisa lamang:

> At iniutos ng Panginoong Dios sa tao, na sinasabi, Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may kalayaan: Datapwa't sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamatay ka. (Gen. 2:16–17)

Madaling maunawaan kung bakit inilagay ng Diyos ang "puno ng buhay" (Gen. 2:9) sa hardin, ngunit mahirap para sa atin na maunawaan kung bakit inilagay Niya ang "puno ng pagkakilala sa mabuti at masama" sa sakdal na kapaligirang iyon. Sa unang pag-iisip, maaari nating makita ang pagkakaroon ng puno na iyon, na may kasamang babala laban sa pagkain mula rito, bilang isang paanyaya sa kalamidad.

4

Ginawa sa Kanyang Larawan

Sa Genesis makikita natin ang ating pamana: “At sinabi ng Diyos, Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis: … Sa gayon nilalang ng Diyos ang tao sa Kanyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Diyos siya nilalang; nilalang Niya sila na lalake at babae” (Gen. 1:26–27). Ano ang ibig sabihin ng ginawa sa larawan ng Diyos, at ano ang larawan ng Diyos? Malalaman natin kung ano ang larawan ng Diyos kapag nakakita tayo ng isang kahulugan na naglalarawan kung sino ang Diyos. Ang tumpak na kahulugan ay matatagpuan sa 1 Juan 4:8: “Ang Diyos ay pag-ibig.” Pansinin na ang talata ay hindi lamang nagsasabing “Ang Diyos ay mapagmahal,” na para bang ang pag-ibig ay isa sa Kanyang maraming mga katangian, ngunit sinabi nito nang simple, “Ang Diyos ay pag-ibig.” Anumang iba pa na maaari nating malaman tungkol sa Diyos ay dapat na naaayon sa kahulugan na ito. Samakatuwid, tulad ng Diyos na sakdal, makatuwiran nating mahihinuha na ang pag-ibig ng Diyos ay tiyak na sakdal din, nang walang kahit katiting na pansariling interes. Bukod dito, ang Kanyang pag-ibig ay tiyak na ***walang pagbabago*** sapagkat Siya ay hindi nababago.

Kung tayo ay nilikha sa wangis ng Diyos, tiyak na nilikha tayo ng Diyos upang maranasan ang pag-ibig. Ngayon, ang pag-ibig, upang maging tunay na pag-ibig, ay hindi maaaring idikta o sa anumang paraan na pilitin. Maaari lamang itong malayang maibigay bilang isang desisyon. Madali itong maunawaan kung naiisip natin ang isang taong gutom sa pag-ibig na may kargang baril na nakasakay sa isang bus at hinihingi ang pagmamahal mula sa mga pasahero sa banta ng kamatayan. Makakabuo kaya ng pagmamahal ang ganitong pamamaraan?

Ipagpalagay na susubukan natin ang isang hindi gaanong marahas na paraan ng pagkuha ng pag-ibig sa pamamagitan ng pagbuo ng isang robot na naka-program upang magsabing “Mahal kita” kapag dumating tayo sa harap nito. Magreresulta ba ito sa isang kasiya-siya at makabuluhang relasyon na batay sa pag-ibig? Ang mga pamamaraang ito, na hindi makapagbibigay sa atin ng pag-ibig, ay uubra kaya para sa Diyos?

Bumalik tayo sa hardin ng Eden at ang nakalilitong ipinagbabawal na puno. Kung hindi nilikha ng Diyos ang punong iyon, posible bang magmahal ang tao tulad ng pag-ibig ng Diyos? Ang pag-ibig, upang maging pag-ibig, kinakailangan na ito ay malayang ibigay. Upang malayang maibigay ang pag-ibig, dapat mayroon din tayong kalayaan upang hindi magmahal. Ang pag-ibig ay palaging isang pagkukusa; ang pag-ibig ay hindi maaaring iutos o pilitin.

Kung nilikha sana ng Diyos ang ating mga unang magulang at inilagay sila sa hardin nang hindi nagbibigay ng isang nakikitang paraan kung saan maaari nilang piliing hindi Siya mahalin at pagtiwalaan, hindi posible para sa kanila na magmahal tulad ng pagmamahal ng Diyos mismo. Kung paanong ang Diyos ang Pinagmulan ng ating buhay, Siya rin ang Pinagmulan ng tunay na pag-ibig—ang buhay at pag-ibig ay hindi mapaghihiwalay. Ang malikha sa larawan ng Diyos ay nagbibigay sa bawat isa sa atin ng potensyal na maging isang mapagmahal na kaibigan sa ating Maylalang.

Hindi inilagay ng Diyos ang puno ng pagkakilala sa mabuti at kasamaan na may paghihigpit na ipinagbabawal na kumain mula sa mga sanga nito bilang isang di-makatwirang pagsubok ng ating pagsunod sa Kanya, kundi bilang isang katiyakan na labis Niyang pinahahalagahan ang ating kalayaang pumili anupa't naging handa Siyang harapin ang panganib na maaari nating piliing tumalikod sa Kanya. Kapag naiintindihan natin ang dahilan kung bakit inilagay ng Diyos ang ipinagbabawal na puno sa hardin, hindi natin Siya aakusahan bilang isang makasariling diktador. Gayunpaman, mayroong isa, na handang akusahan ang Diyos ng mismong bagay na iyon.

5

Ang Dalubhasang Manlilinlang

> Ang ahas nga ay lalong tuso kaysa sa alinmang hayop sa parang na nilikha ng Panginoong Dios. At sinabi niya sa babae, Tunay bang sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain sa alinmang punong kahoy sa halamanan? At sinabi ng babae sa ahas, Maaari kaming kumain ng mga bunga ng mga puno sa halamanan: Ngunit ang bunga ng puno na nasa gitna ng halamanan, sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain nito, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo ay mamatay. At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay: sapagka't nalalaman ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon, ay mamumulat ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang mga diyos, na nakakaalam ng mabuti at ng masama. — Genesis 3:1–5, (idinagdag ang diin)

Una, alamin natin ang pagkakakilanlan ng nagsasalitang ahas na ito. Sino ang ahas na ito? "At ang malaking dragon ay itinapon, ang matandang ahas, na tinawag na Diyablo, at si Satanas, ang dumadaya sa buong sanglibutan: siya ay itinapon sa lupa, at ang kanyang mga anghel ay itinapon kasama niya" (Apoc. 12:9). Si Eba ay hindi lamang nakikipag-usap sa isang matalinong ahas, kundi kay Satanas—ang dalubhasang manlilinlang mismo.

Ang ahas sa pamamagitan ng tusong pagpapahiwatig ay inakusahan ang Diyos na nagsisinungaling kina Adan at Eba at nagkakait ng isang bagay na mabuti sa kanila. Bukod dito, kung kakainin lamang nila ang prutas, mabubuksan ang kanilang mga mata, at magiging katulad sila ng "mga diyos, alam ang mabuti at masama." Sino ang pinili ng babae na paniwalaan, ang Diyos o si Satanas?

> At nang makita ng babae na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kainin, at nakalulugod sa mga mata, at isang punong kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga nito, at kinain, at binigyan din niya ang kanyang asawa kasama niya; at ito'y kumain. At nadilat kapwa ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at

> sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi. At narinig nila ang tinig ng Panginoong Dios na lumalakad sa halamanan sa malamig na araw: at si Adan at ang kanyang asawa ay nagtago mula sa harapan ng Panginoong Dios sa gitna ng mga puno ng halamanan. At ang Panginoong Dios ay tumawag kay Adan, at sinabi sa kaniya, Saan ka naroon? (Gen. 3:6–9)

Nang kumain sina Adan at Eba mula sa ipinagbabawal na puno, nabuksan ang kanilang mga mata (nagkaroon sila ng kamalayan sa sarili), at hinangad nilang itago ang kanilang sarili mula sa Diyos. Ano ang tugon ng Diyos? Dumating Siya at hinahanap ang mga ito. Ang Kanyang unang salita ay, "Nasaan ka?" Hinangad Niyang makipagkasundo sa Kanyang mga anak na ngayon ay napalayo na.

Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala.

—Jesus (Lucas 19:10)

6

Ano ang Kasalanan?

Ngayon, balikan natin ang tanong: ano ang kasalanan? Upang hanapin ang tamang kahulugan, mahalaga na kilalanin muna natin kung ano mismo ang naging mali sa "puno ng pagkakilala sa mabuti at kasamaan." Sa Genesis 3:6, nakakita ang babae ng tatlong kanais-nais na katangian ng puno:

1. "Ang puno ay mabuting pagkain." Sa mababaw na pang-unawa ay maaaring mukha itong totoo, kung hindi dahil sa ang katotohanan na ipinagbabawal ang puno bilang mapagkukunan ng pagkain. Ang problema ay hindi sa prutas mismo kundi ang babae na ngayon ay tinitingnan ito bilang isang mabuti.
2. Ang puno ay "kaaya-aya sa mga mata." Lahat ng nilikha ng Diyos sa hardin ay sakdal, samakatuwid ang puno sa katunayan ay magiging "kaaya-aya sa mga mata." Nakita ng babae ang isa pang kanais-nais na kalidad ng puno.
3. "Isang punungkahoy na ninanasa upang gawin ang isang taong pantas." Talaga? Mayroon bang mga mahiwagang katangian ang punong ito? Tama ba ang ahas? Ang pagkakaroon ba ng kaalaman sa mabuti at kasamaan ay kanais-nais? At ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng kaalaman sa mabuti at masama? Ito ba ay pagkakamit lamang ng impormasyon?

Ang talata ay nagtapos sa "pumitas siya ng bunga niyaon, at kinain, at binigyan din niya ang kanyang asawang kasama niya; at ito'y kumain." Ito ay madalas na naiintindihan na unang kasalanan ng sangkatauhan, ngunit ano ang kasalanan? Ano ang nauna—ang pagkain ng prutas o ang paniniwala sa kasinungalingan ng ahas tungkol sa Diyos?

Ang pangunahing problema ay nang maniwala si Eba sa kasinungalingan ng ahas na ang Diyos ay makasariling nagtabi ng isang bagay na mabuti sa kanila. Ang kasalanan ay hindi lamang ang pagkilos mismo, na parang ang kasalanan ay isang nabibilang na sangkap. Ang kasalanan, sa ubod nito, ay isang malubhang karamdaman ng pag-iisip na

nakikita ang Diyos bilang isang makasarili at sa gayon hindi makapagtiwala sa Kanya.

Ang kasalanan ay maihahalintulad sa isang sakit. Sa isang sakit mayroong pinagbabatayang sanhi tulad ng impeksyon sa bakterya, sakit sa metabolismo, o sira sa immune system. Ang mga pangunahing sanhi na ito ay nagreresulta sa isa o higit pang mga sintomas: lagnat, pagduwal, kirot, pagkahilo, panghihina, at iba pa. Sa kasalanan, ang pangunahing sanhi ay ang paniniwala sa kasinungalingan tungkol sa Diyos at, bilang isang resulta, nailalayo ang ating sarili sa Kanya na ang pag-ibig ay sa iba nakasentro. Ang ating mga panlabas na kasalanan (ang mga sintomas) ay ang resulta ng paniniwala na ang Diyos ay naglilingkod sa sarili (ang sanhi ng karamdaman). Si Jesus, sa Kanyang pakikipag-usap sa mga eskriba at Pariseo, ay gumamit ng pagkakatulad na ito ng kasalanan bilang isang karamdaman na nangangailangan ng paggaling:

> At nang makita Siya ng mga eskriba at mga Fariseo na kumakain kasama ng mga maniningil ng buwis at mga makasalanan, sinabi nila sa Kaniyang mga alagad, Bakit Siya kumakain at umiinom kasama ng mga maniningil ng buwis at mga makasalanan? Nang marinig ito ni **Jesus**, sinabi Niya sa kanila, Hindi nangangailangan ng manggagamot ang mga walang sakit, kundi ***ang mga may sakit:*** Hindi Ako naparito upang tumawag ng mga matuwid, kundi ng mga makasalanan sa pagsisisi. (Marcos 2:16–17, idinagdag ang diin)

Ang kasalanan ay nakamamatay sapagkat inihihiwalay tayo nito sa Diyos, ang Pinagmulan ng lahat ng buhay. Sa ganitong paghihiwalay na nagaganap, hindi kailanman ang Diyos ang Siyang naghihiwalay ng Kanyang sarili sa atin — palaging tayo ang naghihiwalay ng ating mga sarili mula sa Kanya. Sina Adan at Eba ay natakot sa Diyos sa halip na kay Satanas —siyang dapat nilang kinatakutan. Matapos kainin ang prutas, sinabi ng Bibliya, “Si Adan at ang kanyang asawa ay nagtago mula sa harapan ng PANGINOONG Diyos sa gitna ng mga puno ng halamanan” (Gen. 3:8). Tayo ay nagtatago mula sa ating maamo na Diyos mula pa noong araw na iyon.

Mabuti nating tandaan na nang binalaan ng Diyos sina Adan at Eba na huwag kumain mula sa ipinagbabawal na puno, hindi Niya sinabi, “Sa araw na kumain ka nito, papatayin kita.” Sinabi Niya, “Sa araw na

kumain ka nito ay mamamatay ka." Nang kumain ang lalaki at ang kanyang asawa ng puno, nagsimula ang proseso ng pagkamatay sa kanila sa araw na iyon mismo nang inihiwalay nila ang kanilang sarili mula sa Pinagmulan ng Buhay.

Ang kasalanan (paniniwala sa kasinungalingan na ang Diyos ay makasarili at hindi mapagkakatiwalaan) ang siyang nakamamatay, hindi ang Diyos: "Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan" (Roma 6:23). Ang Diyos ay walang kinalaman sa kasalanan, at hindi Siya ang nagbabayad ng sahod ng kasalanan.

Malinaw din na nang kinain nina Adan at Eba ang bunga ng ipinagbabawal na puno, nakatanggap sila ng higit pa sa kaalaman lamang sa isip tungkol sa mabuti at masama. Hindi nila sinasadyang naitalaga ang kanilang mga sarili at kanilang mga angkan na maranasan ang kaalaman sa mabuti at kasamaan. Hindi lamang nila malalaman ang tungkol sa kasamaan; maiisip nila ito, isasabuhay nila ito, sila ay magiging alipin nito, at bilang isang resulta malalaman nila ang sakit, pagdurusa, takot, at kamatayan.

Ang sangkatauhan ay hindi nag-iisa sa pagdurusa ng hindi maiiwasang mga kahihinatnan nang pumasok ang kasalanan sa ating mundo. Ang lahat ng kalikasan ay naapektuhan ng hindi pagkakasundo sa pagitan ng nilikha at Lumikha na pinasimulan ng kasalanan nina Adan at Eba: "Sapagkat nalalaman natin na ang buong nilalang ay humihibik at nagdaramdam na may kahirapan na kasama natin hanggang ngayon" (Roma 8:22). Ang lupa ay naging isang mapanganib na lugar para sa tao at mga hayop. Mula nang baha sa araw ni Noe, ang mundo ay napapailalim sa marahas na panahon, lindol, bulkan, at iba pang mapinsalang puwersa ng kalikasan. Ang mararahas na puwersang makikita sa kalikasan ay hindi galing sa Diyos; umiiral lamang sila sapagkat inilagay natin ang Diyos sa malayo mula sa atin.

7

Bakit May Diablo?

Nabanggit na natin ang isang literal na espirituwal na nilalang na sumasalungat sa Diyos. Ang nilalang na ito ay tinutukoy sa Bibliya bilang si Satanas, ang diablo, ang ahas, ang leviatan, at si Lucifer, gayundin sa iba pang mga pangalan.

Kung ikukumpara sa dalawandaang taon nang nakalipas, isang mas maliit na porsyento ng mga tao sa sibilisasyon ng Kanluran ngayon ang naniniwala sa isang literal na diablo. Sa ating modernong kultura, si Satanas ay madalas na napupunta sa larangan ng pamahiin at kamangmangan. Sa kaisipan na ito, at bilang sagot sa tanong, susuriin natin ang ulat sa Bibliya tungkol kay Satanas (ang kalaban).

Si Satanas ay kinikilala sa Bibliya bilang isang nahulog na anghel. Ang salitang "nahulog" ay nagpapahiwatig na si Satanas ay orihinal na isang nilalang na walang kasalanan na piniling maghimagsik laban sa kanyang Maylalang. Kung bakit siya naghimagsik laban sa Diyos ay isang misteryo, kung isasaalang-alang ang sakdal na kapaligiran ng langit. Tila siya ay mayroong posisyon ng karangalan at impluwensya sa mga anghel. Sa isang punto ng panahon, ang isang binhi ng pagmamataas ay sumibol at lumago na nagresulta sa hindi niya pagkakontento sa kanyang posisyon sa langit. Nang huli ay nagtapos ito sa harap-harapang pag-aalsa laban sa Diyos.

Si Satanas ay hindi nag-iisa sa kanyang paghihimagsik. Nagawa niyang makakuha ng suporta mula sa marami pang ibang mga anghel, bagaman ang karamihan sa mga anghel ay pinili na manatiling tapat sa Diyos. Ang giyera na nagresulta mula sa paghihimagsik ni Satanas at ng kanyang mga tagasunod ay hindi isang giyera na kinasasangkutan ng mga pisikal na sandata tulad ng ginamit sa mga salungatan sa daigdig. Ang Diyos ay nanaig sa digmaang ito sa langit sa pamamagitan ng paggamit ng pag-ibig laban sa pagkamakasarili, katotohanan laban sa panlilinlang, kaaninawan laban sa pagiging lihim, katwiran laban sa kawalang-katwiran, tiyaga laban sa kawalan ng pag-asa, at pagtitiwala laban sa hinala.

Makatuwirang maniwala na ang mga pamamaraang ginamit ni Satanas kay Eba sa hardin ng Eden upang magdulot ng pagkakahiwalay niya sa Diyos ay ang mismong mga pamamaraang ginamit niya noon upang makakuha ng mga tagasunod sa kanyang hangarin sa langit. Hanggang sa oras na iyon, ang isang katanungan tungkol sa pagkamakatarungan ng Diyos ay hindi kailanman naiharap sa mga anghel sa langit. Wala silang paraan upang malaman na may ganap na katiyakan kung ang mga paratang ni Satanas laban sa Diyos ay may anumang bisa, o hindi. Sa kadahilanang ito, nabigyan si Satanas ng pagkakataong ipakita ang kanyang paraan ng pamamahala.

Maaari nating tanungin kung bakit hindi winasak ng Diyos ang Kanyang kalaban sa simula ng paghihimagsik. Hindi ba't napigilan sana nito ang paglala ng rebelyon? Hindi, makukumpirma lamang nito sa mga anghel na ang mga paratang ni Satanas laban sa Diyos ay may bisa. Kung nawasak ng Diyos si Satanas, ang mismong pagkilos na iyon ay magpapawalang-bisa sa kalayaan at gagawin itong isang walang laman na ideyal na walang sangkap. May iba pa bukod dito. Upang maging pare-pareho sa ating pag-aaral ng Bibliya, ang bigat ng katibayan ay nagpapakita na ang Diyos ay hindi kailanman sumisira - kundi ang kasalanan. Sa kalaunan ay mawawasak si Satanas. Ang pagkawasak na ito ay hindi magmumula sa Diyos, kundi mula sa sariling kasalanan ni Satanas:

> Bukod dito ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsasabi, Anak ng tao, panaghuyan mo ang hari sa Tiro, at sabihin mo sa kaniya, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios; iyong tinatatakan ang kabuuan, na puno ng karunungan, at sakdal sa kagandahan. Ikaw ay nasa Eden na halamanan ng Diyos; bawa't mahalagang bato ay iyong kasuutan, ang sardio, ang topacio, at ang diyamante, ang berilo, ang onix, at ang haspe, ang zafiro, ang esmeralda, at ang karbungko, at ginto: ang pagkakagawa ng iyong mga pandereta at ng iyong mga plauta ay napasaiyo sa araw na ikaw ay nilikha. ***Ikaw ang pinahirang kerubin na tumatakip; at inilagay kita: ikaw ay nasa ibabaw ng banal na bundok ng Diyos; ikaw ay nagpanhik manaog sa gitna ng mga batong mahalaga. Ikaw ay naging sakdal sa iyong mga lakad mula sa araw na ikaw ay nilikha, hanggang sa kasamaan ay nasumpungan sa iyo.***

> Sa dami ng iyong kalakal ay napuno nila ang gitna mo ng karahasan, at ikaw ay nagkasala: kaya't itatapon kita na parang karumaldumal mula sa bundok ng Dios: at aking lilipulin ka, Oh nakatakip na kerubin, mula sa gitna ng mga bato ng apoy. Ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong kagandahan, iyong ipinahamak ang iyong karunungan dahil sa iyong kaningningan: aking ihahagis ka sa lupa, aking ilalagay ka sa harap ng mga hari, upang kanilang masdan ka. Sa pamamagitan ng karamihan ng iyong mga kasamaan, sa kalikuan ng iyong pangangalakal, iyong nilapastangan ang iyong mga santuario: kaya't ako'y naglabas ng apoy sa gitna mo; susupukin ka nito, at pinapaging abo kita sa ibabaw ng lupa sa paningin ng lahat na nanganonood sa iyo. Silang lahat na nangakakakilala sa iyo sa gitna ng mga bayan ay mangatitigilan dahil sa iyo: ikaw ay magiging kakilakilabot at ikaw ay hindi na mababuhay pa. (Ezek. 28:11–19, idinagdag ang diin)

Ang hari ng Tiro ay naaangkop na naglalarawan kay Satanas sa salaysay na ito. Si Satanas ay nilikha na sakdal, walang bakas ng kayabangan o pagkamakasarili. Ang kanyang pagkahulog mula sa pagiging sakdal ay ang kanyang sariling gawain, at wala siyang maidahilan para sa landas na tinahak niya. Naging mapalalo siya dahil sa kanyang kagandahan. Ang "apoy" na sisira kay Satanas ay hindi magmumula sa isang panlabas na pinagmulan; magmumula ito sa loob mismo ni Satanas. Ang apoy na ito ay ang kanyang angking pagkamakasarili. Ang apoy na ito na nabuo sa sarili ang siyang lalamon sa kanya. Si Satanas ay titigil sa pag-iral — "hindi ka na mababuhay pa."

> Paano ka nahulog mula sa langit, O Lucifer, anak ng umaga! paanong ikaw ay lumagpak sa lupa, ikaw na siyang nagpahina sa mga bansa! Sapagka't sinabi mo sa iyong puso, ***Ako ay sasampa*** sa langit, ***aking itataas*** ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Diyos: ***uupo din ako*** sa bundok ng kapisanan, sa mga kaduluduluhang bahagi ng hilagaan: ***ako'y sasampa*** sa itaas ng mga kaitaasan ng mga alapaap; ***ako'y magiging kagaya ng Kataas-taasan***. (Isa. 14:12–14, idinagdag ang diin)

Si Lucifer (ang orihinal na titulo ni Satanas) ay nahulog sapagkat hinangad niyang itaas ang kanyang sarili. Itinuro ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod, "At sinumang nagmamataas ng kanyang sarili ay

mababababa; at sinomang nagpapakababa ay matataas" (Mat. 23:12). Si Lucifer mismo ang nagdulot ng sarili niyang pagkababa. Ang kanyang mga salitang "magiging katulad ako ng Kataastaasan" ay nagbubunyag ng katotohanan na kinasasabikan lamang niya ang posisyon ng Diyos. Wala siyang interes na ipakita ang katangian ng Diyos (ang tanging paraan na ang isang nilikha ay maaaring maging katulad ng Diyos).

Kapag sinusuri ang sipi na ito, dapat ding pansinin na ang mga kaisipang ipinahayag tungkol sa Diyos ay kay Lucifer at hindi isang tumpak na paglalarawan sa mga motibo ng Diyos. Si Lucifer, dahil sa kanyang pagkahumaling na i-angat ang kanyang sarili, ay nag-isip na ang Diyos ay nagtataglay ng parehong makasariling motibong ito.

> At nagkaroon ng pagbabaka sa langit: Si Miguel at ang kanyang mga anghel ay nakipagbaka laban sa dragon; at ang dragon at ang kanyang mga anghel ay nakipagbaka, At hindi sila nanganalo; ni nasumpungan pa man ang kanilang dako sa langit. At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas, ang dumadaya sa buong sanglibutan: siya'y inihagis sa lupa, at ang kanyang mga anghel ay inihagis na kasama niya. (Apoc. 12:7–9)

Ang teksto na ito ay nagdodokumento ng pagbabaka sa langit kung saan sinimulan ni Satanas ang kanyang gawain ng panlilinlang. Ang kanyang gawain ay hindi nakakulong sa isang maliit na sulok ng ating planeta; dinaya niya "ang buong mundo."

> At sinabi ni Jesus sa kanila, Nakita Ko si Satanas na parang kidlat na nahulog mula sa langit. (Lucas 10:18)

Pinag-uusapan dito ni Jesus ang bilis ng pagbagsak ni Satanas mula sa katapatan hanggang sa pag-aalsa.

> Sapagka't kami'y ginawang panoorin ng sanglibutan, at ng mga anghel, at ng mga tao. (1 Cor. 4:9)

> Sa pamamagitan ng mga nagsipangaral sa inyo sa pamamagitan ng Espiritu Santo na sinugo mula sa langit; na ang mga bagay na ito'y ninanasang mamasdan ng mga anghel. (1 Pedro 1:12)

Nang mag-alsa si Satanas sa langit, kasama ang ilang mga anghel, ang natitirang tapat na mga anghel ay hindi lubos na naunawaan kung ano ang nangyayari at bakit. Ang mensahe ng ebanghelyo ay para sa kanila, gayun din naman sa atin, at sila'y masidhing interesado sa walang pag-iimbot na pagsisikap ng Diyos sa mundong ito upang iligtas ang tao mula sa pagkawasak sa sarili. Ang "walang hanggang ebanghelyo" (Apoc. 14:6) ay ang katiyakan na ang sansinukob ay magiging walang hanggang ligtas mula sa anumang pag-aalinlangan tungkol sa pagiging mapagkakatiwalaan ng Diyos: "Ano ang inyong kinakatha laban sa PANGINOON? Siya'y gagawa ng lubos na kawakasan: ang pagdadalamhati ay hindi titindig sa pangalawang pagkakataon" (Nah. 1:9).

> Pagkatapos ay dinala si Jesus ng Espiritu sa ilang upang tuksuhin ng diablo. At nang siya'y makapagayuno ng apatnapung araw at apatnapung gabi, pagkatapos ay nagutom siya. At ang manunukso ay dumating at nagsabi sa kanya, Kung Ikaw ang Anak ng Dios, ay ipag-utos Mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay. Datapuwa't Siya'y sumagot at sinabi, Nasusulat, Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Diyos. Nang magkagayo'y dinala Siya ng diablo sa bayang banal, at inilagay Siya sa tuktok ng templo, at sinabi sa Kaniya, Kung Ikaw ang Anak ng Dios, ay magpatihulog ka: ***sapagka't nasusulat***, Siya'y magbibilin sa Kanyang mga anghel tungkol sa iyo: at aalalayan Ka ng kanilang mga kamay, baka matisod Mo ang Iyong paa sa isang bato. Sinabi sa kaniya ni Jesus, ***Nasusulat muli,*** Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Dios. Muli, dinala Siya ng diablo sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinakita sa Kanya ang lahat ng mga kaharian sa mundo, at ang kanilang kaluwalhatian; At sinabi sa Kaniya, Ang lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa Iyo, kung Ikaw ay magpapatirapa at sasambahin Mo ako. Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya ni Jesus, Humayo ka, Satanas: sapagka't nasusulat, Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at Siya lamang ang iyong paglilingkuran. Nang magkagayo'y iniwan Siya ng diablo, at, narito, nagsidating ang mga anghel at Siya'y pinaglingkuran. (Matt. 4:1–11 idinagdag ang diin)

Si Satanas ay lumapit kay Jesus bilang isang manunukso; ang kanyang maliwanag na layunin ay putulin ang pagtitiwala at pag-asa ni Jesus sa Kanyang Ama. Nagtagumpay si Satanas nang gamitin niya ang katulad na paraan kay Eba sa hardin ng Eden. Determinado si Satanas na hadlangan ang layunin ni Jesus na pumunta sa mundong ito upang iligtas ang sangkatauhan sa pamamagitan ng pagtukso kay Jesus na gamitin ang Kanyang banal na kapangyarihan sa makasariling pakinabang. Ang manlilinlang ay desperadong pigilan si Jesus na magtagumpay sa Kanyang misyon na ihayag ang pagiging hindi makasarili ng Diyos—na siyang maglalantad kay Satanas sa kanyang pagiging sinungaling.

Sa isang tukso ay inalok ng diablo kay Jesus ang "mga kaharian ng mundo" kung si Jesus ay magpapatirapa lamang at sambahin siya. Kapansin-pansin na hindi tinutulan ni Jesus ang pag-angkin ng diablo sa kapangyarihan ng "mga kaharian ng mundo." Nang unang nilikha ng Diyos ang mga tao, binigyan Niya ng kapangyarihan ang sangkatauhan "sa buong mundo" (Gen. 1:26), ngunit nang maniwala sina Adan at Eba sa kasinungalingan ni Satanas tungkol sa kanilang Tagalikha, sa katunayan ay ibinigay nila ang kapangyarihang ito sa diablo. Nakikita natin ang panlilinlang, pang-aapi, pamimilit, at hindi pagkakapantay-pantay sa "mga kaharian ng mundo." Sa kaharian ng Diyos ay walang pamimilit na ginagamit sa anumang oras o sa anumang pangyayari. Walang pagkakapareho sa pagitan ng Kanyang kaharian at mga kaharian ng mundong ito, na umaasa sa patakaran ng batas kaysa sa batas ng pag-ibig.

> Hindi na ako magsasalita pa ng marami sa inyo: sapagka't dumarating ang prinsipe ng sanglibutang ito, at siya'y walang ano man sa Akin. (Juan 14:30)

Kinumpirma ni Jesus na si Satanas ang "prinsipe ng mundong ito." Kapag tinanggihan natin ang pagkakaroon ni Satanas at ang kanyang malawak na impluwensya sa ating planeta, hindi natin mamamalayang isisi sa Diyos ang ating pagdurusa.

> Kayo'y maging mapagpigil, maging mapagmatyag; ang inyong kalaban na diablo, gaya ng leong umuungal, ay gumagala, na humahanap ng masisila niya. (1 Pedro 5:8)

Ang diablo ang ating kalaban—hindi ang Diyos.

> Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo. Sapagkat ang ating pakikipagbaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan. (Efe. 6:11–12)

Kapag napagtanto nating lahat tayo ay biktima ng panlilinlang tungkol sa Diyos na ipinasa sa sangkatauhan, hindi natin titingnan ang ibang mga tao bilang ating mga kaaway, kundi bilang kapwa biktima ng malawak na panlilinlang na ito.

> Sila'y may pinakahari na anghel, na siyang anghel ng hukay ng kalaliman, na ang pangalan sa wikang Hebreo ay Abaddon, ngunit sa wikang Griego ay may pangalang Apollyon. (Apoc. 9:11)

Ang "anghel ng kailalimang hukay" ay tumutukoy kay Satanas. Ang Apollyon, ang pangalang ibinigay sa kanya dito, ay nangangahulugang mananaklag sa Griyego. Si Satanas ang maninira. Mayroon ba tayong katwiran upang, sa katunayan, ibigay sa ating banayad na Diyos ang pamagat ding ito?

Ang magnanakaw ay hindi pumupunta, kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa: Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at upang magkaroon ng kasaganaan nito.

—Jesus (Juan 10:10)

8

Ang Mapanirang Ahas

Ang mga salot na ipinadala ng Diyos laban sa mga taga-Ehipto ay tila ilan sa mga pinakasinasadyang kilos ng pagwawasak ng Diyos. Sa mababaw na pang-unawa ay tila walang ibang paraan upang maipaliwanag ang mga pangyayaring ito sa Bibliya. Alalahanin, gayunpaman, ang talata na nabasa natin kanina: "Sapagkat ang Aking mga pagiisip ay hindi ang inyong mga pagiisip, ni ang inyong mga lakad ay Aking mga lakad, sabi ng PANGINOON" (Isa. 55:8).

Si Moises ay inatasan ng Diyos na akayin ang mga anak ng Israel mula sa pagkaalipin ng Egypt patungo sa kalayaan. Siya ay dapat humarap sa Faraon upang bigyan siya ng babala tungkol sa mga kalamidad na magaganap sa kanyang bansa. Nang makatagpo ng Diyos si Moises sa ilang, binigyan Niya siya ng isang aral na isasadula nina Moises at Aaron sa harap ni Faraon, upang ipakita sa pinuno kung ano mismo ang magiging papel ng Diyos sa mga darating na sakuna:

> At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Ano iyang nasa iyong kamay? At kaniyang sinabi, Isang tungkod. At kaniyang sinabi, Ihagis mo sa lupa. At kaniyang inihagis sa lupa, at naging isang ahas; at si Moises ay tumakas mula sa harap ng ahas. At sinabi ng Panginoon kay Moises, Iunat mo ang iyong kamay, at sunggaban mo sa buntot. At kaniyang iniunat ang kaniyang kamay, at kanyang hinawakan, at naging isang tungkod sa kanyang kamay. (Ex. 4:2–4).

> At kaniyang sinabi, Hindi ba si Aaron na Levita ay iyong kapatid? Nalalaman kong siya'y makapagsasalitang mabuti. ... At siya ang makikipagusap sa lagay mo sa bayan: at mangyayari na siya'y magiging sa iyo'y bibig, at ikaw ay magiging sa kanya'y parang diyos. At dadalhin sa iyong kamay ang tungkod na ito, na iyong ipagagawa ng mga tanda. (Ex. 4:14, 16–17)

Si Moises ay dapat pumunta sa harapan ni Faraon bilang kinatawan ng Diyos. Ang layunin ng Diyos sa pagpapakitang ito ay higit pa sa isang

pagpapakita lamang ng kapangyarihan; ito ay isang paglalarawan upang makilala ang totoong mananaklag.

Nang si Moises, bilang kinatawan ng Diyos, hawak ang tungkod sa kanyang kamay, sinasagisag nito ang mga puwersa ng kalikasan na nasa ilalim ng kontrol ng Diyos. Walang pinsala na maaaring dumating sa Egypt hangga't pinipigilan ng mapag-ingat na kamay ng Diyos ang mapanirang puwersa ng kalikasan. Nang ibagsak ni Moises ang tungkod, naging ahas ito, simbolo ng kasamaan at pagkawasak. Sinimbolo nito ang mga puwersa ng kalikasan na wala sa kontrol ng Diyos at sa ilalim ng kontrol ni Satanas—ang maninira.

Daan-daang taon bago ang panahon ni Moises at pagkatapos bigyang-kahulugan ni Jose (na ipinagbili sa pagka-alipin ng kanyang mga kapatid na lalaki) ang nakakagambalang mga panaginip ni Faraon, mayroong isang mas mahusay na kaayusan para sa mga anak ni Israel. Itinaas ni Faraon si Jose sa isang lugar ng karangalan at paggalang sa pagbibigay kahulugan sa hulang mga panaginip at para sa kanyang malayong pananaw sa paghahanda ng bansa para sa pitong taong taggutom. Malugod na tinanggap ang pamilya ni Jose. Ipinakita ng mga taga-Ehipto ang kanilang pagpapahalaga kay Jose at sa Diyos na sinasamba niya. Noo'y masaganang pinagpala ng Diyos ang bansa. Gayunpaman, maraming taon pagkatapos ng kamatayan ni Jose, nakalimutan ng mga Egipcio si Jose at ang kanyang Diyos at ginawang alipin ang mga anak ni Israel na umunlad at dumami sa lupain. Ang mga taga-Ehipto, sa kanilang mga kilos, ay nagpapadala ng mensahe na hindi nila hinahangad ang presensiya ng Diyos. Nagkaroon sila ng kanilang sariling mga diyos at ayaw makilala ang Diyos ng kanilang mga alipin. Hindi na napanatili ng Diyos ang buong sukat ng Kanyang pagpapala at proteksyon habang pinapayagan ang mga taga-Egypt sa kanilang kalayaan na humiwalay sa Kanya.

Kung sa anumang oras pagkatapos magsimula ang mga salot, tumalikod sana si Faraon mula sa kanyang mapaghimagsik na landas at pinakawalan ang mga Israelita, nakontrol sanang muli ng Diyos ang mga puwersa ng kalikasan, at ang mga salot ay natapos sana. Hindi ito ginawa ng pinuno na matigas ang ulo, at ang Ehipto ay naiwan sa pagkasira. Ang papel ng Diyos sa mga salot ng Egypt ay nagiging malinaw kapag

isinasaalang-alang natin ang simbolikong mensahe na ibinigay ng Diyos sa tungkod at ahas.

Ang karagdagang suporta upang mapawalang-sala ang Diyos sa mga paratang na Siya ang nagwawasak sa pamamagitan ng mga likas na puwersa ay matatagpuan sa aklat ng 1 Mga Hari. Ang propetang si Elias sa isang mababang punto ng kanyang ministeryo ay nagtatago sa isang yungib mula kay Reyna Jezebel, na nagbanta sa kanyang buhay. Ang Diyos ay dumating sa Kanyang tumakas na propeta:

> At sinabi niya sa kaniya, Anong ginagawa mo rito, Elias? At sinabi niya, Ako'y naging totoong mapanibugho dahil sa Panginoon na Dios ng mga hukbo: sapagka't pinabayaan ng mga anak ni Israel ang iyong tipan, ibinagsak ang iyong mga dambana, at pinatay ng tabak ang iyong mga propeta; at ako, ako lamang, ang natitira; at hinahanap nila ang aking buhay, upang makuha ito. At kanyang sinabi, Ikaw ay yumaon, at tumayo ka sa ibabaw ng bundok sa harap ng Panginoon. ***At, narito, ang Panginoon ay dumaan,*** at bumuka ang bundok sa pamamagitan ng isang malaki at malakas na hangin, at dinurog ang mga bato sa harap ng Panginoon; nguni't ang Panginoon ay ***wala sa hangin***: at pagkatapos ng hangin ay isang lindol; nguni't ang Panginoon ay ***wala sa lindol***: At pagkatapos ng lindol ay isang apoy; nguni't ang Panginoon ay ***wala sa apoy***: at pagkatapos ng apoy ay ***isang banayad na tinig***. (1 Hari 19:9–12, idinagdag ang diin)

Ang ating banayad na Diyos ay nagsasalita pa rin nang pinakamalinaw sa isang banayad na tinig.

9

Ang Pagkabihag ni Job

Ang aklat ng Job ay nagbibigay ng malinaw na katibayan ng papel ni Satanas sa mga kilos ng pagdurusa at pagkawasak. Nagbibigay din ito sa atin ng isang sulyap sa likod ng mga eksena sa espirituwal na labanan sa pagitan ng Diyos at ng mga puwersa ng kasamaan. Si Job, "isang sakdal at matuwid na lalake" (Job 1:8), ay naipit sa isang matinding salpukan sa isang kritikal na sandali sa labanang espirituwal na ito.

> Isang araw nga nang ang mga anak ng Dios ay magsiparoon na magsiharap sa Panginoon, na si Satanas ay naparoon din naman na kasama nila. At sinabi ng Panginoon kay Satanas, Saan ka nanggaling? Nang magkagayo'y sumagot si Satanas sa Panginoon, at nagsabi, Sa pagpaparoo't parito sa lupa, at sa pagmamanhik manaog doon. At sinabi ng Panginoon kay Satanas, Iyo bang pinansin ang aking lingkod na si Job? sapagka't walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalake, na natatakot sa Dios at humihiwalay sa kasamaan. Nang magkagayo'y sumagot si Satanas sa Panginoon, at nagsabi, Natatakot ba ng walang kabuluhan si Job sa Dios? Hindi mo ba kinulong siya, at ang kaniyang sangbahayan, at ang lahat niyang tinatangkilik, sa bawa't dako? iyong pinagpala ang gawa ng kaniyang mga kamay, at ang kaniyang pag-aari ay dumami sa lupain. Nguni't pagbuhatan mo siya ng iyong kamay ngayon, at galawin mo ang lahat niyang tinatangkilik, at itatakuwil ka niya ng mukhaan. At sinabi ng Panginoon kay Satanas, Narito, lahat niyang tinatangkilik ay nangasa iyong kapangyarihan; siya lamang ang huwag mong pagbuhatan ng iyong kamay. Sa gayo'y lumabas si Satanas na mula sa harapan ng Panginoon. (Job 1:6–12)

Agad na sumugod si Satanas upang sirain ang lahat na mayroon si Job, kasama na ang kanyang mga anak na lalaki at babae. Sa sumunod na pagkawasak, ginamit ni Satanas ang mga kaaway na mananalakay, "ang mga Sabeo" (t. 15) at "ang mga Caldeo" (t. 17), "ang apoy ng Diyos ... mula sa langit" (t. 16), at "isang malakas na hangin mula sa ilang" (t. 19).

Bagama't maliwanag sa aklat ni Job kung sino ang mapangwasak, maraming mga mambabasa ang nababagabag pa rin sa mga pagdurusa ni Job sapagkat maling ipinagpapalagay na hinayaan ng Diyos na saktan ni Satanas si Job. Ang kaisipan ay, dahil ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat, pinigilan Niya sana ang pag-atake ni Satanas kay Job. Gayunpaman, ang kapangyarihan ng Diyos ay hindi kailanman ang may katuturang isyu na nakataya; ito ay palagi nang naging at magiging tungkol sa mga prinsipyo ng pamamahala ng Diyos—ang Diyos ba ay palagian sa pagbibigay ng kalayaan sa Kanyang mga matalinong nilalang o hindi? Ang kalayaan, upang maging kalayaan, ay dapat na hindi mababawi; nangangahulugang hindi ito mababago at hindi na maaaring bawiin—anuman ang mga pangyayari.

Sa kaso ni Job, mayroon, bilang karagdagan, ibang bagay ang nakataya bukod sa reputasyon ng Diyos — ang ating planeta. Si Satanas ay nagbalak ng mahusay na pamamaraan upang sakupin ang ating mundo (sakop ng kaaway na teritoryo) bilang kanyang sariling kahariang may ganap na kapangyarihan: "At sinabi ng Panginoon kay Satanas, Saan ka nanggaling? Nang magkagayo'y sumagot si Satanas sa Panginoon, at nagsabi, Sa pagpaparoo't parito sa lupa, at sa pagmamanhik manaog doon" (Job 1:7).

Kung gagamitin natin ang kalayaan upang isiping mabuti at basahin sa pagitan ng mga linya, sa katunayan ay sinasabi ni Satanas sa Diyos, "Ako ay gumala sa buong mundo at lumilitaw na may lubos akong suporta sa aking hangarin; inaangkin ko ang aking karapatan sa ganap na pamamahala sa mundo." Sa buong drama na kasunod, ang Diyos (salamat na lamang) ay nanatiling nangunguna ng isang hakbang kay Satanas—kilala ng Diyos ang Kanyang nagtitiwalang lingkod. Si Job ay nanatiling tapat sa Diyos sa kabila ng pagdurusa sa pangalawa sa pinakamabangis na pag-atake ni Satanas na naitala sa Bibliya. Sa huli, iningatan ng Diyos ang buhay ni Job, at "pinalaya si Job mula sa kanyang pagkabihag, nang manalangin siya para sa kanyang mga kaibigan" (Job 42:10), na siyang mga nasa isang mas mapanganib na posisyon kaysa kay Job mismo—hindi nila kilala ang Diyos.

Ang aklat ng Job ay nagbibigay sa atin ng pananaw sa espirituwal na labanan na nagpapatuloy ngayon sa pagitan ng Diyos at ng mga puwersa ng kadiliman. Kapag nagawa nating maisalarawan kahit bahagya ang

hindi maunawaang kumplikadong pakikipag-ugnayan ng maraming malayang mga kalooban na malinaw na nakikita ng Diyos, sisimulan nating pahalagahan ang laki ng hamon na kinakaharap Niya.

Tayo bilang mga matalinong nilalang ay hindi nag-iisa sa ating mundo. Mayroong maraming mga espiritung nilalang na nagbabahagi ng ating puwang kasama natin—si Satanas at ang kanyang hukbo ng mga nahulog na mga anghel. Dahil sa ating indibidwal na mga makasariling likas na katangian at ng mga demonyong nilalang, ang ating daigdig ay ang entablado para sa maraming banggaan ng mga malayang kalooban na nakasentro sa sarili sa araw-araw. Ang lalong mahirap sa atin na maintindihan ay kung paanong nahahadlangan o nalalabanan ni Satanas at ng kanyang demonyong hukbo ang Diyos.

Maaari itong maging nakakabagabag para sa atin kapag napagtanto natin na ang Diyos ay hindi gumagamit ng ganap na kontrol at awtoridad sa lahat ng bagay sa ating planeta. Gayunpaman, ang Diyos ay walang pagnanais na kontrolin ang ating mga indibidwal na buhay, ni wala sa Kanyang likas na katangian na gawin ito; nilikha Niya tayo upang maging malayang mga matalinong nilalang — hindi mga tau-tauhan.

Sa simula ng aklat ng Job, tatlong sentral na kalahok ang ipinakita: Diyos, Satanas, at Job. Sa pagtatapos ng aklat, hindi na binanggit ang pangalan ni Satanas. Bakit siya wala sa kritikal na pagtatapos ng napakalaking pakikipagtagpo na ito sa Diyos?

Ang buong apatnapu't isang kabanata ng Job ay nakatuon sa isang misteryosong nilalang na tinukoy ng Diyos bilang "leviatan." Ano o sino ang leviatan? Nagbibigay ba ang Bibliya ng anumang mga pahiwatig upang matulungan tayong makilala ang nilalang na ito? "Sa araw na yaon, ang Panginoon sa pamamagitan ng kaniyang matigas at malaki at matapang na tabak ay parurusahan ang leviatan na tumutusok na ahas, maging ang leviatan na baluktot na ahas; at papatayin niya ang dragon na nasa dagat" (Isa. 27:1). Sino ang tinutukoy na "ang tumutusok na ahas," "baluktot na ahas," at "ang dragon na nasa dagat"? "At ang malaking dragon ay itinapon, ang matandang ahas, na tinawag na Diablo, at si Satanas, na nililoko ang buong mundo: siya ay itinapon sa lupa, at ang kanyang mga anghel ay itinapon kasama niya" (Apoc. 12:9). Suriin natin ang Job kabanata apatnapu't isa na may mata upang makita ang mga katangiang sataniko sa paglalarawan ng nilalang na ito:

Mahuhuli mo ba ang leviatan ng isang bingwit? O mailalabas mo ba ang kaniyang dila ng isang panali? Makapaglalagay ka ba ng tali sa kaniyang ilong? O makabubutas sa kaniyang panga ng isang taga ng bingwit? Mamamanhik ba siya ng marami sa iyo? O magsasalita ba siya ng mga malumanay na salita sa iyo? Makikipagtipan ba siya sa iyo, upang ariin mo siyang alipin magpakailan man? Makikipaglaro ka ba sa kaniya na gaya sa isang ibon? O iyong tatalian ba siya para sa iyong mga dalaga? Makakalakal ba siya ng mga pulutong ng mangingisda? Mababahagi ba siya nila sa mga mangangalakal? Mahihiwa mo ba ang kaniyang balat ng sundang na bakal, o ang kaniyang ulo ng panaksak ng isda? Ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya; alalahanin mo ang pagbabaka at huwag mo nang gawin. Narito, ang pagasa riyan ay walang kabuluhan: hindi ba malulugmok ang sinoman makita lamang yaon? Walang malakas na makapangahas kumilos niyaon: sino ngang makatatayo sa harap ko? Sinong naunang nagbigay sa akin upang aking bayaran siya? Anomang nasa silong ng buong langit ay akin. Hindi ako tatahimik tungkol sa kaniyang mga sangkap ng katawan, ni sa kaniya mang dakilang kapangyarihan, ni sa kaniya mang mainam na hugis. Sinong makapaglilitaw na karayagan ng kaniyang mga damit? Sinong makalalapit sa kaniyang magkasaping pangil? Sinong makapagbubukas ng mga pinto ng kaniyang mukha? Sa palibot ng kaniyang ngipin ay kakilabutan. Ang kaniyang mga matibay na palikpik ay kaniyang kapalaluan, nangagkakadikit na maigi na gaya sa isang tatak na mahigpit. Nagkakadikit sa isa't isa, na ang hangin ay hindi makaraan sa pagitan sa mga yaon. Sila'y nagkakasugpongan sa isa't isa; Nagkakalakip na magkasama, na hindi maihihiwalay. Ang kaniyang mga bahin ay kumikislap ng apoy, at ang kaniyang mga mata ay gaya ng mga bukang liwayway kung umaga. Mula sa kaniyang bibig ay lumalabas ang nagliliyab na sulo, at mga alipatong apoy ay nagsisilabas. Mula sa kaniyang mga butas ng ilong ay lumalabas ang usok, na gaya ng isang kumukulong talyasi at nagniningas na mga talahib. Ang kaniyang hinga ay nagpapaningas ng mga baga, at isang alab ay lumalabas sa kaniyang bibig. Sa kaniyang leeg ay tumitira ang kalakasan, at ang kakilabutan ay sumasayaw sa harap niya. Ang mga kaliskis ng kaniyang laman ay

> nangagkakadikitan; nangagtutumibay sa kaniya; hindi magagalaw. Ang kaniyang puso ay matatag na gaya ng isang bato; Oo, matatag na gaya ng batong pangibaba ng gilingan. Pagka siya'y tumitindig ay natatakot ang makapangyarihan: dahil sa pagkagulat ay nangalilito sila. Kung siya'y tagain ninoman ng tabak ay hindi tumatalab; ni ng sibat man, ng pana, ni ng matalas na tulis man. Kaniyang ipinalalagay ang bakal na parang dayami, at ang tanso na parang lapok na kahoy. Hindi siya mapatakas ng palaso: ang mga batong panghilagpos ay nagiging sa kaniya'y parang pinagputulan ng trigo. Ang mga panakbat ay nangapapalagay na parang pinagputulan ng trigo: kaniyang tinatawanan ang galaw ng sibat. Ang kaniyang mga sangkap sa ibaba ay gaya ng mga matulis na bibinga: lumalaganap na tila saksak sa banlik. Kaniyang pinagpapakuluan ang kalaliman na parang palyok: kaniyang ginagawa ang dagat na parang pamahid. Kaniyang pinasisilang ang landas sa likuran niya; aakalain ng sinoman na mauban ang kalaliman. Sa ibabaw ng lupa ay walang gaya niya, na likhang walang takot. Kaniyang minamasdan ang bawa't mataas na bagay: siya'y hari sa lahat ng mga anak na palalo. (Job 41, idinagdag ang diin)

Gumagamit ang Diyos ng makasagisag na wika sa kabanatang ito upang ilarawan ang isang kaaway na napaka-makapangyarihan at walang pakikiramay na wala tayong lakas na labanan ang kalaban na ito sa ating mga sarili lamang. Ang Diyos ay sangkot sa isang matinding salungatan sa pinaka-kakila-kilabot na kaaway na mailalarawan sa isip, ngunit ang Diyos ay ganap na nakatuon na labanan ang laban na ito para sa atin nang hindi gumagamit ng pwersa sa anumang oras o sa anumang mga pangyayari.

Pinalitaw ni Satanas ang Diyos na katulad niya mismo: galit, mapaghiganti, hindi mapagpatawad, namumwersa, legalista, mapanghusga, at mapaghanap habang kasabay nito, nagpapanggap siya sa atin bilang "isang anghel ng ilaw" (2 Cor. 11:14), ngunit malinaw na nakikita ng Diyos ang hindi natin nakikita—kung gaano kahusay ang manlilinlang sa kanyang pandaraya.

Sa simbolikong paglalarawan na ito ng kalaban ng Diyos, makakakuha tayo ng ilang pang-unawa sa pang-araw-araw na labanan na

ipinakikipaglaban ng Diyos para sa bawat isa sa atin. Namamagitan ang Diyos upang ilayo ang Kanyang mga anak sa kapahamakan kapag nalalampasan ni Satanas ang kanyang mga hangganan sa kanyang desperasyong hadlangan o sirain ang mga tumutugon sa Banal na Espiritu. Ang ilan sa mga pamamagitang ito ay maliwanag sa atin, habang ang karamihan ay hindi. Dahil dito, ang Diyos ay patuloy na tatambakan ng paninisi araw-araw dahil sa paghihirap na nakikita natin sa ating mundo. Nawa'y ang karanasan ni Job ay makatulong sa atin upang ating mapagtanto na hindi mahahadlangan ng Diyos ang bawat aksidente, bawat kalamidad, bawat karamdaman, o bawat kamatayan kasabay ng Kanyang paggalang sa mga malayang kalooban ng Kanyang mga intelihenteng nilalang.

May iba pa na malinaw na nakikita ng Diyos. Siya lamang ang umiiral sa sarili (hindi nilikha)—si Satanas ay hindi. Si Satanas ay isang nilalang na pumili ng kasamaan, at ang kasamaan ay ganap na nakasalalay sa mabuti para sa pagkakaroon nito. Kapag naintindihan ng lahat ng matalinong nilalang sa sansinukob ang katotohanang ito, sa konteksto ng paghahayag tungkol sa pagiging mapagkakatiwalaan ng Diyos, papayagan Niya si Satanas, ang pinagmulan ng kasamaan, na sirain ang sarili; ano pa bang maaaring maging patas kaysa iyan?

> Huwag kang matakot, sapagka't Ako'y sumasaiyo; huwag kang manglupaypay, sapagka't Ako'y iyong Dios; Aking palalakasin ka; oo, Aking tutulungan ka; oo, Aking aalalayan ka ng kanang kamay ng Aking katuwiran.
>
> —Isaias 41:10

10

Bakit Mali ang Pagbasa Natin sa Bibliya

Ang Bibliya ay hindi isinulat bilang pagdidikta mula sa Diyos, “kundi ang mga tao ay nagsalita buhat sa Dios, na nangaudyokan ng Espiritu Santo” (2 Pedro 1:21). Ang Bibliya ay isinulat ng mga tao gamit ang kanilang sariling mga salita at sa loob ng konteksto ng kultura, karanasan, at personalidad ng bawat indibidwal na manunulat.

Bakit madalas lumilitaw sa Bibliya na ang Diyos ay isang mapanira? Upang sagutin ang katanungang ito, makakatulong na isaalang-alang muna ang kulturang relihiyoso ng mga sinaunang lupain ng Bibliya. Isang bagay ang maliwanag—ang bayang Israel, ang pangunahing tauhan ng salaysay sa Bibliya, ay napalibutan ng impluwensiya ng idolatriya. Sa kabila ng mga malinaw na babala na iwasan ang idolatriya, patuloy silang naiimpluwensyahan ng mga idolatrosong gawain ng kanilang mga kapitbahay. Ang pag-unawa ng mga Israelita sa Diyos ay nabaluktot ng umiiral na kultura.

Hinahangad ng Diyos na ibunyag ang Kanyang sarili sa mga tao. Gayunpaman, ang ganap na paghahayag ng kaluwalhatian ng Kanyang karakter sa kanila ay lalo lamang sanang nagtaboy sa kanila palayo sa Kanya. Ang Diyos ay nagpakumbaba sa antas ng mga taong nais Niyang maabot, at kinailangan Niyang magsalita ng kanilang wika upang magawa ito. Siya’y nakahandang hindi maunawaan sa Kanyang pakikipag-ugnay sa bayang Israel upang mailigtas sila mula sa pagsira sa kanilang sarili.

Bukod dito, sa mga sinaunang lupain ng Bibliya, ang mga taong nasa ilalim ng makademonyong impluwensiya ay lumikha ng mga diyos na marahas at madaling magalit. Naniniwala silang ang mga kalamidad na dinanas nila ay sanhi ng mga galit na diyos na ito. Dahil dito, nagdala ang mga tao sa kanila ng mga sakripisyo upang mapayapa ang kanilang galit at yumuko sa kanila sa kanilang mga seremonya sa relihiyon.

Sa Lumang Tipan, medyo kaunti ang binanggit tungkol kay Satanas, ang nilalang na tunay na may kasalanan sa pagdurusa at kamatayan sa ating mundo. Kung si Satanas sana ay nakilala bilang responsable sa mga

kalamidad na pinagdusahan ng mga tao, ang kanilang pansin ay nakatuon sana sa kanya sa halip na sa Diyos. Ituturing sana ng mga Israelita si Satanas bilang isa pang diyos na may kamangha-manghang kapangyarihan sa mga puwersa ng kalikasan. Hahantong sana ito sa pag-aalay nila ng mga hain sa kanya, at sa paggawa nito ay sasambahin nila si Satanas sa halip na ang Diyos.

Ninais ng Diyos na pigilan itong mangyari sa pamamagitan ng pagpayag na makita Siya bilang bukal ng hindi lamang mabubuting bagay na natanggap ng mga tao kundi pati na rin ng mga masasamang bagay. Higit na inalala ng Diyos ang mga tao at ang magiging epekto sa kanila ng wala pa sa panahong pagbubunyag ng pagkakakilanlan ng tunay na tagapagwasak kaysa sa Kanyang sariling reputasyon. Kahit sa walang pag-iimbot na pagpapakumbabang ito sa bahagi ng Diyos, ang mga tao ay nagbigay pugay pa rin sa demonyong mga nilalang sa pamamagitan ng pagsamba sa mga diyos-diyosan: “Naghain sila sa mga demonyo, hindi sa Diyos” (Deut. 32:17).

Ang mga sinaunang Israelita ay hindi handa para sa isang malinaw na paghahayag ng banayad at mapagmahal na ugali ng Diyos. Ganap sana nilang tinanggihan ang Diyos kung Siya ay lumapit sa kanila sa Kanyang tunay na karakter — pag-ibig na hindi makasarili. Nais nila ang isang diyos na makikipaglaban para sa kanila at gagamit ng karahasan laban sa kanilang mga kaaway. Nais ng mga Israelita ang isang diyos na katulad nila. Sa halip na tanggapin ang katotohanan na “nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang sariling larawan” (Gen. 1:27), determinado silang likhain ang Diyos sa kanilang mga sariling larawan. Binibigyan tayo nito (kung nais nating isaalang-alang) ng pang-unawa sa kung paano pangunahing nakitungo ang sangkatauhan sa Diyos sa buong kasaysayan hanggang sa kasalukuyan.

11

Bakit Hindi Natin Nauunawaan ang Diyos

Nang lumakad ang Diyos sa gitna natin, hindi Siya nakilala o tinanggap ng mga namumuno sa relihiyon:

> At samantalang sila'y nagsisialis, narito, sa Kaniya'y dinala ang isang lalaking pipi na inaalihan ng demonio. At nang mapalabas ang demonio, ay nagsalita ang lalaking pipi: at nangagtaka ang mga karamihan, na nangagsasabi, Kailan ma'y hindi nakita sa Israel ang ganito. Datapuwa't ***sinabi ng mga Fariseo, sa pamamagitan ng prinsipe ng mga demonio ay nagpapalabas siya ng mga demonio.*** At nililibot ni Jesus ang lahat ng mga bayan at mga nayon, na nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipinangangaral ang evangelio ng kaharian, at pinagagaling ang sarisaring sakit at ang sarisaring karamdaman. (Mat. 9:32–35, idinagdag ang diin)

Ang mga sumusunod na salita ni Isaias ay angkop na nalalapat sa mga nag-akusa kay Jesus na nakikipagtulungan Siya kay Satanas: "Sa aba nila na nagsisitawag ng mabuti ay masama, at ng masama ay mabuti; na inaaring dilim ang liwanag, at liwanag ang dilim; na inaaring mapait ang matamis, at matamis ang mapait! Sa aba nila na pantas sa kanilang sariling mga mata, at mabait sa kanilang sariling paningin!" (Isa. 5:20–21).

> Siya'y nasa sanglibutan, at ang sanglibuta'y ginawa sa pamamagitan Niya, at hindi Siya nakilala ng sanglibutan. Siya'y naparito sa sariling Kaniya, at Siya'y hindi tinanggap ng mga sariling Kaniya. (Juan 1:10–11)

Ang talatang ito ay hindi lamang tumutukoy sa sinaunang kasaysayan. Ang Diyos ay patuloy na hindi kinikilala, hindi nauunawaan, at hindi kilala. Hindi natin nauunawaan ang Diyos dahil sa ating pagkahilig sa maling pagpapalagay na Siya ay nakasentro sa Kanyang sarili lamang tulad natin:

> Nguni't ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay

> kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawaan, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu. (1 Cor. 2:14)

Ang sangkatauhan ay may pagka-akit sa panlabas na relihiyon. Sa halip nito, ang kailangan natin ay ipagpalit ang ating pagiging makasarili sa pag-ibig ng Diyos. Ang kaisipang talikuran ang pagiging makasarili ay labis na nagbabanta sa "natural na tao." Ang panlabas na relihiyon ay tila mas ligtas, ngunit ang ganitong uri ng kaligtasan ay isang mapanlinlang na ilusyon; ang panlabas na relihiyon ay madalas na ginagamit upang magtago mula sa Diyos.

> At nagsilapit sa Kaniya ang mga Fariseo, na Siya'y tinutukso nila, at kanilang sinasabi, Naaayon baga sa kautusan na ihiwalay ng isang lalake ang kaniyang asawa sa bawa't kadahilanan? At Siya'y sumagot at sinabi, Hindi baga ninyo nabasa, na ang lumalang sa kanila buhat sa pasimula, ay sila'y nilalang Niya na lalake at babae, At sinabi, Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa; at ang dalawa ay magiging isang laman? Kaya nga hindi na sila dalawa, kundi isang laman. Ang pinapagsama nga ng Dios, ay huwag papaghiwalayin ng tao. Sinabi nila sa Kaniya, Bakit nga ipinagutos ni Moises na magbigay ng kasulatan sa paghihiwalay, at ihiwalay ang babae? Sinabi Niya sa kanila, Dahil sa katigasan ng inyong puso ay ipinaubaya sa inyo ni Moises na inyong hiwalayan ang inyong mga asawa: datapuwa't buhat sa pasimula ay hindi gayon. (Mat. 19:3–8)

Ang karamihan sa Lumang Tipan ay sumasalamin sa mga pagsisikap ng Diyos na lumapit sa mga taong matigas ang puso. Ang Diyos ay hindi naintindihan sa mga talata ng banal na kasulatan kung saan Niya tinanggap ang kalooban ng mga tao sa halip na talikuran sila bilang walang pag-asa. Tayo ang nagkukulang sa pagkahabag — hindi ang Diyos. Gayunpaman palaging mali ang ating pagbasa sa pakikitungo ng Diyos sa mga walang awa na tao sa Lumang Tipan. Bilang isang resulta, inakusahan natin ang Diyos na kinukunsinti Niya ang pang-aalipin at poligamya, na hinihimok Niya ang mga digmaan ng pananakop, na nag-uutos Siya ng paglipol sa isang lahi, at na nag-aatas Siya ng matitinding parusa para sa mga lumalabag sa batas. Ginagawa natin ang mga paratang na ito sapagkat hindi natin naiintindihan ang laki ng problemang

nauugnay sa katigasan ng puso ng mga tao na patuloy na kinakaharap ng Diyos sa Kanyang pakikitungo sa sinaunang Israel.

Si Jesus, sa Sermon sa Bundok, ay pinadakila ang kautusan, na binibigyan ito ng praktikal na aplikasyon batay sa batas ng pag-ibig:

> Narinig ninyong sinabi, Mata sa mata, at ngipin sa ngipin: Datapuwa't sinasabi Ko sa inyo, Huwag kayong makilaban sa masamang tao: kundi sa sinomang sa iyo'y sumampal sa kanan mong pisngi, iharap mo naman sa kaniya ang kabila. At sa magibig na ikaw ay ipagsakdal, at kunin sa iyo ang iyong tunika, ay iwan mo rin naman sa kaniya ang iyong balabal. At sa sinomang pipilit sa iyo na ikaw ay lumakad ng isang milya, ay lumakad ka ng dalawang milya na kasama niya. Bigyan mo ang sa iyo'y humihingi, at huwag mong talikdan ang sa iyo'y nangungutang. (Mat. 5:38–42)

Sa mga salitang ito, ipinaliwanag ni Jesus ang sakdal na kalooban ng Diyos na taliwas sa Kanyang pagbagay sa kalooban ng mga taong matigas ang puso.

> Sinabi sa kanila ni Jesus, Kung ang Dios ang inyong ama, ay inyong iibigin Ako: sapagka't Ako'y nagmula at nanggaling sa Dios; sapagka't hindi Ako naparito sa Aking sarili, kundi sinugo Niya Ako. Bakit hindi ninyo napaguunawa ang Aking pananalita? sapagka't hindi ninyo mangyayaring dinggin ang Aking salita. Kayo'y sa inyong amang diablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka't siya'y isang sinungaling, at ama nito. Nguni't dahil sa sinasabi Ko ang katotohanan, ay hindi ninyo Ako sinasampalatayanan. Sino sa inyo ang makasusumbat sa Akin tungkol sa kasalanan? Kung sinasabi Ko ang katotohanan, bakit hindi ninyo Ako sinasampalatayanan? Ang sa Dios ay nakikinig ng mga salita ng Dios: dahil dito'y hindi ninyo dinirinig, sapagka't kayo'y hindi sa Dios. Nagsisagot ang mga Judio at sa Kaniya'y sinabi, Hindi baga magaling ang aming pagkasabi na

ikaw ay isang Samaritano, at mayroon kang demonio? (Juan 8:42–48, idinagdag ang diin)

Sinabi ni Jesus sa mga pinuno ng relihiyon, "Kayo ay mula sa inyong amang diablo." Ang kanilang ama ay ang diablo sapagkat minana nila ang baluktot na paglalarawan ng diablo sa Diyos at nilabanan ang anumang pagbabago sa larawang iyon.

At inilagay nila sa Kaniyang ulunan ang pamagat sa Kaniya, na nasusulat: ITO'Y SI JESUS, ANG HARI NG MGA JUDIO. Nang magkagayo'y ipinakong kasama Niya ang dalawang tulisan, isa sa kanan at isa sa kaliwa. At siya'y nililibak ng nangagdaraan, na iginagalaw ang kanilang mga ulo, At nangagsasabi, Ikaw na igigiba Mo ang templo, at sa tatlong araw ay Iyong itatayo, Iyong iligtas ang sarili Mo: kung Ikaw ay Anak ng Dios, ay bumaba Ka sa krus. Gayon din naman ang paglibak sa Kaniya ng mga pangulong saserdote, pati ng mga eskriba at ng matatanda, na nagsipagsabi, Nagligtas Siya sa mga iba; sa Kaniyang sarili ay hindi makapagligtas. Siya ang Hari ng Israel; bumaba Siya ngayon sa krus, at tayo'y magsisisampalataya sa Kaniya. Nananalig Siya sa Dios; iligtas Niya Siya ngayon, kung Siya'y iniibig: sapagka't sinabi Niya, Ako'y Anak ng Dios. (Mat. 27:37–43, idinagdag ang diin)

Ang mga nangutya kay Jesus sa krus ay gumamit ng parehong pahiwatig na ginamit ni Satanas sa ilang upang tuksuhin si Cristo: "Kung Ikaw ay Anak ng Diyos" (Mat. 4:3).

At walang taong naglalagay ng bagong alak sa mga lumang botelya; kung hindi, sisirain ng bagong alak ang mga bote, at bubuhos, at ang mga botelya ay mawawala. Ngunit ang bagong alak ay dapat ilagay sa mga bagong bote; at ang mga ito ay mapapanatili. (Lucas 5:37–38)

Inihalintulad ni Jesus, sa pagkakatulad na ito, ang Kanyang radikal na bagong pagtuturo sa "bagong alak" na sumisira sa "mga lumang bote." Si Jesus sa pamamagitan ng salita at halimbawa ay nagpinta ng isang malinaw na larawan ng pag-ibig ng Diyos na tumayong may malaking kaibahan sa baluktot na larawan ng Diyos (ang "lumang alak") na hawak ng mga guro ng relihiyon (ang "mga lumang bote") na nakatagpo Niya.

Ang dalawang magkaibang mga pananaw na ito ay hindi maaaring pagsamahin. Gayundin naman ngayon. Ang larawan ng isang marahas na diyos ay dapat mawala upang magbigay ng puwang para sa ating banayad na Diyos sa ating mga isipan.

12

Paano Nagwawasak ang Diyos

Ang isa sa pinakamalinaw na halimbawa ng kung paano nagwawasak ang Diyos ay matatagpuan sa aklat ng 1 Cronica. Si Saul na hari ng Israel ay hindi pinapansin ang payo ng Diyos, na ipinabatid sa kanya sa pamamagitan ng propetang si Samuel, upang tumalikod sa kanyang nakasisirang landas. Ilang beses na tinangka ni Saul na patayin si David, ang kanyang tapat na lingkod. Siya rin ay nagkasala sa pagpatay sa mga pari ng Nob, at tumanggap siya ng payo mula sa isang mangkukulam. Si Saul ay nasugatan sa isang laban sa mga Filisteo, at siya ay kinilabutan sa mangyayari kung siya ay mahuli. Sa kanyang kawalan ng pag-asa, "Si Saul ay kumuha ng isang tabak, at nagpatibuwal doon" (1 Cron. 10:4).

Pansinin kung paano nagtapos ang Bibliya sa kalunus-lunos na salaysay na ito ng pagkamatay ni Saul:

> Sa gayo'y namatay si Saul dahil sa kaniyang pagsalangsang na kaniyang nagawa laban sa Panginoon, maging laban sa salita ng Panginoon na hindi niya iningatan; at dahil naman na siya'y nakipagsanggunian sa masamang espiritu, upang pagsiyasatan, At hindi nagsiyasat sa Panginoon: kaya't pinatay Niya siya, at inilipat ang kaharian kay David na anak ni Isai. (1 Cron. 10:13–14)

Malinaw na sa pagkamatay ni Saul ang nag-iisang kilos na nakikita nating ginagawa ng Diyos ay ang pabayaan si Saul sa kanyang sariling pamamaraan at maranasan ang mga bunga ng kanyang mga aksyon. Ang sanhi ng pagkamatay ni Saul ay pagpapakamatay, hindi pagpatay ng ibang tao, ngunit sinasabi ng Bibliya na pinatay siya ng Diyos. Ang salitang ginamit dito upang ilarawan kung ano ang ginawa ng Diyos ay tiyak na naiiba mula sa kahulugan ng diksyonaryo. Hindi ito isang nakahiwalay na halimbawa. Sa susunod na kabanata, susuriin ang mga salita sa Bibliya tulad ng pagkagalit, poot, at paninibugho. Binibigyan ng banal na kasulatan ang mga salitang ito ng ganap na naiibang kahulugan kaysa sa kanilang karaniwang gamit kapag tumutukoy sa mga paraan ng Diyos at mga saloobin ng Diyos.

Inyong hanapin ang Panginoon samantalang Siya'y masusumpungan, magsitawag kayo sa Kaniya samantalang Siya'y malapit: Lisanin ng masama ang kaniyang lakad, at ng liko ang kaniyang mga pagiisip; at manumbalik siya sa Panginoon, at kaaawaan Niya siya; at sa ating Dios, sapagka't Siya'y magpapatawad ng sagana. Sapagka't ang Aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, ni ang inyo mang mga lakad ay Aking mga lakad, sabi ng Panginoon. Sapagka't kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang Aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang Aking mga pagiisip kay sa inyong mga pagiisip.

—Isaias 55:6–9

13

Ano ang Galit ng Diyos?

Ang usapin tungkol sa galit ng Diyos ay nakalilito sa marami sa atin kapag binasa natin ang Lumang Tipan. Maraming pagbanggit sa galit at poot ng Diyos, ngunit ano ang Kanyang galit? Upang sagutin ang katanungang ito, makapagbibigay-liwanag na tingnan ang ilang mga halimbawa sa Bibliya. Ang unang pagbanggit ng galit ng Diyos ay noong inatasan Niya si Moises na akayin ang mga anak ng Israel mula sa pagkaalipin ng Egypt patungo sa kalayaan. Ano ang mga pangyayaring pumilit sa Diyos na ipakita ang Kanyang galit sa oras na iyon?

> At sinabi ni Moises sa Panginoon, Oh Panginoon, ako'y hindi marikit mangusap, kahit ng panahong nakaraan, kahit mula ng magsalita Ka sa iyong lingkod: sapagka't ako'y kimi sa pangungusap at umid sa dila. At sinabi sa kaniya ng Panginoon, Sinong gumawa ng bibig ng tao? o sinong gumawa ng pipi, o bingi, o may paningin, o bulag sa tao? Hindi ba Akong Panginoon? Ngayon nga'y yumaon ka, at Ako'y sasaiyong bibig, at ituturo Ko sa iyo kung ano ang iyong sasalitain. At kaniyang sinabi, Oh Panginoon, magsugo Ka, isinasamo ko sa Iyo, sa pamamagitan ng kamay niyaong Iyong susuguin. (Ex. 4:10–13)

Si Moises ay natatakot na humarap mag-isa kay Faraon at humiling ng tagapagsalita. Paano tumugon ang Diyos?

> At ang galit ng Panginoon ay nagalab laban kay Moises, at sinabi Niya, Hindi ba si Aaron na Levita ay iyong kapatid? Alam kong marunong siyang magsalita. At gayon din, narito, siya ay lumalabas upang salubungin ka: at kapag nakita ka niya, siya ay magagalak sa kanyang puso. (Ex. 4:14)

Paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang galit? Sa pamamagitan ng pagbibigay kay Moises ng gusto niya. Tingnan natin ang ilang iba pang mga sipi ng Bibliya na may mga sanggunian sa galit ng Diyos:

> At ang halo-halong karamihan na nasa gitna nila ay nahulog sa pagnanasa: at ang mga anak ni Israel naman ay muling umiyak, at nagsabi, Sinong magbibigay sa atin ng karne na makakain? At

narinig ni Moises ang pag-iiyakan ng bayan sa kanikaniyang sangbahayan, na bawa't lalake ay nasa pintuan ng kaniyang tolda; at ***ang galit ng Panginoon ay nagningas na mainam;*** at sumama ang loob ni Moises. At lumabas ang isang hanging galing sa Panginoon, at nagdala ng mga pugo na mula sa dagat, at pinalapag sa kampamento na may isang araw lakarin sa dakong ito, at isang araw lakarin sa kabilang dako sa palibot ng kampamento, at nagsilipad na may dalawang siko ang taas sa balat ng lupa. At ang bayan ay nangakatindig ng buong araw na yaon at ng buong gabi, at ng buong ikalawang araw, at nagsipanghuli ng mga pugo; yaong kaunti ang napisan ay nakapisan ng sangpung homer: at kanilang ikinalat para sa kanila sa buong palibot ng kampamento. (Bil. 11:4, 10, 31–32)

Sa pangyayaring ito, muli nating nakitang binanggit ang galit ng Diyos. Anong ginawa Niya? Ibinigay Niya sa mga tao ang gusto nila.

At nangyari, nang si Samuel ay matanda na, na kaniyang ginawang mga hukom sa Israel ang kaniyang mga anak. Ang pangalan nga ng kaniyang panganay ay Joel; at ang pangalan ng kaniyang ikalawa ay Abia: sila'y mga hukom sa Beer-seba. At ang kaniyang mga anak ay hindi lumakad sa kaniyang mga daan, kundi lumingap sa mahalay na kapakinabangan, at tumanggap ng mga suhol, at sinira ang paghatol. Nang magkagayo'y nagpipisan ang mga matanda ng Israel, at naparoon kay Samuel sa Ramatha; At kanilang sinabi sa kaniya, Narito, ikaw ay matanda na, at ang iyong mga anak ay hindi lumalakad sa iyong mga daan: ngayon nga'y lagyan mo kami ng isang hari upang humatol sa amin gaya ng lahat ng mga bansa. Nguni't hindi minabuti ni Samuel, nang kanilang sabihin, Bigyan mo kami ng isang hari upang humatol sa amin. At si Samuel ay nanalangin sa Panginoon. At sinabi ng Panginoon kay Samuel, Dinggin mo ang tinig ng bayan sa lahat ng kanilang sinasabi sa iyo; sapagka't hindi ikaw ang kanilang itinakuwil, kundi ***itinakuwil nila Ako, upang huwag Akong maghari sa kanila.*** (1 Sam. 8:1–7)

Nagpadala ang Diyos ng mensahe sa mga tao sa pamamagitan ng Kanyang propetang si Samuel na nagbibigay ng maraming dahilan kung

bakit hindi makabubuti para sa kanila na pagbigyan Niya ang kanilang kahilingan para sa isang hari. **Nakinig ba sila kay Samuel?**

> Nguni't tinanggihang dinggin ng bayan ang tinig ni Samuel; at kanilang sinabi, Hindi; kundi magkakaroon kami ng hari sa amin; Upang kami naman ay maging gaya ng lahat ng mga bansa, at upang hatulan kami ng aming hari, at lumabas sa unahan namin, at ipakipaglaban ang aming pakikipagbaka. (1 Sam. 8:19–20)

Paano tumugon ang Diyos sa pagpupumilit ng mga tao? "At sinabi ng Panginoon kay Samuel, Dinggin mo ang kanilang tinig, at lagyan mo sila ng isang hari" (t. 22). **Paano natin malalaman na binigyan sila ng Diyos ng isang hari sa galit?** Ang propetang si Oseas, sa pagbabalik-tanaw sa makasaysayang pangyayaring ito, ay nagbibigay sa atin ng pananaw ng Diyos sa papel na ginampanan Niya sa pagtupad sa kahilingan ng mga tao:

> Oh Israel, ***iyong nilipol ang iyong sarili;*** ngunit nasa akin ang iyong tulong. Ako ay magiging iyong hari: saan naroon ang iba na makapagliligtas sa iyo sa lahat ng iyong mga bayan? at ang iyong mga hukom na iyong sinabi, Bigyan mo ako ng isang hari at mga prinsipe? **Binigyan kita ng hari sa aking galit,** at inalis ko siya sa aking poot. (Os. 13:9–11, idinagdag ang pagbibigay-diin)

Malinaw na ipinakikita ng tatlong salaysay na ito sa banal na kasulatan na ang galit ng Diyos ay kasingkahulugan ng pagbibigay Niya sa mga Israelita ng kung ano ang gusto nila kahit na hindi para sa kanilang pinakamabuting interes na gawin Niya iyon. Ito ay dapat na sapat, kahit papaano, upang magmungkahi na ang galit ng Diyos ay maaaring tukuyin, mula sa Bibliya, bilang isang bagay na tiyak na naiiba sa kahulugan na matatagpuan sa diksyunaryo. Gayunpaman, mayroong higit pa rito. **Ano ang nangyari nang magalit si Jesus?**

> At Siya'y muling pumasok sa sinagoga; at may isang lalake doon na may tuyo na kamay. At binantayan nila Siya, kung pagagalingin Niya siya sa araw ng Sabbath; upang Siya'y kanilang akusahan. At sinabi Niya sa lalaking tuyo ang kamay, Tumayo ka. At sinabi Niya sa kanila, Matuwid ba ang gumawa

> ng mabuti sa mga araw ng Sabbath, o gumawa ng masama? ang magligtas ng buhay, o ang pumatay? Ngunit tumahimik sila. At nang tumingin Siya sa kanila sa palibotlibot na may galit, na nagdadalamhati sa katigasan ng kanilang mga puso, ay sinabi Niya sa lalaki, Iunat mo ang iyong kamay. At kaniyang iniunat: at ang kaniyang kamay ay gumaling na gaya ng isa. At nagsilabas ang mga Fariseo, at pagdaka'y nakipagsanggunian sa mga Herodiano laban sa Kaniya, kung paano nila Siya mapapapatay. (Marcos 3:1–6)

Ito ay isang pakikipagtagpo ni Jesus sa mga Pariseo. Ang kanilang legalistikong mga paghihigpit ay nagbabawal sa pagpapagaling sa araw ng Sabbath. Si Jesus, na binabasa ang kanilang mga puso, ay "tumingin sa kanila sa palibot na may galit." **Anong uri ng galit ang mayroon si Jesus?** Ang uri na inilarawan bilang ***"nagdadalamhati sa katigasan ng kanilang mga puso.***" Si Jesus ay dumaranas ng dalamhati o matinding kalungkutan sa kawalan ng pag-ibig at pakikiramay na ipinakita ng mga walang-awa na mga lider ng relihiyon para sa lalaking may tuyo na kamay. Ano pa ang matutuklasan natin sa Bibliya tungkol sa galit at poot ng Diyos?

> Sapagka't ***ang poot ng Dios ay nahahayag mula sa langit*** laban sa lahat ng kasamaan at kalikuan ng mga tao, na humahawak sa katotohanan sa kalikuan. (Rom. 1:18, idinagdag ang pagdidiin)

Paano nahahayag ang poot ng Diyos?

> Dahil dito'y sa karumihan ng mga pita ng kanilang mga puso ay ***ibinigay sila ng Dios sa kahalayan***, upang alisan nila ng puri ang kanilang mga katawan sa kanikanilang sarili: (Rom. 1:24, idinagdag ang pagdidiin)

> Dahil dito'y ***ibinigay sila ng Dios*** sa mga mahahalay na pita: (Rom. 1:26, idinagdag ang pagdidiin)

> At palibhasa'y hindi nila minagaling na kilalanin ang Dios, ***ibinigay sila ng Dios*** sa isang mahalay na pagiisip, upang gawin yaong mga bagay na hindi nangararapat; (Rom. 1:28, idinagdag ang pagdidiin)

Ang poot ng Diyos ay tinukoy dito bilang ***pagbibigay sa kanila*** o ***pagsuko sa kanila*** ng Diyos—sa madaling salita, binibigyan ng Diyos ang mga tao ng kalayaang humiwalay sa Kanyang sarili. Hindi ito ang poot ng mapaghiganting pagkawasak na madalas nating ibinibintang sa Diyos. Tingnan natin ang ilan pang mga talata sa Lumang Tipan.

> At ang bayan ay nangakatindig ng buong araw na yaon at ng buong gabi, at ng buong ikalawang araw, at nagsipanghuli ng mga pugo; yaong kaunti ang napisan ay nakapisan ng sangpung homer: at kanilang ikinalat para sa kanila sa buong palibot ng kampamento. Samantalang ang karne ay nasa kanilang mga ngipin pa, na hindi pa nila nangunguya ay nagningas laban sa bayan ang galit ng Panginoon at sinaktan ng Panginoon ang bayan ng isang salot na di kawasa. (Bil. 11:32–33)

Bumabalik tayo rito sa salaysay ng mga pugo na ibinigay ng Diyos sa mga tao sa pagkagalit. Nagkaroon ng likas na bunga ang katakawan ng mga tao: "Sinaktan ng Panginoon ang mga tao ng isang napakalaking salot."

Kapansin-pansin na ang toneladang sariwang karne ng pugo ay hindi magtatagal sa kapaligiran ng disyerto kung saan nagkampo ang mga Israelita. Ang karne ay mabilis na masisira kaya hindi ito angkop para sa pagkain ng tao. Kung isasaalang-alang ang katotohanang ito, anong uri ng salot ang malamang na naging bunga nito? Kung may tamang mikrobyo at tamang kondisyon, ang pagkalason sa pagkain ay isang nakamamatay na kapighatian: "At tinawag niya ang pangalan ng dakong iyon na Kibrothhattaavah [mga libingan ng pagnanasa]: sapagkat doon nila inilibing ang mga taong nagnanasa" (t. 34). Ano ang "galit ng Panginoon"? Hindi ba makatwirang sabihin na ang poot ng Diyos ay ang Kanyang hindi pakikialam sa isang pangyayaring sanhi at bunga?

> Kung magkagayo'y ang aking galit ay magaalab laban sa kanila sa araw na yaon, at Aking pababayaan sila, at Aking ikukubli ang Aking mukha sa kanila, at sila'y sasakmalin, at maraming kasamaan at kabagabagan ang darating sa kanila; na anopa't kanilang sasabihin sa araw na yaon, Hindi ba ang mga kasamaang ito ay dumating sa atin dahil sa ang ating Dios ay wala sa gitna natin? At ikukubli Ko nga ang Aking mukha sa

araw na yaon dahil sa buong kasamaang kanilang ginawa, sa paraang sila'y pumihit sa ibang mga dios. (Deut. 31:17–18)

Ano ang ibig sabihin kapag itinago ng Diyos ang Kanyang mukha? "Hindi ba ang mga kasamaang ito ay dumating sa atin, dahil ang ating Diyos ay wala sa gitna natin?" Ito muli ay wikang naglalarawan sa hindi pakikialam ng Diyos. Bakit sinabi ng Diyos na itatago Niya ang Kanyang mukha? "dahil sa buong kasamaang kanilang ginawa, na sila ay pumihit sa ibang mga diyos." At ano ang magiging resulta? "Sila ay lalamunin, at maraming kasamaan at kaguluhan ang darating sa kanila." Nang ang mga tao ay bumaling sa ibang mga diyos, tumalikod sila sa tunay na Diyos, at hindi Niya nagawang protektahan sila mula sa di-maiiwasang mga kahihinatnan.

At ginawa ng mga anak ni Israel ang masama sa paningin ng Panginoon, at naglingkod sa mga Baal. At kanilang pinabayaan ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga magulang, na naglabas sa kanila sa lupain ng Egipto, at sumunod sa ibang mga dios, sa mga dios ng mga bayan na nasa palibot nila, at sila'y yumukod sa mga yaon: at kanilang minungkahi ang Panginoon sa galit. At kanilang pinabayaan ang Panginoon, at naglingkod kay Baal at kay Astaroth. At ang galit ng Panginoon ay nagalab laban sa Israel, at kaniyang ibinigay sila sa kamay ng mga mangloloob na lumoob sa kanila; at kaniyang ipinagbili sila sa mga kamay ng kanilang mga kaaway sa palibot, na anopa't sila'y hindi makatayong maluwat sa harap ng kanilang mga kaaway. (Huk. 2:11–14)

Inilalarawan ng talatang ito ang patuloy na pagtalikod ng mga tao sa Panginoon. Dito, "ibinigay sila ng Diyos sa mga kamay ng mga manloloob" at "ibinenta sila sa mga kamay ng kanilang mga kaaway." Isa na naman itong pasibong tugon sa krisis. Dahil sa kanilang apostasya, hindi nagawang pigilan ng Diyos ang mga kaaway ng Israel na salakayin ang kanilang mga lupain.

Sapagka't sasaktan ng Panginoon ang Israel ng gaya ng isang tambo na gumagalaw sa tubig; at Kaniyang bubunutin ang Israel dito sa mabuting lupa na ibinigay sa kanilang mga magulang, at pangangalatin sila sa dako roon ng ilog; dahil sa kanilang ginawa ang kanilang mga Asera, na minungkahi ang

> Panginoon sa galit. At ***Kaniyang pababayaan*** ang Israel dahil sa mga kasalanan ni Jeroboam, na kaniyang ipinagkasala, at ipinapagkasala sa Israel. (1 Hari 14:15–16)

Dito ang galit (at paghampas) ng Diyos ay ang pagsuko sa tumalikod na Israel.

> Sapagka't minungkahi nila siya sa galit ng kanilang mga mataas na dako, at kinilos nila siya sa panibugho ng kanilang mga larawang inanyuan. Nang marinig ito ng Dios, ay napoot, at kinayamutang lubha ang Israel: Sa gayo'y kaniyang pinabayaan ang tabernakulo ng Silo, ang tolda na kaniyang inilagay sa gitna ng mga tao; At ibinigay ang kaniyang kalakasan sa pagkabihag, at ang kaniyang kaluwalhatian ay sa kamay ng kaaway. Ibinigay rin niya ang kaniyang bayan sa tabak; at napoot sa kaniyang mana. (Awit 78:58–62)

Dito ang kahulugan ng galit ay kinabibilangan ng: pagpapabaya, paghahatid sa pagkabihag, at pagsuko.

> Kaya't ang poot ng Panginoon ay nagningas laban sa Kaniyang bayan, na anopa't Kaniyang kinasusuklaman ang Kaniyang sariling mana. At ***ibinigay Niya sila*** sa kamay ng mga bansa; at silang napopoot sa kanila ay nangagpuno sa kanila. (Awit 106:40–41)

Ang poot ng Diyos ay inilarawan dito bilang pagbibigay sa kanila "sa kamay ng mga bansa."

> Sa kaunting pagiinit ay ikinubli Ko ang Aking mukha sa iyo sa isang sangdali; nguni't kinaawaan kita sa pamamagitan ng walang hanggang kagandahang-loob, sabi ng Panginoon, na iyong Manunubos. (Isa. 54:8)

Sa talatang ito, ang "kaunting pagiinit (poot)" ay tinukoy bilang pagtatago ng Diyos ng Kanyang mukha "sa isang sangdali," ngunit ang kabaitan at awa ng Diyos sa atin ay walang hanggan.

> At Akin kayong itatakuwil sa Aking paningin, gaya ng pagkatakuwil Ko sa lahat ninyong mga kapatid, sa buong binhi ni Ephraim. Kanila baga Akong minumungkahi sa galit? sabi ng Panginoon; hindi baga sila namumungkahi sa kanilang sarili sa

> ikalilito ng kanila ring mukha? kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Narito, ang Aking galit at ang Aking kapusukan ay mababuhos sa dakong ito, sa tao, at sa hayop, at sa mga punong kahoy sa parang, at sa bunga ng lupa: at masusupok, at hindi mapapatay. (Jer. 7:15, 19–20)

Nagtanong ang Diyos, "kanila baga Akong minumungkahi sa galit? … hindi baga sila namumungkahi sa kanilang sarili sa ikalilito ng kanila ring mukha?" Ang mga kaguluhan ng mga tao ay bunga ng kanilang idolatriya, hindi parusa mula sa Diyos.

> Iyong gupitin ang iyong buhok, Oh Jerusalem, at ihagis mo, at maglakas ka ng panaghoy sa mga luwal na kaitaasan; sapagka't itinakuwil at pinabayaan ng Panginoon ang lahi ng Kaniyang poot. (Jer. 7:29, idinagdag ang pagbibigay-diin)

Mayroong higit pang mga talata sa Bibliya na gumagamit ng katulad na terminolohiya, ngunit ang mga ito na ating napagmasdan ay sapat na upang makabuo ng isang nakakukumbinsing katwiran na ang poot ng Diyos ay hindi kailanman parusa mula sa Kanya. Binibigyan tayo ng Diyos ng kalayaan na tanggapin Siya o tanggihan Siya. Ang poot ng Diyos ay ang likas na kahihinatnan ng ating mga maling pagpili, kapag napilitan Siyang hayaan tayong sundin ang sarili nating daan.

Ang papel ng Diyos ay palaging pasibo, na tinutukoy bilang pagpapabaya, pagtatago ng Kanyang mukha, pagsuko, pagpapaubaya, pagbibigay at mga katulad na terminolohiya.

Sa Kanyang pagpapahayag sa harap ni Moises, hindi itinala ng Diyos ang poot o galit bilang mga katangian ng Kanyang pagkatao: "At ang Panginoo'y nagdaan sa harap niya, na itinanyag, Ang Panginoon, ang Panginoong Dios na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan; Na gumagamit ng kaawaan sa libolibo, na nagpapatawad ng kasamaan, at ng pagsalangsang, at ng kasalanan" (Ex. 34:6–7).

> At ang bayan ay nagsalita laban sa Dios at laban kay Moises: Bakit ninyo kami pinasampa mula sa Egipto, upang mamatay sa ilang? sapagka't walang tinapay at walang tubig; at ang aming kaluluwa ay nasusuya na sa manang ito. At ang Panginoon ay nagsugo ng mababangis na ahas sa gitna ng bayan, at kanilang

kinagat ang bayan: at maraming tao sa Israel ay namatay. (Bil. 21:5–6)

Sinasabi sa atin ng talatang ito na "ang Panginoon ay nagpadala ng makamandag na ahas" bilang tugon sa kanilang mga reklamo. Mula sa ebidensiya sa banal na kasulatan na ating sinuri sa ngayon, ano kaya ang naging pagkilos ng Diyos nang "ipadala" Niya ang mga ahas? Kaayon ng iba pang mga talata sa Bibliya na sinuri natin, napilitan ang Diyos dahil sa mapaghimagsik na kawalan ng pagpapasalamat ng mga tao na bigyan sila ng kalayaan mula sa Kaniyang pananggalang na pamamagitan para sa kanila.

Paano napunta roon ang mga maapoy na ahas sa simula pa lamang? "[Ang Panginoon mong Diyos] na Siyang pumatnubay sa iyo sa malaki at kakilakilabot na ilang na tinatahanan ng mga makamandag na ahas at mga alakdan, at uhaw na lupa, na walang tubig; na siyang naglabas sa iyo ng tubig mula sa batong pingkian" (Deut. 8:15, idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang mga makamandag na ahas ay naroon na noon pa man bilang isa sa maraming mga panganib na kahima-himalang pinoprotektahan ng Diyos ang mga Israelita sa malupit na kapaligirang iyon sa disyerto. Ang ulat na ito tungkol sa pagpapadala ng Diyos ng makamandag na mga ahas ay magiging problema lamang kung sa halip nito ay nagpadala ang Diyos ng mga gutom na osong puti.

Maraming mga ulat sa Bibliya tungkol sa pagpapadala ng Diyos ng mga sumasalakay na hukbo o ilang kalamidad laban sa mga tao. Sa pag-unawang ito, makatwirang mahihinuha natin na sa bawat salaysay sa banal na kasulatan kung saan nagpadala ang Diyos ng isang bagay na nakakapinsala, nangangahulugan ito na hindi napigilan ng Diyos na mangyari ito nang hindi nagiging tagamanipula ng mga pangyayaring sanhi at bunga. Hindi layunin ng Diyos, ni hindi Niya likas na katangian, na kontrolin ang mga gawain ng tao.

Kung magkagayo'y maninibugho ang Panginoon sa Kaniyang lupain, at maaawa sa Kaniyang bayan. Oo, sasagot ang Panginoon at sasabihin sa Kaniyang bayan, Narito, ako'y magpapadala sa inyo ng trigo, at ng alak, at ng langis, at kayo'y

> mabubusog niyaon: at hindi ko na kayo gagawing kakutyaan sa gitna ng mga bansa. (Joel 2:18–19)
>
> Sa gayo'y ang anghel na nakipag-usap sa akin ay nagsabi sa akin, Sumigaw ka, na iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo; Ako ay naninibugho para sa Jerusalem at para sa Sion na may malaking paninibugho. (Zac. 1:14)
>
> Sapagka't ako'y naninibugho sa inyo ng maka-Diyos na paninibugho: sapagka't kayo'y aking pinapagasawa sa isang asawa, upang maiharap ko kayo na parang isang malinis na dalaga kay Cristo. Datapuwa't natatakot ako, na baka sa anomang paraan, kung paanong dinaya ng ahas si Eva sa pamamagitan ng kaniyang katusuhan, ay masira ang inyong mga pag-iisip mula sa kasimplehan na kay Cristo. (2 Cor. 11:2–3)

Ang paninibugho ng Diyos ay ganap na hindi makasarili. Ang Diyos ay naninibugho para sa iba, hindi kailanman para sa Kanyang sarili.

> At ang galit ng Panginoon ay nagalab uli laban sa Israel, at Kaniyang kinilos si David laban sa kanila, na sinabi, Ikaw ay yumaon, iyong bilangin ang Israel at Juda. At sinabi ng hari kay Joab na puno ng hukbo, na kasama niya, Magparoo't parito ka nga sa lahat ng mga lipi ng Israel, mula sa Dan hanggang sa Beer-seba, at bilangin ninyo ang bayan, upang aking maalaman ang kabuoan ng bayan. At sinabi ni Joab sa hari, Ngayo'y dagdagan ng Panginoon mong Dios ang bayan, sa gaano man karami sila, ng makaisang daan pa; at makita ng mga mata ng aking panginoon na hari: nguni't bakit nalulugod ang panginoon ko na hari sa bagay na ito? Gayon ma'y ang salita ng hari ay nanaig laban kay Joab, at laban sa mga puno ng hukbo. At si Joab at ang mga puno ng hukbo ay nagsilabas mula sa harapan ng hari upang bilangin ang bayan ng Israel. (2 Sam. 24:1–4)

Nang bilangin ni David ang Israel ay ipinakita niya ang pagmamataas at kawalan ng tiwala sa Diyos sa pamamagitan ng pag-asa sa bilang ng tao at lakas ng militar upang protektahan ang Israel. Sa

katunayan, inalis nito ang walang dahas na proteksyon ng Diyos sa kanila, na iniwan silang mahina sa kanilang mga kaaway at iba pang mga banta. Kahit si Joab, na batikan sa labanan, ay nakakita ng panganib sa kahilingan ng hari na bilangin ang Israel at tinanong siya tungkol dito.

"Kinilos [ng Diyos] si David laban sa kanila." Posible bang magkaroon ng problema sa pag-unawa sa pahayag na ito ayon sa literal na pagkakasabi nito? Ang Diyos ba ay bumulong sa tainga ni David na bilangin ang Israel para magkaroon siya ng magandang dahilan para tumalikod sa kanila? Tingnan natin ang talatang ito sa liwanag ng ating natutunan sa ngayon tungkol sa mga aksyon ng Diyos.

Ang Diyos ay hindi gumaganap ng aktibong papel sa pagkawasak, at hindi Siya nag-uudyok ng kasamaan, ngunit may isang gumagawa nito. Posible ba, sa pangyayaring ito, na "kinilos" ng Diyos si David na bilangin ang Israel sa pamamagitan ng hindi pagpigil sa kanya na gawin iyon? At sobra na ba kung imumungkahi natin na hindi ang Diyos ang bumubulong sa tainga ni David kundi si Satanas? Paano natin malalaman? Mababasa natin ang tungkol sa pangyayaring ito sa aklat ng 1 Cronica: "At si ***Satanas*** ay tumayo laban sa Israel, at ***kinilos*** si David na bilangin ang Israel" (1 Cron. 21:1, idinagdag ang pagbibigay-diin).

Maaaring magtaka tayo kung bakit hindi na lamang tuwirang sinabi ng Bibliya nang eksakto kung ano ang nangyari sa bawat pangyayari sa loob ng mga pahina nito; hindi ba't sa pamamagitan nito ay magiging mas madali sana ang pag-aaral ng Bibliya? Oo, magiging mas madali nga. Gayunpaman, ang problema sa komunikasyon sa pagitan ng Diyos at ng sangkatauhan ay hindi kailanman dahil sa kakulangan ng pang-unawa ng Diyos, kundi dahil sa ating kakulangan. Ang Diyos, sa Kanyang karunungan, ay nagbibigay sa atin ng pagpipilian upang tanggapin o tanggihan ang katotohanan tungkol sa Kanya. Isinulat ang Bibliya taglay ang mahalagang prinsipyong ito sa isip. Kapag mayroon tayong pagkakataon na maunawaan ang nagliligtas na katotohanan tungkol sa Diyos at tinanggihan natin ito, ang higit pang liwanag ay lalo lamang magtutulak sa atin palayo sa Kanya. Ang panlabas na kalabuan ng Bibliya ay nagbibigay-daan sa salungat na interpretasyon para sa kadahilanang iyon. Wala sa karakter ng Diyos na kumbinsihin tayo, laban sa ating kalooban, na maniwala sa Kanya at sa Kanyang walang-pagkompromisong pag-ibig. Kasabay nito, ang Bibliya ay nagbibigay ng

maraming ebidensiya para sa mga naghahanap ng ating magiliw na Diyos na matagpuan Siya.

> *At inyong hahanapin Ako, at masusumpungan ninyo Ako,*
>
> *pagka inyong hahanapin Ako ng inyong buong puso.*
>
> — *Jeremias 29:13*

14

Paano Nakikipagdigma ang Diyos

Ang Diyos ay nakikipagdigma laban sa kasamaan sa pamamagitan ng katotohanan, pag-ibig, awa, at pagpapatawad.

> Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diablo; sapagka't buhat pa nang pasimula ay nagkakasala ang diablo. Sa bagay na ito'y nahayag ang Anak ng Dios, upang wasakin ang mga gawa ng diablo. (1 Juan 3:8)

Ang gawain ng diablo mula sa simula ng kanyang paghihimagsik ay magparatang at magsinungaling tungkol sa Diyos. Si Jesus, ang Anak ng Diyos, ay winasak ang gawain ng diablo sa pamamagitan ng pagpapakita na ang kanyang mga akusasyon laban sa Diyos ay kasinungalingan.

> Bakit hindi ninyo napaguunawa ang Aking pananalita? sapagka't hindi ninyo mangyayaring dinggin ang Aking salita. Kayo'y sa inyong amang diablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka't siya'y isang sinungaling, at ama nito. (Juan 8:43–44)

Pinagtibay ni Jesus na ang pangunahing sandata ng diablo ay ang paggamit niya ng mga kasinungalingan. "Di maaaring ang Dios ay magbulaan" (Heb. 6:18); nilalabanan Niya ang mga kasinungalingan ng diablo sa katotohanan.

> Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo. Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan. Dahil dito magsikuha kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y mangakatagal sa araw na masama, at kung magawa ang lahat, ay magsitibay. Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga

> baywang ay may bigkis na katotohanan, na may sakbat na baluti ng katuwiran, At ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan; Bukod dito ay taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya, na siyang ipapatay ninyo sa lahat ng nangagniningas na suligi ng masama. At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios: (Efe. 6:11–17)

Ipinakita sa atin ni Jesus ang paggamit ng baluti ng Diyos: ang mabuting balita ng katotohanan tungkol sa Diyos ("ang inyong mga baywang ay may bigkis na katotohanan"), ang Kaniyang katuparan ng katapatan sa tipan ("ang baluti ng katuwiran"), ang mensahe ng pakikipagkasundo sa ating Ama sa Langit ("ang ebanghelyo ng kapayapaan"), ang katiyakan ng pagiging mapagkakatiwalaan ng Diyos ("ang kalasag ng pananampalataya"), at ang pangako ng buhay na walang hanggan sa mga napalaya mula sa pagkaalipin kay Satanas at sa kanyang mga kasinungalingan ("ang turbante ng kaligtasan"). Hinihikayat din tayo na gamitin ang parehong sandata na ginamit ni Jesus—ang Salita ng Diyos ("ang tabak ng Espiritu").

> Huwag kayong mangaghigantihan, mga iniibig, kundi bigyan ninyong daan ang galit ng Dios: sapagka't nasusulat, Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon. Kaya't kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung siya'y mauhaw, painumin mo: sapagka't sa paggawa mo ng gayon ay mga baga ng apoy ang ibubunton mo sa kaniyang ulo. Huwag kang padaig sa masama, kundi bagkus daigin mo ng mabuti ang masama. (Rom. 12:19–21)

Ano ang paghihiganti ng Diyos? Dinadaig Niya ang kasamaan sa pamamagitan ng kabutihan, at inaanyayahan Niya ang Kanyang mga anak na gawin din iyon. Ang pakikitungo sa ating mga kaaway nang may kabaitan sa halip na sa paghihiganti ay inihahalintulad sa pagbunton ng "mga baga ng apoy" sa kanilang mga ulo. Ang pagganti laban sa isang kaaway ay ang madaig ng kasamaan. Gayunpaman, may paraan para mabisang madaig ang kasamaan — "sa kabutihan." Iyan ang paraan ng Diyos sa pakikipaglaban.

Nang magkagayo'y sinabi ni Jesus, Ama, patawarin mo sila; sapagkat hindi nila alam ang kanilang ginagawa. (Lucas 23:34)

Ang mga salita ni Jesus ay para sa ating kapakinabangan. Hindi kailangan ng Ama ng anumang panghihikayat para magpatawad. Ang problema ay wala sa Diyos, kundi sa atin. Iniisip natin na ang Diyos ay katulad natin. Nang sabihin ni Jesus ang mga salitang, "Ama, patawarin mo sila; sapagkat hindi nila alam ang kanilang ginagawa," nagsasalita Siya hindi lamang para sa mga nagpako sa Kanya sa krus; nagsasalita rin Siya para sa atin. Nais ng Diyos na malaman natin na nauunawaan Niya ang ating mahirap na kalagayan (hindi natin alam kung ano ang ating ginagawa); mahal pa rin Niya tayo nang walang pasubali at walang sawang gumagawa para iligtas tayo.

Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan.

— Galacia 5:22-23

15

Sodoma at Gomorra

Ang pagkawasak ng Sodoma at Gomorra ay itinuturing na klasikong halimbawa ng isang galit na Diyos na nagpapaulan ng kamatayan at pagkawasak sa masasamang tao. Kung isasaalang-alang natin ang ulat sa Bibliya ayon sa literal na pagkakasulat nito, ang lumilitaw na mangyayari ay ang sumusunod: Ang dalawang lunsod ay nasa isang maunlad na lugar ng agrikultura at kalakalan, at ang buhay ay nagiging medyo madali para sa mga naninirahan. Ang mga tao ay may maraming oras sa paglilibang at ang di-makadiyos na mga gawain ay nagiging pangkaraniwan. Ang Diyos ay tumitingin mula sa langit at nagalit sa tindi ng kanilang kasamaan. Pinipigilan Niyang gumawa ng anumang aksyon nang ilang sandali, ngunit ang kasamaan sa wakas ay naging napakasama na ang pasensya ng Diyos ay naubos. Nagpadala Siya ng babala sa matuwid na si Lot at sa kaniyang pamilya na lisanin ang Sodoma. Pagkatapos, sa isang kamangha-manghang pagpapakita ng poot, nagpaulan ang Diyos ng apoy at asupre mula sa langit. Ang mga kalalakihan, kababaihan, at mga bata ay nakatagpo ng isang kakila-kilabot na kamatayan. Ang Sodoma at Gomorra ay nilipol, at ang paghihiganti ng Diyos ay nasiyahan.

Ngayon, tingnan natin muli ang kaparehong pangyayaring ito na may pag-unawa na ang Diyos ay hindi gumaganap ng aktibong papel sa pagkawasak. Isipin ang dalawang lungsod na may mga makasariling mga maninirahan na nagtatamasa ng kanilang kasaganaan at kasiyahan: “Narito, ito ang kasamaan ng iyong kapatid na Sodoma, kapalaluan, kasaganaan ng tinapay, at kasaganaan ng katamaran ay nasa kaniya at sa kaniyang mga anak na babae, ni hindi niya pinalakas ang kamay ng dukha at nangangailangan” (Ezek. 16:49). Ang mga tao ay walang kamalayan na sa ilalim ng kanilang mga lungsod (na nakatayo sa isang lugar na hindi matatag ang lupa) ay namumuo ang mga puwersang bulkaniko (Tingnan ang Genesis 14:10). Hindi rin nila alam na ang di-nakikitang Diyos, na kanilang itinatakwil, ay Siya rin namang Diyos na, hanggang sa panahong ito, ay nagprotekta sa kanila mula sa kapahamakan. Dumating sa wakas ang araw na dapat kilalanin ng Diyos ang kanilang pagnanais na magsarili mula sa Kanya. Upang itaguyod ang kanilang kalayaan, nag-aatubili Niya silang pinakawalan, iniwan silang

walang proteksiyon mula sa mga puwersa ng kalikasan na wala sa Kanyang kontrol. Ang mga bitak sa ilalim ng ibabaw ng lupa ay bumuka paitaas na nagbubuga ng tunaw na bato ng libu-libong talampakan sa hangin at nagpaulan ng "azufre at apoy mula sa PANGINOON mula sa langit" (Gen. 19:24), na winasak ang Sodoma at Gomorra sa loob ng ilang minuto.

Ang ginawa ng Diyos sa pagwasak sa dalawang lungsod ay ang pagbibigay sa mga naninirahan ng tunay na kalayaan—kabilang ang kalayaang gumawa ng mga pagpiling may kapaha-pahamak na kahihinatnan: "Aking tinatawag ang langit at ang lupa na pinakasaksi laban sa inyo sa araw na ito, na Aking inilagay sa harap mo ang buhay at ang kamatayan, ang pagpapala at ang sumpa; kaya't piliin mo ang buhay, upang ikaw ay mabuhay, ikaw at ang iyong binhi; Na iyong ibigin ang Panginoon mong Dios, na sundin ang Kaniyang tinig, at lumakip sa Kaniya: sapagka't Siya ang iyong buhay, at ang kalaunan ng iyong mga araw" (Deut. 30:19–20).

Ang sakit, aksidente, kamatayan, digmaan, natural na sakuna, at iba pa ay nangyayari sa maraming dahilan. Kadalasan tayo ay direktang may pananagutan, kung minsan ay si Satanas, at kung minsan ang mga puwersa ng kalikasan pagkatapos ng baha ang dapat sisihin. Mas madalas ang ilang kumbinasyon ng mga dahilang nag-aambag ay kasangkot. Dahil hindi natin malinaw na makita kung bakit naganap ang isang partikular na pagkakataon ng pagdurusa, hilig nating sisihin ang Diyos. Makatarungan ba iyon? Ito ba ay makatwiran? Ang ating pagkahilig na ilipat ang sisi sa iba ay matagal na nating nakasanayan. Kailan at saan nagsimula ang pag-iwas sa responsibilidad na ito? "At sinabi ng lalake, Ang ***babae*** na ***Iyong*** ibinigay na kasama ko, ay nagbigay sa akin ng bunga ng puno, at ako'y kumain. At sinabi ng Panginoong Dios sa babae, Ano itong iyong ginawa? At sinabi ng babae, Dinaya ako ng ***ahas***, at kumain ako" (Gen. 3:12–13, idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang Iyong kagandahang-loob, Oh Panginoon, ay nasa mga langit: ang Iyong pagtatapat ay umaabot hanggang sa

langit. Ang Iyong katuwiran ay gaya ng mga bundok ng Dios: ang Iyong mga kahatulan ay dakilang kalaliman: Oh Panginoon, Iyong iniingatan ang tao at hayop. Napakahalaga ng Iyong kagandahang-loob, Oh Dios! At ang mga anak ng mga tao ay nanganganlong sa ilalim ng Iyong mga pakpak.

— Awit 36:5–7

16

Paano Naman ang Baha?

Paano naman ang baha noong panahon ni Noe? Kung hindi ang Diyos ang mapangwasak, ano ang nangyari na nagdulot ng pinakamalaking sakuna sa ating mundo? Anong ebidensiya ang masusumpungan natin sa Bibliya at sa iba pang mapagkukunan upang magbigay sa atin ng makatuwirang paliwanag kung ano ang naging sanhi ng malawakang pagbaha na ito sa buong daigdig?

> At sinabi ng Panginoon, Ang Aking Espiritu ay hindi makikipagpunyagi sa tao magpakailan man, sapagka't siya ma'y laman: gayon ma'y magiging isang daan at dalawang pung taon ang kaniyang mga araw. (Gen. 6:3)

Lumilitaw na ang Diyos ay tumitingin sa panahon ng kinabukasan kung kailan ang sangkatauhan ay ilalayo ang kanilang sarili nang napakalayo sa Kanya anupat mapipilitan Siyang bitawan sila sa pamamagitan ng pagluwag ng Kanyang mapag-alalay na hawak sa mga puwersa ng kalikasan. Maaaring magtaka tayo kung ano ang nagtulak sa Kanya na bumitaw. Gumawa ba ang Diyos ng kalkuladong desisyon na gawin iyon, o may isa pang dahilan na kasangkot?

Isipin na mayroon kang isang kapitbahay na may ilang mga personal na problema. Nahihirapan siya sa pananalapi, may ilang mga isyu sa kalusugan, at hindi makalakad nang higit sa ilang bloke mula sa bahay. Higit pa rito, wala siyang sariling sasakyan, kaya nahihirapan siyang gawin ang kanyang mga lakarin at matugunan ang kanyang mga pangangailangan.

Isang araw, sa pakikipag-usap sa kanya, nalaman mo ang kanyang kakulangan sa transportasyon at nag-alok na ihatid siya sa grocery store at iba pang mga lokasyon. Sa sumunod na ilang mga buwan, pinapasakay mo siya sa iyong sasakyan papunta sa mga appointment ng doktor, sa parmasya, at supermarket. Mukhang gumagana nang maayos ang kaayusan na ito, at nalulugod kang tulungan siya.

Pagkatapos, isang mainit na araw ng tag-araw, ang parehong kapitbahay na ito ay sumulpot sa iyong pintuan na tila balisang-balisa at

hinihiling sa iyo na ihatid siya sa isang bangko sa kabilang bayan. Napansin mong may bitbit siyang paper bag, ski mask, at parang baril na nakabalot sa medyas. Ano ang gagawin mo? Kukunin mo ba ang iyong mga susi ng kotse at masayang nagmamadaling lumabas ng pinto upang ihatid ang iyong kaibigan sa kanyang destinasyon at pabalik?

Lahat tayo ay may mga limitasyon na ayaw nating tawirin. Ang mga limitasyong ito ay tumutukoy sa mga isyu sa moral, etikal, at personal na hangganan. Hindi ba makatwirang paniwalaan na ang Diyos ay mayroon ding mga limitasyong hindi Niya tatawirin—o ***hindi Niya*** kayang tawirin?

> At nakita ng Panginoon na mabigat ang kasamaan ng tao sa lupa, at ang buong haka ng mga pagiisip ng kaniyang puso ay pawang masama lamang na parati. At sumama ang lupa sa harap ng Dios, at ang lupa ay napuno ng karahasan. At tiningnan ng Dios ang lupa, at, narito sumama; sapagka't pinasama ng lahat ng tao ang kanilang paglakad sa ibabaw ng lupa. At sinabi ng Dios kay Noe, Ang wakas ng lahat ng tao ay dumating sa harap Ko; sapagka't ang lupa ay napuno ng karahasan sa pamamagitan nila; at, narito, sila'y Aking lilipuling kalakip ng lupa. (Gen. 6:5, 11–13)

Ano ang kalagayan ng ating mundo bago ang baha? Inihayag ng Diyos kay Noe, "ang lupa ay napuno ng karahasan sa ***pamamagitan nila"*** (t. 13, idinagdag ang pagdidiin). Dahil sa karahasan ng sangkatauhan, ang ***lupa mismo ay nag-imbak*** ng karahasan. Ang mga di-pangkaraniwang marahas na pwersa ay malapit nang ilabas sa paparating na sakuna. Ang lipunan ng tao ay nasa moral na pagbagsak: "At ang Diyos ay tumingin sa lupa, at, narito, ito ay masama; sapagkat pinasama ng lahat ng laman ang kanyang lakad sa ibabaw ng lupa."

Ilang tapat na tagasunod ang mayroon ang Diyos sa partikular na madilim na panahong ito sa kasaysayan? Si Noe lamang ang binanggit sa Bibliya. Ano ang nagdulot ng malungkot na kalagayang ito? Ang mga iniisip ng sangkatauhan ay "pawang masama lamang na parati." Paano binibigyang kahulugan ng Bibliya ang kasamaan? Nang kainin nina Adan at Eba ang bunga ng "puno ng pagkakilala ng mabuti at masama" (Gen. 2:17), ang pagbabago ng kanilang isip tungkol sa kabutihan ng Diyos ay sakdal na naglalarawan kung ano ang kasamaan. Ang baluktot na larawan

ng ating unang mga magulang tungkol sa ating magiliw na Diyos ay ang minana ng mundo. Iniisip ng mararahas na mga naninirahan sa daigdig bago ang baha na sinasang-ayunan ng Diyos ang kanilang karahasan. Ano ang tugon ng Diyos? “Nalumbay Siya sa Kanyang puso” (Gen. 6:6).

Itinulak ng sangkatauhan ang Diyos hanggang sa linyang hindi Niya matawid nang hindi Siya magiging sangkot mismo sa karahasan nang hindi Niya sinasadya. Napilitan ang Diyos na luwagan ang Kanyang hawak sa natural na mundo. Nang matapos ang 120-taong yugto, at ang mga pasahero ay ligtas nang nasa arka, nagsimulang pumatak ang ulan, na bumuhos nang malakas sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi. Ano ang nagpasimula sa napakalaking bahang ito? Nakakita tayo ng mahahalagang pahiwatig sa unang kabanata ng Genesis:

> At sinabi ng Dios, Magkaroon ng isang kalawakan sa gitna ng tubig, at mahiwalay ang tubig sa kapuwa tubig. At ginawa ng Dios ang kalawakan, at inihiwalay ang tubig na nasa ilalim ng kalawakan sa tubig na nasa itaas ng kalawakan: at nagkagayon. At tinawag ng Diyos ang kalawakan na Langit. (Gen. 1:6–8)

Ano ang kalawakan? Ang kalawakan ay nangangahulugang isang malawak na espasyo, isang arko, o isang simboryo. Ang simboryo ay tumutukoy sa isang takip sa ibabaw ng lupa na nakabitin o nakapirmi sa langit o atmospera. Ang sipi ay nagpatuloy upang ilarawan ang simboryo na ito bilang naghihiwalay sa mga tubig, na may malaking dami ng tubig sa itaas ng simboryo.

Isang napakalaking takip ng singaw ng tubig sa atmospera ang pumaligid sa buong mundo tulad ng isang napakalaking greenhouse na nagbibigay sa ating mundo ng pantay at banayad na klimang tropikal mula sa North Pole hanggang sa South Pole. Natagpuan ang mga fosilisadong labi ng mga halaman at hayop sa mainit-init na klima sa mga polar na rehiyon na nagbibigay ng katibayan na ang gayong klima ay dating umiral sa ating planeta. Nagbibigay din ang Bibliya ng isa pang mahalagang pahiwatig tungkol sa klima ng lupa noong mga unang araw:

> Ito ang mga sali’t saling lahi ng langit at ng lupa nang sila’y lalangin, sa araw na ginawa ng Panginoong Dios ang lupa at ang langit, At ang bawa’t halaman sa parang bago ito nasa lupa, at ang bawa’t damo sa parang bago ito tumubo: sapagka’t ang

> Panginoong Dios ay hindi nagpaulan sa ibabaw ng lupa, … Nguni't may umaahon na ulap mula sa lupa, at dinilig ang buong ibabaw ng lupa. (Gen. 2:4–6)

Ang mga talatang ito ay nagmumungkahi ng isang daigdig na ibang-iba sa mundong pamilyar sa atin ngayon. "Ang Panginoong Dios ay hindi nagpaulan sa ibabaw ng lupa … Kundi may umahon na ulap mula sa lupa, at dinilig ang buong ibabaw ng lupa." Ang lupa ay may mamasa-masa ngunit mainit-init at bukod tanging pantay na klima, na walang biglaang pagbabago sa temperatura. Sa ganoong kapantay na temperatura, walang mga bagyo, walang buhawi, walang ipo-ipo, walang graniso, o niyebe, at tila walang ulan. Malamang din na ang ibabaw ng lupa mismo ay mas patag kaysa sa ngayon, na walang matataas na bundok o malalim na mga kanyon sa dagat. Bilang karagdagan, higit na kakaunting ibabaw ng daigdig ay natatakpan ng tubig.

Ano ang nagpanatili sa lahat ng tubig na nakalutang sa atmospera, at ano ang mekanismo na nagbunsod sa pagsisimula ng malaking baha? Alam natin sa simpleng pagmamasid na ang init ay nagiging sanhi ng pagtaas ng tubig. Ang tubig na pinainit sa isang takure sa kalan ay lumalabas sa bugahan nito bilang pagsingaw. Ang mga anyong tubig sa ating planeta ay naglalabas ng napakalaking dami ng mga molekula ng tubig araw-araw. Kapag mas maraming init ang ilapat, mas mabilis silang sumingaw. Medyo kakaunting molekula ng tubig ang sumisingaw mula sa ibabaw ng isang nagyelo na lawa sa kalagitnaan ng taglamig kumpara sa isang mainit na araw ng tag-araw.

Paano kung mayroong mas matinding enerhiya ng init na magagamit bago ang baha; hindi ba't mas nakasuporta sana yaon ng mas maraming tubig sa atmospera? Nakukuha ng ating mundo ang halos lahat ng enerhiya ng init nito mula sa ating araw. Kung wala ito, ang ating mundo ay lubhang magyeyelo, na may temperatura sa ibabaw na papalapit sa ganap na zero.

Nang likhain ng Diyos ang ating daigdig, pinaandar Niya ang isang kamangha-manghang tumpak na sistema ng enerhiya ng init na kayang suspindihin ang napakalaking dami ng tubig sa atmospera. Ang araw ay isang pangunahing mekanismo sa pagpapatakbo ng sistemang ito. Makatuwiran din na paniwalaan na ang araw bago ang baha ay naglalabas ng mas matinding init kaysa ngayon. Kung totoo ito,

makatuwirang paniwalaan na noong napilitan ang Diyos na luwagan ang Kanyang pagkakahawak sa natural na mundo, naapektuhan ang kakayahan ng araw na magbigay ng enerhiya.

Ang maselang balanse sa atmospera ay nagambala, at "Nang ikaanim na raang taon ng buhay ni Noe, sa ikalawang buwan, sa ikalabing pitong araw ng buwan, nang araw ding iyon ay nasira ang lahat ng bukal ng kalaliman, at ang mga dungawan ng langit ay binuksan. At umulan sa lupa ng apatnapung araw at apatnapung gabi" (Gen. 7:11–12). Ang mga unang patak ng ulan sa kasaysayan ay nagsimulang bumagsak, sa kalaunan ay bumuhos ng libu-libong milya kubiko ng tubig sa lupa.

Ang kawalang-tatag ng heolohikal ay kasabay ng kawalang-tatag ng atmospera na nagdulot ng pagtaas ng presyon ng tubig sa mga imbakan ng tubig sa ilalim ng lupa: "Nang araw ding iyon ay nasira ang lahat ng bukal ng malaking kalaliman" (Gen. 7:11). Ang mga "bukal" na ito ay nag-ambag ng maraming karagdagang tubig baha.

Ang walong tao lamang sa arka ang nakaligtas sa baha: si Noe at ang kanyang pamilya. Maraming uri din naman ng hayop ang nakasakay sa napakalaking barko para sa layuning muling paramihin ang populasyon ng bawat uri ng hayop sa mundo pagkatapos ng baha.

Ang mga fosilisadong labi ng arka ay iniingatan sa isang pambansang parke na nakatuon sa lugar ng arka sa Eastern Turkey, malapit sa maliit na lungsod ng Dogubayazit. Ang pambihirang arkeolohikal na pagtuklas na ito, sa kabundukan ng Ararat, ay matibay na katibayan na ang ulat sa Bibliya tungkol sa malaking baha ay hindi isang pabula, kundi mapagkakatiwalaang kasaysayan ng nag-iisang pandaigdigang natural na sakuna:

> At ang tubig ay bumalik na palagi mula sa lupa: at pagkatapos ng isang daan at limang pung araw ay humupa ang tubig. At ang arka ay huminto sa ikapitong buwan, sa

ikalabing pitong araw ng buwan, sa ibabaw ng mga bundok ng Ararat.

— *Genesis 8:3–4*

17

Ang Patotoo ng Krus

Sa pamamagitan ng tamang pag-unawa sa mga aksyon ng Diyos sa Lumang Tipan, natitiyak natin na hindi Siya naninira—anuman ang mga pangyayari. Gayunpaman, ang pinakamatibay na katibayan na ang Diyos ay hindi lumalapit sa makasalanan upang sirain siya ay matatagpuan sa Bagong Tipan.

Ang paniniwala na si Jesus ay namatay para sa atin sa krus ay halos unibersal sa mga estudyante ng Bibliya, bagama't may magkakaibang mga pananaw kung paano tayo iniligtas ng kamatayan ni Jesus. Gayunpaman, naniniwala ang karamihan na noong namatay si Jesus sa krus, naranasan Niya ang nakatakdang mararanasan natin kung wala ang Kanyang pagsasakripisyo sa sarili para sa atin.

Kung totoo ito, aasahan natin na si Jesus ay namatay sa parehong paraan na kailangan nating mamatay na may kaugnayan sa kung ano ang "ginagawa" ng Diyos upang magdulot ng kamatayan. Kung naniniwala tayo na ang Diyos ang pumupuksa sa makasalanan, aasahan din natin na ang Diyos na Ama ay lumapit kay Jesus para patayin Siya. Ito ba ang nahanap natin? Ang ebanghelyo ni Mateo ay nagbibigay ng isang detalyadong ulat ng pagpapako kay Kristo sa krus. Ano ang mga huling salita ni Jesus ilang sandali bago Siya mamatay? "Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako ***pinabayaan***?" (Mat. 27:46, idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang talatang ito ay naghahayag kung paano namatay si Jesus. Pinahintulutan ng Diyos Ama na maranasan ng Kanyang Anak ang mararanasan ng bawat taong tumatanggi sa Kanyang pag-ibig sa bandang huli—ang paghihiwalay mula sa Kanya, ang Tagapagbigay-Buhay. Hindi pinatay ng Diyos Ama si Jesus—ang ating kasalanan ang pumatay sa Kanya: "Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan" (Rom. 6:23). Ang kasalanan mismo ay ganap na kayang magdulot ng kamatayan, nang walang tulong mula sa Diyos. Ang lahat ng buhay ay mula sa Diyos na walang mga eksepsiyon. Ang lahat ng kamatayan ay bunga ng kasalanan na walang mga eksepsiyon. Ang isipin na ang Diyos ang pinagmumulan ng kamatayan ay hindi makatwiran—na walang eksepsiyon.

Hindi posible sa maliit na tomo na ito na suriin ang bawat ulat ng pagkawasak at pagdurusa na iniuugnay sa Diyos. Gayunpaman, ang mga sipi na ating sinuri ay isang susi sa tamang pagkaunawa sa papel ng Diyos sa kamatayan at mga sakuna sa Bibliya. Binibigyang-kahulugan ng Bibliya ang Bibliya. Kapag hinawi ng banal na kasulatan ang kurtina sa isang partikular na sipi upang linawin kung ano ang mga aksyon ng Diyos, magagamit natin iyon bilang isang susi upang maunawaan ang iba pang mga talata na hindi gaanong malinaw (tulad ng kapag ang dalawang talata sa Bibliya ay tila magkasalungat sa isa't isa). Bilang karagdagan, ang mga salita ng Diyos tungkol sa Kanyang sarili ay karapat-dapat sa espesyal na pagsasaalang-alang, halimbawa: "Ako ang PANGINOON, hindi Ako nagbabago" (Mal. 3:6). Sa wakas, ang katotohanan tungkol sa Diyos, na itinuro at ipinakita ni Jesus, ay isang tumpak na mapa ng daanan para sa pagbibigay ng direksiyon sa buong Bibliya mula Genesis hanggang Apocalipsis.

Upang si Kristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya; upang kayo, palibhasa'y nakaugat at nakasalig sa pag-ibig, ay makaunawa kasama ng lahat ng mga banal kung ano ang luwang, at haba, at lalim, at taas; At makilala ang pagibig ni Cristo na di masayod ng kaalaman, upang kayo'y mangapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Dios.

— Efeso 3:17–19

18

Ang Diyos ay Hindi Malupit

May napakagandang balita para sa lahat na nalantad sa doktrina ng walang hanggang nagniningas na impiyerno. Ang doktrinang ito ay hindi sinusuportahan ng masusing pag-aaral ng Bibliya. Inilalarawan ng Kasulatan ang kamatayan bilang isang walang malay na estado. Ito ay pansamantalang pagtulog na tatagal lamang hanggang sa muling pagkabuhay. Pagkatapos ng panahong iyon, lahat ng lumaban sa pakikipagkasundo sa Diyos ay mag-aani, bilang natural na kahihinatnan, ng walang hanggang kawalan.

Upang makahanap ng suporta para sa isang nagniningas na lugar ng pagdurusa sa Bibliya, dapat nating gawin ito sa pamamagitan ng pagbasa nang literal sa mga salitang sinadya upang maging simboliko. Ang salitang ***apoy*** ay maaaring magkaroon ng literal o simbolikong kahulugan. Sa aklat ni Daniel, nang ihagis ni Nabucodonosor sina Sadrach, Mesach, at Abednego sa nagniningas na hurno, maliwanag na ito ay literal na apoy na kanilang naranasan. Nang si Juan Bautista, na nagbibinyag sa tubig, ay nagsabi na si Kristo ay magbibinyag sa Banal na Espiritu at sa apoy, maliwanag na hindi literal na apoy ang tinutukoy niya, kundi ginamit niya ang salitang apoy sa matalinghagang paraan.

"Ang ating Diyos ay apoy na tumutupok," at "Ang Diyos ay pag-ibig" (Heb. 12:29, 1 Juan 4:16). Magkasalungat ba ang dalawang tiyak na pahayag na ito tungkol sa Diyos? Magkasalungat lamang ang mga ito kung iisipin natin na literal na apoy ang apoy. Ang apoy ay isang kemikal na reaksyon. Ang Diyos ba ay isang kemikal na reaksyon? Ang mga pahayag na ito ay lubos na magkakasuwato kung nauunawaan natin ang epekto ng pag-ibig ng Diyos sa isang tao. Ang pag-ibig ng Diyos ay tumutupok ng pagkamakasarili. Ang pagiging makasarili ay kabaligtaran ng tunay na pag-ibig. Kung tayo ay bukas sa pag-ibig ng Diyos, ang parehong pag-ibig na iyon ay darating sa atin na tutupukin ang nakamamatay na pagkamakasarili sa ating mga puso. Ito ay isang karanasang nagbibigay-buhay.

Kung lalabanan natin ang pag-ibig ng Diyos at sa halip ay kakapit sa sarili nating pagkamakasarili, ang pag-ibig ding iyon ay magiging dahilan

ng pagdurusa. Sisikapin nating lumayo rito at tumakas o magtago sa Diyos. Iyan ang karanasan nina Adan at Eba pagkatapos nilang paniwalaan ang kasinungalingan ng ahas tungkol sa Diyos. Kung maunawaan sa ganitong paraan, makikita natin na ang pag-ibig ng Diyos ay ang apoy na tumutupok.

Ang talinghaga ni Jesus tungkol sa taong mayaman at kay Lazaro ay kung minsan ginagamit upang suportahan ang doktrina ng isang literal na lugar ng pagdurusa:

> Mayroon ngang isang taong mayaman, at siya'y nagdaramit ng kulay ube at maselang lino, at sa araw-araw ay kumakain ng sagana: At isang pulubi na ang pangala'y Lazaro, lipos ng mga sugat, ay inilalagay sa kaniyang pintuan, At naghahangad na mapakain ng mga mumo na nangahuhulog mula sa dulang ng mayaman; oo, at lumapit pati ang mga aso at hinihimuran ang kaniyang mga sugat. At nangyari, na namatay ang pulubi at siya'y dinala ng mga anghel sa sinapupunan ni Abraham: at namatay naman ang mayaman, at inilibing. At sa impiyerno ay itiningin niya ang kaniyang mga mata, palibhasa'y nasa mga pagdurusa, at natanaw si Abraham sa malayo, at si Lazaro ay nasa kaniyang sinapupunan. At siya'y sumigaw at sinabi, Amang Abraham, maawa ka sa akin, at suguin mo si Lazaro, upang itubog niya sa tubig ang dulo ng kaniyang daliri, at palamigin ang aking dila; sapagka't naghihirap ako sa alab na ito. Datapuwa't sinabi ni Abraham, Anak, alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayon ding paraan ay masasamang bagay: datapuwa't ngayon, ay inaaliw siya rini, at ikaw ay nasa kahirapan. At bukod sa lahat ng ito, ay may isang malaking banging nakalagay sa pagitan namin at ninyo, upang ang mga magibig tumawid buhat dini hanggang sa inyo ay hindi maaari, at gayon din walang makatawid mula diyan hanggang sa amin. At sinabi niya, Ipinamamanhik ko nga sa iyo, ama, na suguin mo siya sa bahay ng aking ama; Sapagka't ako'y may limang kapatid na lalake; upang sa kanila'y patotohanan niya, baka pati sila'y mangaparito sa dakong ito ng pagdurusa. Datapuwa't sinabi ni Abraham, Nasa kanila si Moises at ang mga propeta; bayaang sila'y pakinggan nila. At sinabi niya, Hindi amang Abraham: datapuwa't kung ang isang mula sa mga patay ay

> makaparoon sa kanila, sila'y mangagsisisi. At sinabi niya sa kaniya, Kung di nila pinakikinggan si Moises at ang mga propeta, ay di rin mangahihikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay. (Lucas 16:19–31)

Sinabi ni Jesus ang talinghagang ito upang ilarawan ang epekto ng pagiging makasarili at kawalang-interes sa isang tao. Si Jesus ay nakikipag-usap sa mapagmatuwid-sa-sarili na mga Pariseo, at ibinalot Niya ang Kanyang talinghaga sa karaniwang mga maling kuru-kuro tungkol sa kabilang buhay.

Iniugnay ng mga Hudyo ang kayamanan sa pagpapala ng Diyos. Sa kanilang isipan, ang isang dukha, lalo na ang isang may pisikal na paghihirap, ay isinumpa ng Diyos; ang pag-iisip ay na ang tao ay karapat-dapat sa kanyang kapalaran sa buhay dahil sa ilang espirituwal na kakulangan o kasalanan. Ang mayamang tao, sa kabilang banda, ay tiyak na may pantanging pabor ng Diyos. Ang kayamanan o katayuan ng isang tao, sa paraan ng pag-iisip ng mga Pariseo, ay isang sukatan ng kanilang tamang katayuan sa harap ng Diyos. Ibinigay sa kanila ni Jesus ang talinghagang ito upang ilantad ang kamalian ng makitid at malupit na pananaw na ito.

Una ay titingnan natin ang ilang mga detalye ng kuwento. Pagkamatay niya, nasumpungan ni Lazaro, ang pulubi, ang kaniyang sarili na komportableng nakalagay sa "sinapupunan ni Abraham." Ang mayaman ay namamatay din at napupunta sa impiyerno na nagdurusa ng pahirap; tumingala siya at nakita sina Abraham at Lazaro sa malayo. Isang pag-uusap ang sumunod sa pagitan ng mayaman at ni "Amang Abraham."

Ngayon ay maingat nating suriin ang kuwentong ito sa pamamagitan ng pagtatanong ng ilang maalalahaning tanong:

- Saan matatagpuan sina Abraham at Lazaro sa kuwento?
- Kung sina Abraham at Lazaro ay nasa langit o paraiso, paano posibleng makipag-usap si Abraham sa mayaman na nasa impiyerno, at paano sila makikita ng mayaman?
- Kung sina Abraham at Lazaro ay nasa impiyerno, ano ang ginagawa nila doon?

- Kung sina Abraham at Lazaro ay wala sa langit o impiyerno, nasaan sila?
- Gaano kalaking kaginhawahan ang maibibigay ng ilang patak ng tubig sa dila sa isang taong pinahihirapan sa maapoy na impiyerno?
- Nakikita kaya ni Lazaro ang taong mayaman na pinahihirapan sa impiyerno at naririnig ang kanyang mga pagsusumamo?
- Paano inaaliw si Lazaro sa sinapupunan ni Abraham?
- Naaaliw ba si Lazaro sa kabila ng maliwanag na pagkaalam niya sa pagdurusa ng mayaman o dahil dito?
- Hinihimok ba si Lazaro na magkaroon ng malupit na kawalang-pakialam sa mayaman ngayong baligtad ang kanilang mga kalagayan?
- Gaano kalawak ang "malaking bangin" na pumipigil sa paglalakbay sa pagitan ng dalawang lokasyon?
- Gaano kalawak ang malaking agwat na ito upang maiwasan ang komunikasyon sa pagitan ng impiyerno at ng kinaroroonan nina Abraham at Lazaro?
- Gaano kaya kalawak ang malaking bangin na ito upang maiwasang mabatid ang pagdurusa ng mga pinahihirapan sa impiyerno ng mga nasa komportableng bahagi ng bangin? Tatlong daang yarda? Tatlong daang milya? Sapat ba ang lawak ng sansinukob?
- Makatuwiran bang isiping sinusuportahan ni Jesus ang doktrina ng walang-hanggang nagniningas na impiyerno dahil gumamit si Jesus ng pagbanggit sa impiyerno sa talinghaga tungkol sa taong mayaman at kay Lazaro?

Hindi ba't tila mas makatwirang isipin na dinala ni Jesus ang konsepto ng isang nagniningas na lugar ng pagdurusa sa Kanyang talinghaga upang iwaksi ang nakakatakot na doktrinang ito sa halip na i-endorso ito? Itinuro ni Jesus na imposible para sa mga mababuhay sa buong kawalang-hanggan na magkaroon ng perpektong kapayapaan at tunay na kaligayahan kung mayroong literal na impiyerno saanman sa sansinukob.

Ang doktrina na mayroong walang hanggang lugar ng pagdurusa ay isang kasinungalingan ni Satanas na naglalarawan sa ating maamo,

maawain, mapagpatawad, at mapagmahal na Diyos bilang pinakamasamang malupit na maiisip, at sadyang ginawa upang itaboy tayo palayo sa ating Ama sa Langit. Hindi kailanman magkakaroon ng lugar ng walang hanggang pagdurusa. Ang Bibliya sa halip ay nagsasalita tungkol sa isang araw na darating na ang lahat ng pagdurusa ay magwawakas—magpakailanman:

> At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa luklukan, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging mga bayan niya, at ang Dios din ay sasa kanila, at magiging Dios nila: At papahirin niya ang bawa't luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man: ang mga bagay nang una ay naparam na. (Apoc. 21:3–4)

Marami ang madalas magtaka kung sa anong anyo tayo mabubuhay nang walang hanggan. Magkakaroon ba tayo ng mga katawan ng tao tulad ng mayroon tayo ngayon, o mabubuhay tayo nang walang katawan? At, ano ang ating kaluluwa?

> At nilalang ng Panginoong Dios ang tao sa alabok ng lupa, at hiningahan ang kaniyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging kaluluwang may buhay. (Gen. 2:7)

> Ang kaluluwa na nagkakasala, ito ay mamamatay. (Ezek. 18:4)

Ang ating buhay ay nangangailangan ng "hininga ng buhay," o espiritu, na mula sa Diyos. Hindi tayo nagtataglay ng mga buhay na kaluluwa. Bawat isa sa atin ay isang buhay na kaluluwa. Ang paniniwala na tayo ay nagtataglay ng mapaghihiwalay na imortal na mga kaluluwa ay hindi sinusuportahan ng Bibliya. Sa ikalawang pagdating ni Kristo ang ating di-sakdal na katawan ay babaguhin "sa isang kisap-mata" (1 Cor. 15:52) tungo sa pagiging perpekto.

> Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. (Rom. 6:23)

Wala saanman sa Salita ng Diyos na inilarawan ang kamatayan bilang ibang bagay maliban sa kamatayan. Ang lahat ng banal na kasulatan, na wastong naunawaan, ay nagpapatunay na ***ang kasalanan ay***

nagbubunga ng kamatayan na may nag-iisang tinig lamang na sumasalungat: "At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na ***hindi kayo mamamatay***" (Gen. 3:4, idinagdag ang pagbibigay-diin).

> Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. (Juan 3:16)

Ang ibig sabihin ng salitang mapahamak ay ang dumating sa isang estado ng kawalan ng pag-iral. Hindi ito nangangahulugan na mabuhay sa ibang lugar sa isang estado ng pagdurusa.

> Sinabi Niya [Jesus] sa kanila, Si Lazaro na ating kaibigan ay natutulog; nguni't Ako'y paroroon, upang gisingin Ko siya sa pagkakatulog. Sinabi nga ng mga alagad sa Kaniya, Panginoon, kung siya'y natutulog, ay siya'y gagaling. Sinalita nga ni Jesus ang tungkol sa kaniyang pagkamatay: datapuwa't sinapantaha nila na ang sinalita ay ang karaniwang pagtulog. Nang magkagayon nga ay sinabi sa kanila ni Jesus ng malinaw, Si Lazaro ay patay. (Juan 11:11–14, idinagdag ang pagbibigay-diin)

Inihalintulad ni Jesus ang kamatayan sa pagtulog dahil kayang buhayin ng Diyos ang isang tao mula sa mga patay. Nang buhayin ni Jesus si Lazaro pagkatapos ng apat na araw sa libingan, si Lazaro ay hindi tinawag pabalik mula sa langit. Nagising siya mula sa isang walang malay na estado—kamatayan.

> Ang hininga niya ay pumapanaw, siya'y nanunumbalik sa kaniyang pagkalupa; sa araw ding yaon ay mawawala ang kaniyang pagiisip. (Awit 146:4)

Sa kamatayan ang mga pag-iisip ay hindi nagpapatuloy sa ibang lugar.

> Sapagka't sa kamatayan ay walang alaala sa iyo: sa libingan sinong magpapasalamat sa iyo? (Awit 6:5)

> Sapagka't nalalaman ng mga buhay na sila'y mamamatay: nguni't ang mga patay ay walang nalalamang anoman. (Ecles. 9:5)

Kapag namatay tayo, humihinto ang lahat ng paggana ng isip sa sandaling iyon, kabilang ang anumang kamalayan sa paglipas ng panahon. Ang sandali ng muling pagkabuhay ay tila darating kaagad pagkatapos ng ating huling hininga.

> Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; (1 Tes. 4:16)

Ang muling pagkabuhay na ito ay magaganap sa ikalawang pagdating ni Kristo.

> At, narito, Ako'y dumarating na madali; at ang Aking gantimpala ay nasa Akin. (Apoc. 22:12)

Hindi natin matatanggap ang ating walang hanggang gantimpala hanggang sa ikalawang pagbabalik ni Jesus.

> Ang pinagpala at tanging Makapangyarihan, ang Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon; Na Siya lamang ang may kawalang-kamatayan. (1 Tim. 6:15–16)

Ang Diyos lamang ang walang kamatayan. Hindi tayo.

> Narito, ipinakikita ko sa inyo ang isang hiwaga; Hindi tayong lahat ay matutulog, ngunit tayong lahat ay babaguhin, Sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling pakakak: sapagka't ang trumpeta ay tutunog, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo ay babaguhin. Sapagka't itong may kasiraan ay kailangang magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay dapat magbihis ng walang kamatayan. Kaya't pagka itong may kasiraan ay mabihisan ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay mabihisan ng walang kamatayan, kung magkagayo'y mangyayari ang kasabihang nasusulat, Nilamon ng tagumpay ang kamatayan. (1 Cor. 15:51–54)

Wala tayong imortalidad sa ating sarili. Ang imortalidad ay posible lamang sa pamamagitan ng isang buhay na koneksyon sa Diyos: "Itong may kamatayan ay dapat magbihis ng walang kamatayan." Ipinahayag din ni Pablo, "Hindi tayong lahat ay matutulog." Ang mga buháy kay

Kristo sa Kanyang ikalawang pagparito ay hindi makararanas ng kamatayan.

> At ang lobo ay tatahang kasama ng kordero, at ang leopardo ay mahihigang kasiping ng batang kambing; at ang guya, at ang batang leon, at ang patabain na magkakasama; at papatnubayan sila ng munting bata. At ang baka at ang oso ay manginginain; ang kanilang mga anak ay mahihigang magkakasiping: at ang leon ay kakain ng dayami na gaya ng baka. At ang batang pasusuhin ay maglalaro sa lungga ng ahas, at isusuot ng batang kahihiwalay sa suso ang kaniyang kamay sa lungga ng ulupong. Hindi sila magsisipanakit o magsisipanira man sa aking buong banal na bundok: sapagka't ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng Panginoon, gaya ng tubig na tumatakip sa dagat. (Isa. 11:6–9)

Sa lupang ginawang bago, ang lahat ng nilalang ng Diyos ay isasauli sa orihinal na kasakdalan ng Eden. Ang mga hayop ay hindi magpapatayan para mabuhay, at walang mga nilalang na nagbabanta sa sangkatauhan. Walang takot, walang pagdurusa, at walang kamatayan.

> At papahirin ng Dios ang lahat ng luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon pa ng kamatayan, ni ng dalamhati, o ng pagtangis, ni ng kirot pa man: sapagka't ang mga dating bagay ay lumipas na.
>
> — Apocalipsis 21:4

19

Ang Ating Tagapaglikha at Tagapagtaguyod

Sa pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa.

— Genesis 1:1

Narito ang pundasyon ng lahat ng tunay na agham. Ginawa ng Diyos ang ating mundo. Ginawa tayo ng Diyos. Hindi tayo resulta ng pagkakataon. May banal na layunin sa likod ng ating pagkabuhay. Gayunpaman, ang ating daigdig sa ngayon ay puspos ng isang pilosopiya na salungat sa malinaw na pahayag na nagbubukas ng Salita ng Diyos. Tinangka ng ateismo na angkinin ang agham sa layunin nitong alisin ang Diyos. Ang pilosopiyang ito ay nakasakal sa agham sa loob ng mahigit isang siglo.

Wala sa saklaw ng maliit na aklat na ito na suriin ang dami ng ebidensya na sumusuporta sa agham na nakabatay sa paglikha sapagkat maraming mahuhusay na aklat tungkol sa paksang ito. Gayunpaman, may nagaganap na matinding labanan ngayon tungkol sa pagkakaroon ng Diyos. May mga kilalang may-akda at mga nagsasalita na may maraming tagasunod na ang misyon ay alisin ang Diyos. Ano ang nagtutulak sa kilusang ito, at bakit napakaraming tao ang tumanggi sa paniniwala sa Diyos?

Maraming taos-pusong tao ang patuloy na nagtataglay ng magkasalungat na pananaw sa Diyos. Maraming tao ang lumaki na nakarinig ng tungkol sa pag-ibig ng Diyos, ngunit ang larawan ng isang mapagmahal na Diyos ay sa katunayan pinawalang-bisa ng isang salungat na larawan na nagpinta sa Kanya bilang isang diyos na madaling masaktan o magalit. Idagdag pa diyan ang paniniwala na ang Diyos ay naghihiganti sa Kaniyang mga kaaway sa pamamagitan ng pamimigay ng kamatayan, pagkapuksa, at walang hanggang pagdurusa; madaling makita kung bakit marami ang tumanggi sa paniniwala sa Diyos. Ngunit marahil ang mga tumatanggi sa paniniwala sa isang diyos kapag ang baluktot na larawang ito lamang ang kanilang nalalaman, ay hindi naman

talaga tumatanggi sa Diyos. Ang pangalawang tanong tungkol sa pag-iral ng Diyos ay umiiral lamang dahil ang pangunahing tanong tungkol sa karakter ng Diyos ay hindi pa nalulutas sa bawat isip.

> At nakita ng Dios ang lahat ng Kaniyang ginawa, at, narito, napakabuti. (Gen. 1:31)

Ang talatang ito ay nagtatapos sa ulat ng paglikha. Hindi maaaring makita ng Diyos ang lahat ng bagay sa lupa bilang "napakabuti" kung nagkaroon ng kamatayan ng sinuman sa Kanyang mga nilalang bago Niya natapos ang Kanyang gawain ng paglikha. Dahil hindi ang Diyos ang may-akda ng pagdurusa at kamatayan, inaalis nito ang posibilidad ng pamumuhay na "ang pinakamalakas lamang ang nabubuhay" bago ang pagkahulog ng sangkatauhan nang ang pagdurusa at kamatayan ay unang dumating sa ating mundo.

Ang pamumuhay na "ang pinakamalakas lamang ang nabubuhay" na nakikita natin sa ating mundo ngayon ay isang malupit na pag-angkop sa isang mundong nasa kalagayang pang-emerhensiya para lamang mabuhay mula pa nang pumasok ang kasalanan. May magandang balita! Ang paghihiwalay ng Nilikha mula sa Lumikha na naganap sa pagkahulog ay gagaling sa mundo na ginawang bago. Ang batas ng pag-ibig ay magiging paraan ng buhay na walang kompetisyon, walang takot, walang pagdurusa, at walang kamatayan. Ang orihinal na layunin ng Diyos para sa ating lupa ay matutupad.

> Sapagka't ang mga bagay niyang hindi nakikita buhat pa nang lalangin ang sanglibutan ay nakikitang maliwanag, sa pagkatanto sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa niya, maging ang walang hanggan niyang kapangyarihan at pagka Dios; upang sila'y walang madahilan: (Rom. 1:20)

Kapag nagkaroon tayo ng pagkakataong mag-aral ng agham, pahahalagahan natin ang kahima-himalang katumpakan at pagiging kumplikado na nakikita sa paglikha. Ang lagda ng Diyos ay nakasulat sa lahat ng dako. Kapag tinanggihan natin ang pagkakaroon ng Diyos, dapat din nating itanggi ang pagkakaroon ng mga himala, ngunit napapaligiran tayo ng mga himala: ang napakalaking puno, ang pinong ligaw na bulaklak, ang koro ng ibong-awit, ang sapot ng gagamba, ang malawak na sansinukob, ang ngiti ng isang sanggol kapag kinikilala niya ang

kanyang ina, ang hininga mo sa sandaling ito. Ang lahat ng ito ay mga himala ng pinakamataas na uri. Hindi sila makatwirang maipaliliwanag bilang anumang iba pa kundi mga himala. Ang lahat ng buhay ay isang himala. Napakalaki ng ebidensya na ginawa tayo ng Diyos at lahat ng iba pang mga may buhay. Ang pagmasdan ang pambihirang mundo sa ating paligid at ipalagay na hindi ito nilikha ng Diyos ay hindi makatwiran.

> Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon na lumikha ng langit, na Siyang Dios na nag-anyo sa lupa at gumawa niyaon, na Kaniyang itinatag, at hindi Niya nilikha na walang kabuluhan, na Kaniyang inanyuan upang tahanan: Ako ang Panginoon; at wala nang iba. (Isa. 45:18)

Ginawa ng Diyos ang lupa upang maging ating walang hanggang tahanan.

> Nang pasimula Siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios. Ito rin nang pasimula'y sumasa Dios. Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan Niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala Siya. At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang Kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan. (Juan 1:1–3, 14)

Ang ating Tagapaglikha ay naging isa sa atin upang higit na ihayag kung ano Siya.

> Kapag aking naiisip ang Iyong mga langit, ang gawa ng Iyong mga daliri, ang buwan at ang mga bituin, na Iyong itinalaga; **Ano ang tao**, na Iyong inaalaala siya? at ang anak ng tao, na Iyong dinadalaw siya? Sapagka't ginawa Mo siyang mababa ng kaunti kaysa sa mga anghel, at pinutungan Mo siya ng kaluwalhatian at karangalan. Iyong ginawa siyang may kapangyarihan sa mga gawa ng Iyong mga kamay; inilagay Mo ang lahat ng bagay sa ilalim ng kanyang mga paa. (Awit 8:3–6)

Ang pamilya ng tao ay ginawang "mas mababa ng kaunti kaysa sa mga anghel." Gayunpaman, ang mga nabuhay sa lupa at nakipagkasundo sa Diyos ay dumaan sa isang karanasang "ninanasang mamasdan" maging ng mga anghel (1 Pedro 1:12). Ang kanilang personal na

kaalaman tungkol sa mapagsakripisyo-sa-sarili na pag-ibig ng Diyos ay magbibigay sa kanila ng isang espesyal na lugar sa sansinukob: "At akong si Juan ay nakakita ng banal na lungsod, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa Diyos mula sa langit, na inihanda gaya ng isang kasintahang babae na pinalamutian para sa kaniyang asawa. At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa langit na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at Siya ay mananahan sa kanila, at sila ay magiging Kaniyang bayan, at ang Dios din ay sasa kanila, at magiging kanilang Dios." (Apoc. 21:2–3)

> Kaniyang ginawa ang lupa sa pamamagitan ng Kaniyang kapangyarihan, Kaniyang itinatag ang sanglibutan sa pamamagitan ng Kaniyang karunungan, at iniladlad ang langit sa pamamagitan ng Kaniyang mabuting paghuhusga. (Jer. 10:12)
>
> Sapagka't sa Kanya tayo nabubuhay, at kumikilos, at mayroon tayong pagkatao. (Gawa 17:28)

Ang sansinukob, ang lupa, at lahat ng nabubuhay na nilalang sa lupa ay hindi umiiral nang hiwalay sa Diyos. Ang ating Tagapaglikha ay hindi nagtayo ng ating mundo, susian ito na parang relo, at pagkatapos ay hayaan itong gumana nang mag-isa nang walang anumang karagdagang pakikialam. Ang Diyos ay patuloy na "itinataguyod ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng salita ng Kanyang kapangyarihan" sapagkat "sa Kaniya'y nangabubuhay ang lahat ng mga bagay" (Heb. 1:3; Col. 1:17).

Kung ikaw ay may hawak na baso ng tubig sa iyong kanang kamay at nagpasyang ihulog ito, kailangan mo bang gamitin ang iyong kaliwang kamay upang pilitin ang iyong kanang kamay na ihulog ito? Sinasabi sa atin ng Diyos, "Ang Aking kamay naman ang naglagay ng patibayan ng lupa, at ang Aking kanang kamay ang siyang nagpalawak ng langit: pagka Ako'y tumawag sa kanila, sila'y tumindig na magkakasama" (Isa. 48:13).

Ang isipin na ang Diyos ay isang maninira ay pagmamaliit sa Kanyang posisyon bilang Tagapagtaguyod ng paglikha. Hindi kailangan ng Diyos na aktibong magwasak para maganap ang pagkawasak. Bilang isang halimbawa, sa pagkawasak ng Sodoma at Gomorra, nakikita ng isang karaniwang interpretasyon ang Diyos na lumilikha ng apoy at

asupre para sa layuning sirain ang Kanyang "hinahawakan" o itinataguyod. Ang larawang ito ng Diyos bilang maninira ay nagpapakitang salungat Siya sa Kanyang sarili, gaya mo kung gagamitin mo ang iyong kaliwang kamay upang pilitin ang iyong kanang kamay na ihulog ang baso ng tubig.

Upang magwasak, kailangan lamang ng Diyos na bumitaw. Gayunpaman, mahalagang maunawaan na hindi Niya kailanman ginagawa ito nang may pagnanais na maganap ang kamatayan o pagkawasak. Bumibitaw lamang ang Diyos dahil Siya ay pag-ibig, at ang pag-ibig ay nangangailangan ng tunay na kalayaan. Isinusuko ng Diyos ang isang tao o isang bansa nang may pag-aatubili lamang at may matinding kalungkutan: "Paanong pababayaan kita, Ephraim? paanong itatakuwil kita, Israel? paanong gagawin kitang parang Adma? paanong ilalagay kitang parang Zeboim? ang Aking puso ay nabagbag sa loob Ko, ang Aking mga habag ay nangagalab" (Os. 11:8).

Binanggit ni Jesus ang mga salitang ito ng panaghoy tungkol sa Jerusalem: "Oh Jerusalem, Jerusalem, na pumapatay sa mga propeta, at bumabato sa mga sinusugo sa kaniya! makailang inibig Kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw sa ilalim ng kaniyang mga pakpak, ay ayaw kayo! Narito, ang inyong bahay ay iniiwan sa inyong wasak" (Mat. 23:37–38).

> Sapagkat ang Anak ng tao ay hindi naparito upang sirain ang buhay ng mga tao, kundi upang iligtas sila. (Lucas 9:56)

> Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios; at ipinakikilala ng kalawakan ang gawa ng Kaniyang kamay. Sa araw-araw ay nagbabadya ng pananalita, at sa gabi-gabi ay nagpapakilala ng kaalaman. Walang pananalita o wika man; kung saan ang kanilang tinig ay hindi marinig. (Awit 19:1–3)

Ang Diyos ay nagsasalita sa lahat ng tao sa pamamagitan ng Kanyang nilikha. Walang sinuman ang hindi kasama sa paanyaya na matuto tungkol sa Kanya dahil sa mga hadlang sa wika o kakulangan ng nakalimbag na salita.

Itaas ang inyong mga mata sa itaas, at masdan kung sino ang lumikha ng mga bagay na ito, na naglalabas ng kanilang hukbo ayon sa bilang: Kaniyang tinatawag silang lahat sa mga pangalan sa pamamagitan ng kadakilaan ng Kaniyang kapangyarihan, sapagka't Siya'y malakas sa kapangyarihan; walang nagkukulang.

— Isaias 40:26

20

Paano Tayo Magkakaroon ng Buhay na Walang Hanggan?

Sa naunang bahagi ng aklat, nabasa natin ang tungkol sa pagbagsak ng sangkatauhan na nakatala sa Genesis, kabanata 3. Ang ahas, ang manlilinlang na nagbabalatkayo, ay umakay kina Adan at Eba na maniwala na ang Diyos ay naglilingkod sa sarili at hindi mapagkakatiwalaan. Nang maniwala sila sa kasinungalingang iyon, sinikap nilang ilayo ang kanilang sarili sa kanilang Tagapagbigay-Buhay, at nagsimula ang proseso ng kamatayan para sa kanila.

Ang lahat ng kamatayan mula noong araw na iyon ay bunga ng paniniwala sa kasinungalingang iyon tungkol sa Diyos. Ang sangkatauhan ay nahiwalay sa Diyos sa hardin ng Eden dahil binago nina Adan at Eba ang kanilang isip tungkol sa Diyos. Kung noon ay nagtiwala sila sa Kanya, ngayon ay wala na silang tiwala sa Kanya. Ito pa rin ang ating tiyak na problema. Ang kailangan natin ay baguhin ang ating isip tungkol sa Diyos. Kapag ginawa natin ito, papalitan ng pagtitiwala ang kawalan ng tiwala, at papalitan ng pag-ibig ang pangamba tungkol sa Kanya. Makikipagkasundo tayo sa ating Maylikha, at magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan.

Nang maniwala sina Adan at Eba sa kasinungalingan ng ahas tungkol sa Diyos at nagsikap na magtago mula sa Kanya, ang Diyos mismo ay hindi nagbago sa nangyari. Hindi nabawasan ni katiting ang pagmamahal Niya sa Kanyang mga anak na ngayon ay nawalay. Anumang plano ng kaligtasan na nakasalalay sa ating mga pagsisikap na baguhin ang isip ng Diyos tungkol sa atin ay naghahanap ng solusyon sa isang problemang hindi umiiral. Ang Diyos ay mayroon nang mabubuting pag-iisip sa atin at hindi na kailangan ng anumang panghihikayat para pag-isipan Niya tayo ng mabuti. Mahal na Niya tayo at walang katapusan ang pagpapahalaga sa bawat isa sa atin.

Nang ilabas ng Diyos ang mga Israelita sa Ehipto, binigyan sila ng babala tungkol sa panganib ng pagsamba sa mga diyus-diyosan. Ang mga huwad na diyos na ito ay karaniwan noong mga panahon ng Bibliya at bunga ng mga baluktot na imahinasyon. Sila ay madalas na itinuturing na galit at nangangailangan ng pagpapalubag-loob. Nag-aalay ang mga tao

ng mga handog at hain upang mapawi ang kanilang galit. Maaari nating seryosong itanong: May hinihiram ba ang ating paraan ng pakikipag-ugnayan sa Diyos mula sa sinaunang pagsamba sa idolo?

> At ito ang buhay na walang hanggan, na Ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at Siyang Iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo. Niluwalhati kita sa lupa: natapos Ko na ang gawaing ibinigay Mo sa Akin upang gawin. (Juan 17:3–4)

Sa panalanging ito ni Jesus sa Kanyang Ama, malinaw Niyang tinukoy ang buhay na walang hanggan. Ito ay ang karanasan ng pagkakilala sa Diyos. Ang kaalamang ito na nagmumula sa karanasan ay nagpapakasundo sa atin sa ating Tagapagbigay-Buhay. Nagsisimula tayong makita ang tunay na misyon ni Jesus sa ating mundo—ang tumpak na ihayag ang Diyos bilang hindi makasarili, mabait, banayad, maawain, at mapagpatawad. Nang makinig ang mga tao sa mga salita ni Jesus, naririnig nila ang mga salita ng Diyos. Nang makita ng mga tao si Jesus na nagpapagaling ng mga maysakit, nagpapakain sa mga nagugutom, nagbibigay ng lakas ng loob, hinahawakan ang mga maliliit na bata sa Kanyang kandungan, at hinahayaan ang Kanyang sarili na maling unawain at siraan, nakikita nila ang Diyos—ang Diyos sa Kanyang kaluwalhatian.

Upang maiwasan ang kalituhan, mahalagang maunawaan na maraming sinasabing mga paraan ng kaligtasan, ngunit lahat ng ito ay nagpapakita ng salungat na larawan ng Diyos. Ang pag-aaral na ito ay tututuon sa isang kilalang paraan ng kaligtasan na halos lahat sa Kanluraning lipunan ay narinig na. Maraming taos-pusong tao ang sumusunod dito. Ito ang pananaw na ang kaligtasan ay isang legal na isyu.

Ang ilang mga katangian ng pananaw na ito ay kinabibilangan ng:

- Pagbibigay-diin sa pagiging kataas-taasan ng Diyos sa halip na sa regalo ng Diyos na kalayaan sa Kanyang mga anak.
- Ang pagbibigay-diin sa kapangyarihan ng Diyos na magligtas sa halip na sa pagnanais ng Diyos na ipagkasundo tayo sa Kanyang sarili.
- Ang paniniwala na ang Diyos ay napakadalisay at banal na Siya ay nasaktan ng ating mga kasalanan sa halip na maniwala na mahal tayo

ng Diyos at gustong lumapit sa atin sa ating tunay na kalagayan. Ang Diyos ay nagdadalamhati sa kasalanan dahil sa kung ano ang ginagawa nito sa Kanyang mga minamahal, hindi dahil Siya ay personal na nasaktan dito.

- Ang paniniwala na ang Diyos ay nangangailangan ng dugo upang pawiin ang Kanyang galit sa halip na maunawaan na nais ng Diyos na pagalingin tayo mula sa ating matinding abnormal na pagkatakot sa Kanya. Gusto Niyang maunawaan natin na kasalanan ang nakamamatay—hindi Siya.
- Ang paniniwala na ang Diyos ay nag-iingat ng isang talaan ng ating mga kasalanan upang gamitin laban sa atin sa darating na paghuhukom sa halip na maunawaan na anumang talaan na iniingatan ay upang ipakita na ginawa ng Diyos ang lahat ng magagawa Niya para iligtas ang bawat tao.
- Ang pananaw na ang Diyos ay nagpapataw ng mga parusa sa paglabag sa Kaniyang kautusan sa halip na unawain na ito ay ating pagiging makasarili, na hindi kaayon ng batas ng pag-ibig, na nagpaparusa sa atin. Kung paanong hindi natin malalabag ang mga batas ng kalikasan nang walang parusa, hindi rin natin malalabag ang batas ng pag-ibig nang walang parusa.
- Ang pagtukoy sa ebanghelyo bilang ang mabuting balita na nagbigay ang Diyos ng isang paraan upang maiwasang matanggap ang parusang ipinataw Niya sa paglabag sa Kanyang kautusan sa halip na malaman na ang tunay na mabuting balita ay tungkol sa Diyos mismo. Kung ang Diyos ang uri ng tao na magpapataw ng parusang kamatayan para sa paglabag sa Kaniyang kautusan, ito ay magiging masamang balita.
- Ang kaisipang nakatuon sa sariling pagkaligtas sa halip na makita ang Diyos bilang lubos na mapagkakatiwalaan. Sa totoo lang, kapag mas nakatuon tayo sa katotohanan tungkol sa ating magiliw na Diyos, mas mababawasan ang pagkabalisa natin tungkol sa ating sariling kaligtasan, at mas mamahalin at pahahalagahan natin ang iba. “Sapagkat ang sinumang nagnanais magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; ngunit ang sinumang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa Akin at sa ebanghelyo, ay siyang magliligtas nito” (Marcos 8:35).

Ang legal na ebanghelyo ay laging humihikayat ng hindi nararapat na pagtuon sa pagkakaroon ng katiyakan ng kaligtasan. Hindi iniatang sa atin ng Diyos ang pasanin ng pangangailangang tiyakin ang katayuan ng kaligtasan ng sinuman—kabilang ang sarili natin. Sa halip na tumuon sa ating sariling espirituwal na kalagayan, kailangan nating tumuon sa Isa na laging nakikita ang bawat isa sa atin hindi lamang kung ano tayo kundi kung ano ang maaaring maging tayo. Iniibig at pinahahalagahan ng Diyos ang bawat isa sa atin nang higit na higit pa sa kaya nating mahalin at pahalagahan ang ating mga sarili. Walang duda, nais ng Diyos na ang bawat isa sa atin ay makasama Niya nang walang hanggan. Nais din Niyang maunawaan natin na Siya ay lubos na mapagkakatiwalaan at kayang-kayang pagalingin ang ating natatakot na isipan: "Walang takot sa pag-ibig; ngunit ang sakdal na pag-ibig ay nag-aalis ng takot" (1 Juan 4:18).

Maikli nating inihambing ang dalawang magkaibang ebanghelyo: ang legal na ebanghelyo at ang ebanghelyo ng pagpapagaling. Ang ebanghelyo ng pagpapagaling ay ganap na naaayon sa mga turo at halimbawa ni Jesus, habang ang legal na ebanghelyo ay higit na kahawig ng sistemang panghukuman na gawa ng tao na ginamit upang hatulan si Jesus (ang ating banayad na Manggagamot) sa kamatayan.

> Sapagka't nalalaman ko ang mga pagiisip na aking iniisip sa inyo, sabi ng Panginoon, mga pagiisip ng kapayapaan, at hindi ng kasamaan. (Jer. 29:11)

Ang napakalaking oras, pagsisikap, at gastos na inilaan sa mga gawaing panrelihiyon, na may layuning hikayatin ang Diyos na mag-isip ng mabuti tungkol sa atin, ay isang napakalaking pag-aaksaya.

> Itapon ninyo sa inyo ang lahat ninyong pagsalangsang, na inyong isinalangsang; at gumawa kayo ng isang bagong puso at isang bagong espiritu: sapagka't bakit kayo mamamatay, Oh sangbahayan ni Israel? Sapagka't hindi Ako nalulugod sa kamatayan niyaong namamatay, sabi ng Panginoong Dios: kaya't kayo'y magsibalik-loob, at kayo'y mangabuhay. (Ezek. 18:31–32)

Ang pakiusap ng Diyos sa bawat isa sa atin ay ang tumalikod mula sa pagiging makasarili tungo sa daan ng buhay.

> Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagka't hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan Niya. (Juan 3:16–17)

Ang paniniwala kay Jesus ay paniniwala sa Kanyang inihayag tungkol sa Kanyang sarili (ang Anak ng Diyos) at tungkol sa Diyos Ama.

> Sa makatuwid baga'y, na ang Dios kay Cristo ay pinakipagkasundo ang sanglibutan sa Kaniya rin, na hindi ibinibilang sa kanila ang kanilang mga kasalanan, at ipinagkatiwala sa atin ang salita ng pagkakasundo. (2 Corinto 5:19)

Kung ang buong pagsisikap ng Diyos na iligtas tayo mula sa walang hanggang kamatayan ay maibubuod sa isang salita, ang salitang iyon ay muling pagkakasundo.

> At kayo, na minsan ay nahiwalay at mga kaaway sa inyong pag-iisip sa pamamagitan ng masasamang gawa, gayon ma'y ngayon ay ipinagkasundo Niya. (Col. 1:21)

Mula sa pagbagsak ng sangkatauhan, ang hilig na lumayo ay nakapaloob lamang sa ating isipan—hindi kailanman sa Diyos.

> Sapagka't ang Dios, na nag-utos sa ilaw na sumikat mula sa kadiliman, ay nagningning sa aming mga puso, upang magbigay ng liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Dios sa mukha ni Jesucristo. (2 Cor. 4:6)

Ang kadiliman na tinutukoy ng talatang ito ay ang ating hindi pagkakaunawa sa Diyos. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay ang Kanyang karakter, na nakikita sa mukha ni Jesus.

> Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon na Espiritu. (2 Cor. 3:18)

Nababago tayo sa pagmamasid. Ang prinsipyong ito ay gumagana sa magkabilang direksyon. Kung naniniwala tayo na ang Diyos ay naglilingkod sa sarili, pinatitibay nito ang ating sariling pagkamakasarili. Kung makikita natin Siya bilang ganap na hindi makasarili, ito ay gagana upang mabunot ang ating likas na pagkamakasarili. Ang pagbubulay-bulay sa pag-ibig, awa, at pagpapatawad ng Diyos ay tumutulong upang ang mga katangiang ito ay masalamin din sa atin.

> Sinasabi Ko sa inyo, na gayon din magkakatuwa sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi, kay sa siyam na pu't siyam na taong matutuwid na di nangagkakailangang magsipagsisi. (Lucas 15:7)

Ang pagsisisi ay hindi nangangahulugan ng pagsasabi ng "Paumanhin" sa Diyos. Ang pagsisisi ay nangangahulugan ng pagtalikod, o pagbabago ng isip. ***Ang tunay na pagsisisi, sa konteksto ng itinuro ni Jesus, ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng pagbabago ng isip tungkol sa Diyos.*** Makikita natin Siya ayon sa tumpak na paglalarawan ni Jesus sa Kanya.

> Magsiparito sa Akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y Aking bibigyan ng kapahingahan. Pasanin ninyo ang Aking pamatok, at matuto kayo sa Akin; sapagka't Ako ay maamo at mapagpakumbabang puso: at makakatagpo kayo ng kapahingahan sa inyong mga kaluluwa. Sapagkat ang Aking pamatok ay madali, at ang Aking pasanin ay magaan. (Mat. 11:28–30)

Hindi natin kailangang gumawa upang maging mabuti sa isang walang saysay na pagtatangka sa espirituwal na pagpapabuti ng sarili. Ang lahat ng ating pagsisikap na maging karapat-dapat ay nagtutulak sa atin na tumuon sa sarili at magreresulta sa pagmamataas o panghihina ng loob. Si Jesus ang may solusyon sa ating problema. Simple lang ang sabi Niya, "Matuto kayo sa Akin."

> At ibinigay sa Kaniya ang aklat ng propeta Isaias. At nang buksan Niya ang aklat, ay nasumpungan Niya ang dakong nasusulatan, ***Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasa Akin,*** sapagka't Ako'y pinahiran Niya upang ipangaral ang evangelio sa mga dukha; sinugo Niya Ako upang pagalingin ang mga

bagbag na puso, upang ipangaral ang paglaya sa mga bihag, at ang pagbabalik ng paningin sa mga bulag, upang palayain ang mga inaapi. (Lucas 4:17–18)

Kailangan nating lahat ang ipinarito ni Jesus upang gawin para sa atin; walang sinumang hindi kasama.

21

Dapat Ba Tayong Matakot sa Paghatol?

Kapag isinasaalang-alang ang paghatol, makatutulong munang tukuyin kung sino ang hinahatulan at kung sino ang humahatol. Sa pagbabalik sa pag-uusap ni Eba at ng ahas sa hardin ng Eden, alalahanin na ang ahas ay nagtanim sa isip ni Eba ng isang tanong tungkol sa pagkamakatarungan, kabutihan, at pagiging mapagkakatiwalaan ng Diyos. Sa ilang tapat na pagsasaalang-alang, magiging maliwanag na hindi sangkatauhan ang nilitis doon—kundi ang Diyos.

Maaaring mahirap para sa atin na unawain ang ideya na pinahihintulutan ng Diyos ang Kanyang sarili na ilagay sa paglilitis. Gayunpaman, ang pananaw na ito ay ang tanging makatwirang konklusyon na mararating batay sa isang malalim na pag-aaral ng Bibliya. Walang kamalay-malay nating hinuhusgahan ang Diyos mula sa unang pag-uusap na iyon sa diablo. Binigyan ba natin Siya ng patas na paglilitis?

Bagama't tayo ay naliligaw sa ating hilig na ilagay ang ating sarili sa gitna ng paghatol, hindi naman tayo lubos na ligtas sa paghatol. Hindi tayo inilagay ng Diyos sa paglilitis; gayunpaman, tayo ay lubhang sanay sa paghusga at pagkondena sa ating sarili. Sinabi ni Jesus na ang mga salitang sinabi Niya ay buhay. Nasa atin ang pagpili kung tanggapin o tanggihan ang Kanyang mga salita. Kung ang Kaniyang mga salita ay tunay na buhay, at tinatanggihan natin ang mga ito, hindi ba't gumawa tayo ng paghatol na may negatibong kahihinatnan sa ating sarili?

Ang Diyos ay hindi humahatol tulad ng nangyayari sa isang hukuman ng batas. Kapag determinado tayong magpatuloy sa daan tungo sa pagkondena sa sarili at kamatayan, wala nang magagawa pa ang Diyos para sa atin maliban sa atubiling pagtibayin ang ating desisyon.

May isa pang aspeto ng paghatol na dapat isaalang-alang. Kapag hinuhusgahan natin ang iba, negatibo ang reaksyon nito sa atin. Kapag kinondena natin ang iba, kinukundena lang natin ang ating sarili sa proseso. Upang makita kung sino talaga ang kailangan nating katakutan sa paghuhukom, kailangan lang nating tumingin sa salamin.

Ang ulat ng ebanghelyo tungkol sa babaeng nahuli sa pangangalunya ay nagbibigay sa atin ng isang paglalarawan kung paano gumagana ang paghatol:

> Datapuwa't si Jesus ay napasa bundok ng mga Olivo. At pagka umaga ay nagbalik Siya sa templo, at ang buong bayan ay lumapit sa Kaniya; at Siya'y naupo, at sila'y tinuruan. At dinala sa Kaniya ng mga eskriba at ng mga Fariseo ang isang babaing nahuli sa pangangalunya; at nang mailagay siya sa gitna, Ay sinabi nila sa Kaniya, Guro, nahuli ang babaing ito sa kasalukuyan ng pangangalunya. Sa kautusan nga ay ipinagutos sa amin ni Moises na batuhin ang mga ganyan: ano nga ang iyong sabi tungkol sa kaniya? At ito'y kanilang sinabi, na Siya'y sinusubok, upang sa Kaniya'y may maisumbong sila. Datapuwa't yumuko si Jesus, at sumulat ng Kaniyang daliri sa lupa. Datapuwa't nang sila'y nangagpatuloy ng pagtatanong sa Kaniya, ay umunat Siya, at sa kanila'y sinabi, Ang walang kasalanan sa inyo, ay siyang unang bumato sa kaniya. At muli Siyang yumuko, at sumulat ng Kaniyang daliri sa lupa. At sila, nang ito'y kanilang marinig, na hinatulan ng kanilang sariling budhi, ay nagsialis na isa-isa, na nagpasimula sa katandatandaan, hanggang sa kahulihulihan: at iniwang magisa si Jesus at ang babae, sa kinaroroonan nito, sa gitna. At umunat si Jesus, at sa kaniya'y sinabi, Babae, saan sila nangaroroon? wala bagang taong humatol sa iyo? At sinabi niya, Wala sinoman, Panginoon. At sinabi ni Jesus, Ako man ay hindi rin hahatol sa iyo: humayo ka ng iyong lakad; mula ngayo'y huwag ka nang magkasala. (Juan 8:1–11, idinagdag ang pagbibigay-diin)

Ang babae na dinala kay Jesus at iniharap bilang isang lumalabag sa batas ay isang biktima na ginamit ng walang pusong mga lider ng relihiyon sa kanilang pagtatangka na lipulin si Jesus na itinuring nilang isang banta sa kanilang relihiyon. Ang mga nag-aakusa sa babae ay umapela sa batas ni Moises. Sa isa pang pakikipagtagpo sa mga Pariseo, tungkol sa diborsiyo, sinabi ni Jesus sa kanila na ang batas ni Moises ay naglalaman ng mga pagpapahintulot dahil sa kanilang matigas na puso: "At sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, Dahil sa katigasan ng inyong puso ay isinulat niya [Moises] sa inyo ang utos na ito" (Marcos 10:5).

Ang bigat ng naganap sa eksena sa silid ng hukuman ay magiging malinaw kapag napagtanto natin na si Jesus ay Diyos sa lupa na may lahat ng mga kaukulang karapatan ng pagka-Diyos, kabilang ang karapatang magsagawa ng paghatol. Hindi kaagad humatol si Jesus sa kasong iniharap sa Kanya, sa halip ay yumuko at sumulat gamit ang Kanyang daliri sa lupa. Nang Siya'y pilitin nilang sumagot sa kanilang tanong, sinabi Niya sa kanila, "Ang walang kasalanan sa inyo, ay siyang unang bumato sa kanya." Nagpatuloy Siya sa pagsusulat sa lupa.

May layunin si Jesus sa lahat ng Kanyang sinabi at ginawa. Nang sumulat Siya sa lupa, hindi iyon para iwasan ang tanong ng mga lider ng relihiyon. Alam Niya ang mga pangyayari na nagdala sa babae sa harap Niya. Alam din ni Jesus ang kasaysayan ng bawat nag-akusa sa kanya at nabasa Niya ang kanilang mga iniisip at motibo. Maaari sana Siyang gumawa ng matinding pagsaway sa mga mapagkunwari na ito sa harapan ng mga saksi. Sa halip, magiliw Niyang ipinaalam sa mga lider ng relihiyon ang kanilang sariling mga kasalanan sa pamamagitan ng pagsulat ng mga iyon sa alabok—isang pambihirang hindi permanenteng nakasulat na rekord ng kanilang mga kasalanan.

Inibig at pinahalagahan ni Jesus nang walang hanggan ang bawat taong nakapaligid sa Kanya sa kabila ng mga pangyayaring nagsama-sama sa kanila. Ang Kanyang misyon ay iligtas ang mundo, at hinangad Niya ang pagkakasundo ng babae at ng mga nag-aakusa sa Kanya, silang hindi Niya ninais na lalong mapalayo.

Sinabi ni Jesus sa mga pinuno ng relihiyon, "Siya na walang kasalanan sa inyo, hayaan siyang unang bumato sa kanya." Dito ibinabalik Niya sa kanila ang responsibilidad ng paghusga. Si Jesus ay hindi naparito sa mundong ito upang humatol at magkondena, at hindi Siya papayag na itulak sa papel ng isang hukom. Itinuring ba ng mga eskriba at mga Fariseo ang Kanyang mga salita bilang isang paanyaya na batuhin ang babae? Tila hindi, dahil lahat sila ay umalis mula sa eksena "isa-isa."

Si Jesus, bilang Diyos, ay hindi humatol sa babae, kundi sa Kanyang mga salita na "humayo ka, at huwag ka nang magkasala," binuksan Niya ang pinto sa daan ng buhay para sa kanya. Hindi Niya iniuutos sa kanya na iwanan na lamang ang mga aksyon na nagdala sa kanya sa Kanyang harapan; inaalok Niya sa kanya ang kalayaan mula sa nakamamatay na

kasalanan—ang paniniwalang ang Diyos ay hindi karapat-dapat sa ating pagtitiwala.

Inalukan ni Jesus ang babaeng ito ng paraan upang maiwasan ang paghatol sa hinaharap. Inihayag Niya ang pag-ibig ng Diyos sa kanya bilang isang tao. Ang babaing ito ay nasa presensya ng Tagapagbigay-Buhay, at alam niyang maaari niyang mahalin at pagkatiwalaan Siya. Ang kanyang pananaw sa Diyos at ang kanyang relasyon sa Kanya ay sukdulang nagbago para sa mas mabuti pagkatapos ng pagtatagpo na ito. Para sa kanya, ang paghatol na naganap ay nakapagbabago ng buhay at nakapagbibigay ng buhay.

Hindi hinatulan ni Jesus ang mga eskriba at mga Pariseo na matitigas ang puso, na napakabilis humatol sa babae, ngunit itinaas Niya ang isang espirituwal na salamin sa harap nila na nagpapakita ng sarili nilang madilim na mga karakter. Bilang resulta sila ay "nahatulan ng kanilang sariling budhi," at napilitang umalis sa presensya ng dalisay at di-makasariling pag-ibig ng Tagapagbigay-Buhay. Dumating sila upang kondenahin ang iba, ngunit nauwi sa pagkondena sa kanilang sarili sa proseso.

> Dahil dito'y wala kang madadahilan, Oh tao, sino ka man na humahatol: sapagka't sa iyong paghatol sa iba, ay ang iyong sarili ang hinahatulan mo; sapagka't ikaw na humahatol ay gumagawa ka ng gayon ding mga bagay. At nalalaman natin na ang hatol ng Dios ay ayon sa katotohanan laban sa kanila na mga nagsisigawa ng gayong mga bagay. At iniisip mo baga ito, Oh tao, na humahatol sa mga nagsisigawa ng gayong mga bagay, at ginagawa mo ang gayon din, na ikaw ay makatatanan sa hatol ng Dios? (Rom. 2:1–3)

Binibigyan ng Diyos ang bawat isa sa atin ng tunay na kalayaan. Hindi Niya pangingibabawan ang ating pagpili ng pagkondena sa sarili. Ang paghatol ng Diyos dito ay ang Kanyang atubiling pagpapatibay nitong paghatol sa sarili kapag pinili nating manatili sa labas ng bilog ng magkatumbas na pag-ibig at buhay. Walang paraan upang makatakas mula sa paghatol na ito dahil hindi tayo mapipilit ng Diyos, laban sa ating kalooban, na tahakin ang landas na patungo sa buhay.

> Sapagkat ang Ama ay hindi humahatol sa sinuman, kundi ipinagkatiwala ang buong paghatol sa Anak. (Juan 5:22)

Ang Diyos Ama ay hindi humahatol sa atin.

> Ang espiritu nga ang bumubuhay; walang pakinabang ang laman: ang mga salitang sinasalita ko sa inyo, ay espiritu, at buhay. (Juan 6:63)

Ang mga salita ni Jesus ay buhay. Sa bawat salita na binigkas ni Jesus ay inihayag Niya ang nagpapanumbalik na pag-ibig ng Diyos.

> Sumigaw si Jesus at sinabi, Ang sumasampalataya sa Akin, ay hindi sumasampalataya sa akin, kundi sa nagsugo sa akin. At ang nakakakita sa akin ay nakikita ang nagsugo sa akin. Ako ay naparito na isang liwanag sa sanglibutan, upang ang sinomang sumampalataya sa akin ay huwag manatili sa kadiliman. At kung ang sinoman ay dumirinig ng aking mga salita, at hindi naniniwala, ay hindi ko siya hinahatulan***: sapagka't hindi ako naparito upang hatulan ang sanglibutan, kundi upang iligtas ang sanglibutan.*** Ang nagtatakuwil sa Akin, at hindi tumatanggap ng Aking mga salita, ay mayroong isang humahatol sa kaniya: ang salitang Aking sinalita, siya rin ang hahatol sa kaniya sa huling araw. (Juan 12:44–48, idinagdag ang pagbibigay-diin)

Hindi tayo hinuhusgahan ni Jesus. Ang Diyos ay nag-aalok sa atin ng Salita ng Buhay, ngunit hinding-hindi Niya tayo pipilitin na tanggapin ito.

> Huwag kayong magsihatol, upang huwag kayong hatulan. Sapagka't sa hatol na inyong ihahatol, ay hahatulan kayo: at sa panukat na inyong isusukat, ay susukatin kayo. At bakit mo tinitingnan ang puwing na nasa mata ng iyong kapatid, nguni't hindi mo pinapansin ang tahilan na nasa iyong sariling mata? O paanong sasabihin mo sa iyong kapatid, Pabayaan mong alisin ko ang puwing sa mata mo; at narito, ang tahilan sa iyong sariling mata? Ikaw na mapagpaimbabaw, alisin mo muna ang tahilan sa iyong sariling mata; at kung magkagayo'y makikita mong malinaw ang pag-aalis mo ng puwing sa mata ng iyong kapatid. (Mat. 7:1–5)

Kung hindi tayo hinuhusgahan ng Diyos Ama at hindi tayo hinuhusgahan ni Jesus, bakit natin iisipin na karapat-dapat nating hatulan ang iba kung nagtataglay tayo ng mapanghusgang espiritu (isang tahilan sa ating sariling mata)?

> Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Ang dumirinig ng Aking salita, at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan. (Juan 5:24)

Ang pag-unawa sa katotohanan tungkol sa Diyos at pagkatutong magtiwala sa Kanya ay umaakay sa buhay. Sinabi ni Jesus, "Ang sumasampalataya sa Kanya ay hindi hinahatulan" (Juan 3:18).

> At nagsipagsalita ng buong katapangan si Pablo at si Bernabe, at nagsipagsabi, Kinakailangang salitain muna ang salita ng Dios sa inyo. Yamang inyong itinatakuwil, at hinahatulan ninyong hindi kayo karapatdapat sa walang hanggang buhay, narito, kami ay pasasa mga Gentil. (Gawa 13:46)

Ito ay isang maliwanag na halimbawa ng pagkondena sa sarili.

> At huwag kayong mangagsihatol, at hindi kayo hahatulan: at huwag kayong mangagparusa, at hindi kayo parurusahan: mangagpalaya kayo, at kayo'y palalayain. (Lucas 6:37)

Sa ebanghelyo ni Lucas, itinuturo sa atin ng talinghaga ng alibughang anak na pinatawad na tayo ng Diyos bago tayo humingi. Kung tayo ay hinatulan, kinondena, o hindi pinatawad, ang ating sarili lamang ang dapat sisihin "sapagkat anumang itinanim ng tao, iyon din ang kaniyang aanihin" (Gal. 6:7).

> At sinabi ni Jesus, Sa paghatol ay naparito ako sa sanglibutang ito, upang ang mga hindi nakakakita ay mangakakita; at upang ang mga nakakakita, ay maging mga bulag. Yaong mga Fariseo na kasama niya ay nangakarinig ng mga bagay na ito, at sinabi sa kaniya, Kami baga naman ay mga bulag din? Sa kanila'y sinabi ni Jesus, Kung kayo'y mga bulag, ay hindi kayo magkakaroon ng kasalanan: datapuwa't ngayo'y sinasabi ninyo,

> Kami'y nangakakakita: nananatili ang inyong kasalanan. (Juan 9:39–41)

Ano ang "paghatol" na dahilan ng pagpunta ni Jesus dito sa mundo? Siya ay naparito sa mundong ito upang ihayag ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan at ang walang katapusang halaga na ibinibigay Niya sa bawat isa sa atin. Gusto Niyang makita natin ang isa't isa gaya ng pagtingin Niya sa atin, at pahalagahan natin ang isa't isa gaya ng pagpapahalaga Niya sa atin. Itinuturo sa atin ni Jesus na maging bulag sa mga kasalanan ng iba gayundin sa artipisyal na nabuong mga pagkakaiba na naghihiwalay sa atin: sektaryanismo, nasyonalismo, tribalismo, partidistang pulitika, o anumang iba pang paraan na naghihikayat ng kaisipang "tayo laban sa kanila."

Hindi naunawaan ng mga Pariseo ang aral na ito na itinuturo ni Jesus. Sila ay lubhang makasekta at tinitingnan ang mga Gentil, na hindi mga lahing Hudyo, bilang mga aso. Sila rin ay mga mapagpanggap na eksperto sa pagtingin sa mga kasalanan ng iba at paghusga nang naaayon.

> Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagka't hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan Niya. Ang sumasampalataya sa Kaniya ay hindi hinahatulan; ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na, sapagka't hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Dios. At ito ang kahatulan, na naparito ang ilaw sa sanglibutan, at inibig pa ng mga tao ang kadiliman kay sa ilaw; sapagka't masasama ang kanilang mga gawa. (Juan 3:16–19, idinagdag ang pagbibigay-diin)

Sa talatang ito, ang pangalan ay nangangahulugang karakter. Ang pagtanggi sa paghahayag ng katangian ng Diyos na inilantad ni Jesus ay, sa katunayan, pagtanggi sa Diyos. Kay Jesus, sinasabi ng Diyos—ito talaga kung sino Ako.

> Nang sumapit ang umaga, ang lahat ng mga punong saserdote at matatanda ng bayan ay nagsanggunian laban kay Jesus na

> Siya'y ipapatay: At nang Siya'y kanilang igapos, ay dinala nila Siya, at ibinigay Siya kay Poncio Pilato na gobernador. (Mat. 27:1–2)

Anong larawan ito! Ang mga relihiyonistang puspos ng kasalanan ay naghahanap ng kamatayan ng kanilang Tagapagbigay-Buhay, at hindi Niya sila nilalabanan ni hinahatulan man lamang sila! Sino o ano ang nakamamatay—ang Diyos o ang kasalanan?

Nababasa at naririnig natin ang tungkol sa mga huling oras ni Kristo bago ang Kanyang kamatayan nang hindi nauunawaan ang mas malalim na kahulugan sa likod ng Kanyang paglilitis at pagkapako sa krus. Si Jesus ay ganap na Diyos gayundin ganap na tao. Nang si Jesus ay dinala sa paglilitis sa harap ni Poncio Pilato, Siya ay ganap na Diyos. Nang Siya ay hinatulan at kinondena, Siya ay ganap na Diyos. Nang Siya ay hagupitin, tinutuya, at ipinako sa krus upang mamatay, Siya ay, sa buong panahong iyon, ganap na Diyos.

Pinahintulutan ng Diyos ang Kanyang sarili na litisin at hatulan ng mga minamahal Niya at ninanais Niyang mapagkasundo sa Kanyang sarili. Bakit? Dahil napakahirap para sa atin na makita kung ano ang nagawa ng ating kasalanan sa Kanya.

Si Jesus, ang Anak ng Diyos, ay nagdusa nang husto sa Kanyang mga huling oras ng buhay sa lupa—higit pa sa maiisip natin. Ngunit ang pagdurusa ni Jesus ay hindi nagsimula sa hardin ng Getsemani, at hindi rin nagtapos sa Kanyang huling mga salita sa krus. Ang Diyos ay nagdusa kasama natin at para sa atin mula nang ang kasalanan ay unang pumasok sa ating mundo, at Siya ay patuloy na magdurusa kasama natin at para sa atin hanggang sa araw na ang kasalanan ay matapos sa mapanirang landas nito at ang lahat ng pagdurusa at kamatayan ay magwakas magpakailanman.

Ang paglilitis at pagdurusa ni Jesus sa kamay ng mga nilikha Niya upang makabahagi sa Kanyang walang katapusang pag-ibig ay dapat magbigay sa atin ng isang larawan ng pagdurusa na pinagdaanan ng Diyos dahil sa atin sa loob ng libu-libong taon. Patuloy nating ipinatatawag ang Diyos sa harap ng ating hukuman ng tao upang sumagot sa mga paratang ng kawalang-interes, kawalang-kilos, pagwawalang-bahala, at maging aktibong mapaghiganting pagkawasak. Napakaraming

beses na ang hatol natin ay: nagkasala ayon sa paratang! Ano pa ba ang magagawa ng Diyos para mapagkasundo ang Kanyang mga anak na nawalay kaysa sa Kanyang ginagawa? Ang krus ay ang banal na obra maestra ng pagkakasundo. Ang krus ay pumawi sa paratang ni Satanas na ang Diyos ay makasarili, walang malasakit, at hindi mapagkakatiwalaan.

Kahit na dinungisan natin ang karakter ng Diyos, may mabuting balita—alam ng Diyos kung bakit natin Siya hindi naiintindihan, at hindi Niya tayo hinahatulan para dito. Patuloy Niya tayong mamahalin sa kabila ng ating kawalan ng pasasalamat sa mga nagawa Niya para sa atin at patuloy na ginagawa para sa atin araw-araw. Ngunit hindi ba't magiging kahanga-hanga para sa Diyos kung mapagtatanto natin na hindi lamang tayo ang mahalaga rito; ang ating Maylalang ay malapit ding kasangkot sa ating suliranin. Maaari ba natin Siyang isipin? Mapapayagan ba natin ang ating sarili na makita Siya kung sino talaga Siya—walang kompromiso, pag-ibig na nakasentro sa iba, at ibalik ang pagmamahal na nararapat sa Kanya? Sobrang kahilingan na ba iyon? "Inibig natin Siya, sapagkat Siya'y unang umibig sa atin" (1 Juan 4:19).

> Sa lahat nilang kadalamhatian ay nagdadalamhati Siya, at iniligtas sila ng anghel na nasa Kaniyang harapan: sa Kaniyang pagibig at sa Kaniyang pagkaawa ay tinubos Niya sila; at Kaniyang kinilik sila at kinalong silang lahat noong araw.
>
> — Isaias 63:9

22

Ano ang Anyo ng Paghatol ng Diyos?

Mangatuto kayong magsigawa ng mabuti; inyong hanapin ang kahatulan, inyong saklolohan ang napipighati, inyong hatulan ang ulila, ipagsanggalang ninyo ang babaing bao.

— Isaias 1:17

Ang paghatol ng Diyos ay hindi kailanman paggagawad ng hatol ng hukuman laban sa atin. Ito ay tinukoy dito bilang pagpapagaan ng pagdurusa at pagtataguyod ng pagiging patas sa isang hindi patas na mundo.

> Narito, ang lingkod Ko na Aking hinirang; At minamahal Ko na kinalulugdan ng Aking kaluluwa: Isasakaniya Ko ang Aking Espiritu, At ihahayag Niya ang paghuhukom sa mga Gentil. Hindi Siya makikipagtalo, ni sisigaw; Ni maririnig man ng sinoman ang Kaniyang tinig sa mga lansangan. Hindi Niya babaliin ang tambong gapok, At hindi papatayin ang timsim na umuusok, Hanggang sa papagtagumpayin ang paghuhukom. At aasa sa Kaniyang pangalan ang mga Gentil. (Mat. 12:18–21)

Ang patas at banayad na paghatol ng Diyos ay nagbubunga ng tiwala.

> At pagka gagapas kayo ng mga uhay sa inyong lupain, ay huwag ninyong pakakagapasin ang mga sulok ng inyong bukid, ni huwag ninyong pamulutan ang inyong lupang ginapasan. At huwag ninyong sisimutin ang inyong ubasan, ni huwag ninyong pupulutin ang bungang nahulog sa inyong ubasan; sa dukha at sa taga ibang bayan, pababayaan ninyo: Ako ang Panginoon ninyong Dios. (Lev. 19:9–10)

Sinikap ng Diyos na gumawa ng probisyon para sa mga mahihirap sa sinaunang lipunan.

> At kung ang isang taga ibang bayan ay nakikipamayan na kasama ninyo sa inyong lupain, ay huwag ninyong gagawan ng masama. Ang taga ibang bayan na nakikipamayan na kasama ninyo, ay inyong aariing tubo sa lupain, at iibigin ninyo na gaya ng sa inyong sarili; sapagka't naging taga ibang bayan kayo sa lupain ng Egipto: ako ang Panginoon ninyong Dios. Huwag kayong gagawa ng kalikuan sa paghatol, sa pagsukat, sa pagtimbang, o sa pagtakal. Timbangang matuwid, panimbang na matuwid, epa na matuwid at hin na matuwid ang aariin ninyo: ako ang Panginoon ninyong Dios na naglabas sa inyo sa lupain ng Egipto. (Lev. 19:33–36)

> Sa aba nila na nag-uutos ng mga di-matuwid na pasiya, at nagsusulat ng kasamaan na kanilang iniutos; Upang ilayo ang mapagkailangan sa kahatulan, at alisin ang karapatan sa dukha ng aking bayan, upang ang mga babaing bao ay maging kanilang huli, at upang kanilang manakawan ang ulila! (Isa. 10:1–2)

Ang Diyos ay hindi nagtatangi—sa Kanya ay walang mga tagalabas. Alam ng Diyos ang mga batas ng tao, mga gawain sa negosyo, at mga institusyon na nagbibigay pakinabang sa mayayaman sa kapinsalaan ng mga mahihirap. Tinatawag Niya itong pagnanakaw. Anumang anyo ng maling representasyon sa kalakalan ay nasa ilalim ng kahulugan ng Bibliya ng pagnanakaw.

> Ano't kami ay nangagayuno, sabi nila, at hindi mo nakikita? ano't aming pinagdalamhati ang aming kaluluwa, at hindi mo napapansin? Narito, sa kaarawan ng inyong pagaayuno ay masusumpungan ninyo ang inyong sariling kalayawan, at inyong hinihingi ang lahat ninyong gawa. Narito, kayo'y nangagaayuno para sa pakikipagkaalit at pakikipagtalo, at upang manakit ng suntok ng kasamaan: hindi kayo nangagaayuno sa araw na ito, upang inyong iparinig ang inyong tinig sa itaas. Iyan baga ang ayuno na aking pinili? ang araw na pagdadalamhatiin ng tao ang kaniyang kaluluwa? Ang iyuko ang kaniyang ulo na parang yantok, at maglatag ng magaspang

na kayo at abo sa ilalim niya? iyo bang tatawagin ito na ayuno, at kalugodlugod na araw sa Panginoon? Hindi baga ito ang ayuno na aking pinili: na kalagin ang mga tali ng kasamaan, na pagaanin ang mga pasan at papaging layain ang napipighati, at iyong alisin ang lahat na atang? Hindi baga ang magbahagi ng iyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan? pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisan; at huwag kang magkubli sa iyong kapuwa-tao? (Isa. 58:3–7)

Walang halaga ang mga gawaing panrelihiyon lamang kung ating pinababayaan ang pagtulong sa mga nangangailangan. Sinabi ni Jesus, "Sa aba ninyong mga Fariseo! sapagka't nagbibigay kayo ng ikapu ng yerbabuena, at ng ruda, at ng bawa't gugulayin, at pinababayaan ninyo ang katarungan at ang pagibig ng Dios" (Lucas 11:42).

Ganito ang sinalita ng Panginoon ng mga hukbo, na nagsasabi, Mangaglapat kayo ng tunay na kahatulan, at magpakita ng kaawaan at ng kahabagan ang bawa't isa sa kaniyang kapatid, At huwag ninyong pighatiin ang babaing bao, ni ang ulila man, ang taga ibang lupa, ni ang dukha man; at sinoman sa inyo ay huwag magisip ng kasamaan sa inyong puso laban sa kaniyang kapatid. (Zac. 7:9–10)

Hindi sinasang-ayunan ng Diyos ang pang-aapi sa anumang anyo, ni ang anumang pakana upang pakinabangan ang sarili sa kapinsalaan ng iba.

Mga kapatid ko, yayamang mayroon kayong pananampalataya ng ating Panginoong Jesucristo, na Panginoon ng kaluwalhatian ay huwag magtatangi sa mga tao. Sapagka't kung may pumapasok sa inyong sinagoga ang isang tao na may singsing na ginto, at may magandang kasuotan, at may pumapasok namang isang dukha na may damit na hamak; At inyong itangi ang may suot na damit na maganda, at inyong sabihin, Maupo ka rito sa dakong mabuti; at sa dukha ay inyong sabihin, Tumayo ka riyan, o maupo ka sa ibaba ng aking tungtungan; Hindi baga kayo'y nagtatangi sa inyong sarili, at nagiging mga hukom na may masasamang pagiisip? Dinggin ninyo, mga minamahal kong kapatid; hindi baga pinili ng Dios ang mga

> dukha sa sanglibutang ito upang maging mayayaman sa pananampalataya, at mga tagapagmana ng kahariang ipinangako niya sa mga nagsisiibig sa kaniya? Nguni't inyong niwalang-puri ang dukha. Hindi baga kayo'y pinahihirapan ng mayayaman, at sila rin ang kumakaladkad sa inyo sa harapan ng mga hukuman? Hindi baga nilalapastangan nila yaong marangal na pangalan na sa inyo'y itinatawag? Gayon man kung inyong ganapin ang kautusang hari, ayon sa kasulatan, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng sa iyong sarili, ay nagsisigawa kayo ng mabuti. (Santiago 2:1–8)

Sa Diyos ay walang pagtatangi; lahat tayo ay pantay-pantay sa Kanyang paningin: "Ang Diyos ay hindi nagtatangi ng mga tao" (Mga Gawa 10:34).

> Ang dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at Ama ay ito, dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian, at pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan. (Santiago 1:27)

Ang dalisay na relihiyon ay hindi denominasyonalismo, seremonialismo, dogmatismo, emosyonalismo, o eklesyastikal na pagkakaayon.

> Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan: Sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong pinakain; ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom; ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy; Naging hubad, at inyo akong pinaramtan; ako'y nagkasakit, at inyo akong dinalaw; ako'y nabilanggo, at inyo akong pinaroonan. Kung magkagayo'y sasagutin siya ng mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauuhaw, at pinainom ka? At kailan ka naming nakitang isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka? o hubad, at pinaramtan ka? At kailan ka namin nakitang may-sakit, o nasa bilangguan, at dinalaw ka namin? At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo,

Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa. (Mat. 25:34–40)

Ano ang mga kwalipikasyon upang maging kapatid ni Jesus? Mayroon lamang isa: ang maging miyembro ng sangkatauhan. Lahat tayo ay miyembro ng pamilya ni Jesus.

"At sinasabi Ko sa inyo, na maraming magmumula sa silanganan at kanluran, at uupong kasama ni Abraham, at ni Isaac, at ni Jacob, sa kaharian ng langit."

—Jesus (Mateo 8:11)

23

Ang Diyos ay Mapagpakumbaba

Bagama't ang Diyos ang pinakamakapangyarihang nilalang sa sansinukob, Siya rin, kasabay nito, ang pinakamapagpakumbaba.

> At sinabi sa kanila ng anghel, Huwag kayong mangatakot; sapagka't narito, dinadalhan ko kayo ng mabubuting balita ng malaking kagalakan, na siyang sasa buong bayan: Sapagka't ipinanganak sa inyo ngayon sa bayan ni David ang isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo ang Panginoon. At ito ang sa inyo'y magiging pinakatanda: Masusumpungan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin, at nakahiga sa isang pasabsaban. (Lucas 2:10–12)

Pinili ng Diyos ang pinakamababang posibleng pagpasok sa ating mundo—bilang isang hindi nakakapinsalang sanggol na nakahiga sa isang labangan.

> Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking bibigyan ng kapahingahan. Pasanin ninyo ang aking pamatok, at mag-aral kayo sa akin; sapagka't ako ay maamo at mapagpakumbabang puso: at makakatagpo kayo ng kapahingahan sa inyong mga kaluluwa. Sapagkat ang aking pamatok ay madali, at ang aking pasanin ay magaan. (Mat. 11:28–30)

Paano pa magiging mas malinaw si Jesus, ang Anak ng Diyos? Sabi Niya, "Ako ay maamo at mapagpakumbaba ang puso."

> At sinabi sa kaniya ni Jesus, May mga lungga ang mga zorra, at may mga pugad ang mga ibon sa langit; datapuwa't ang Anak ng tao ay walang kahiligan ang kaniyang ulo. (Mat. 8:20)

Dito ay iniuugnay ni Jesus ang Kanyang sarili sa pinakamahihirap na miyembro ng lipunan: ang mga walang tirahan.

> At siya'y kanilang dinamtan ng kulay-ube, at nang makapagkamakama ng isang putong na tinik, ay ipinutong nila sa kaniya. At nagpasimula silang siya'y batiin, Aba, Hari ng mga

> Judio! At sinaktan nila ang kaniyang ulo ng isang tambo, at siya'y niluluraan, at pagkaluhod nila, siya'y sinamba. At nang siya'y kanilang malibak na, ay inalis nila sa kaniya ang kulay-ube, at isinuot sa kaniya ang kanyang mga damit. At siya'y kanilang inilabas upang ipako siya sa krus. At siya'y kanilang ipinako sa krus, at kanilang pinaghatihatian ang kaniyang mga damit, na kanilang pinagsapalaran, kung alin ang dadalhin ng bawa't isa. At ipinako sa krus na kasama niya ang dalawang tulisan; isa sa kaniyang kanan, at isa sa kaniyang kaliwa. At natupad ang kasulatan, na nagsasabi: At siya'y ibinilang sa mga suwail. (Marcos 15:17–20, 24, 27–28)

Mula sa Kanyang abang kapanganakan hanggang sa Kanyang pagpapako sa krus sa pagitan ng dalawang magnanakaw, si Jesus, ang Anak ng Diyos, ay patuloy na nagpakita ng kaamuan at pagpapakumbaba.

> Kaniyang ipinakilala sa iyo, Oh tao, kung ano ang mabuti; at ano ang hinihingi ng Panginoon sa iyo, kundi gumawa na may kaganapan, at ibigin ang kaawaan, at lumakad na may kababaan na kasama ng iyong Dios? (Mik. 6:8)

> Makalalakad baga ang dalawa na magkasama, liban na sila'y magkasundo? (Amos 3:3)

Tayo ay lalakad na naaayon sa Diyos kapag tayo ay mapagpakumbaba gaya Niya.

Kapag naunawaan natin ang kababaang-loob na ipinakita ng ating magiliw na Diyos, paano pa tayo magkakaroon ng kahit katiting na pagdududa tungkol sa Kanyang pagiging mapagkakatiwalaan?

Tayong lahat na parang tupa ay naligaw; tayo ay lumiko bawat isa sa kanyang sariling lakad; at inilagay sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat. Siya'y napighati, at

Siya'y pinahirapan, gayon ma'y hindi Niya ibinuka ang Kaniyang bibig: Siya'y dinala na parang kordero sa patayan, at gaya ng isang tupa sa harap ng kaniyang mga manggugupit ay pipi, gayon hindi Niya ibinubuka ang Kaniyang bibig. Siya ay kinuha mula sa bilangguan at mula sa kahatulan: at sino ang magpapahayag ng Kaniyang lahi? sapagka't Siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay: sapagka't ang pagsalangsang ng Aking bayan ay sinaktan Siya. At ginawa Niya ang Kanyang libingan kasama ng masama, at kasama ng mayaman sa Kanyang kamatayan; sapagka't hindi Siya gumawa ng karahasan, ni may anumang daya sa Kaniyang bibig.

—Isaias 53:6–9

24

Ang Diyos ay Isang Lingkod, Hindi Amo ng mga Alipin

Mula ngayon ay hindi Ko na kayo tinatawag na mga alipin; sapagka't hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon: nguni't tinawag Ko kayong mga kaibigan; sapagkat ang lahat ng bagay na narinig Ko sa Aking Ama ay ipinaalam Ko sa inyo.

— Jesus (Juan 15:15)

Hindi gusto ng Diyos ang ating bulag na pananampalatayang pagpapasakop. Gusto Niya ang pagkakaibigan natin. Kapag nakikipag-usap tayo sa isang kaibigan, hindi tayo gumagamit ng pormalidad o mistisismo. Nais ng Diyos na makipag-usap tayo sa Kanya nang tapat tulad ng pakikipag-usap natin sa isang matalik na kaibigan—ito ang tunay na kahulugan ng panalangin. Nilikha tayo ng Diyos na may kakayahang mangatuwiran, at inaanyayahan Niya tayong gamitin ang kakayahang iyon: "Magsiparito kayo ngayon, at tayo'y mangagkatuwiranan, sabi ng Panginoon" (Isaias 1:18).

> Datapuwa't tinawag sila ni Jesus sa kaniya, at sinabi, Nalalaman ninyo na ang mga prinsipe ng mga Gentil ay nagsisipanginoon sa kanila, at ang mga dakila ay nagsisigamit ng kapamahalaan sa kanila. Datapuwa't hindi magiging gayon sa inyo: kundi ang sinomang ibig na maging dakila sa inyo, ay maging lingkod ninyo; At ang sinomang ibig maging pinuno sa inyo, ay maging lingkod ninyo: Gaya ng Anak ng tao ay naparito hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang kaniyang buhay na pangtubos sa marami. (Mat. 20:25–28)

Ipinakita ni Jesus ang batas ng buhay—ibinigay Niya ang Kanyang sarili upang maglingkod sa iba.

> At nilibot ni Jesus ang buong Galilea, na nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipinangangaral ang evangelio ng kaharian, at nagpapagaling ng lahat ng sarisaring sakit at ng lahat ng karamdaman na nasa mga tao. At lumaganap ang pagkabantog niya sa buong Siria: at kanilang dinadala sa kaniya ang lahat ng mga may karamdaman, at ang mga pinipighati ng sarisaring sakit at pahirap, at ang mga inaalihan ng mga demonio, at ang mga himatayin, at ang mga lumpo: at sila'y pinagagaling niya. At sinundan siya ng lubhang karamihang tao mula sa Galilea at Decapolis at Jerusalem at Judea at mula sa dakong ibayo ng Jordan. (Mat. 4:23–25).

> At lumapit sa kaniya ang isang ketongin, na namamanhik sa kaniya, at nanikluhod sa kaniya, at sa kaniya'y nagsasabi, Kung ibig mo, ay maaaring malinis mo ako. At sa pagkaawa ay iniunat niya ang kaniyang kamay, at siya'y hinipo, at sinabi sa kaniya, Ibig ko; luminis ka. At pagdaka'y nawalan siya ng ketong, at siya'y nalinis. (Marcos 1:40–42).

Si Jesus ay gumawa nang walang kapaguran at may habag upang mapawi ang lahat ng uri ng pagdurusa. Walang sinuman ang nalalampasan ng Kanyang pansin at mapagmahal na pag-aalaga: "At mayroon ding iba't ibang mga bagay na ginawa ni Jesus, na kung susulating isa-isa, ay inaakala ko na kahit sa sanglibutan ay hindi magkakasiya ang mga aklat na susulatin" (Juan 21:25).

> Si Jesus, sa pagkatalastas na ibinigay na ng Ama ang lahat ng mga bagay sa kaniyang mga kamay, at siya'y nanggaling sa Dios, at sa Dios din paroroon, Ay nagtindig sa paghapon, at itinabi ang kaniyang mga damit; at siya'y kumuha ng isang toalya, at ibinigkis sa kaniyang sarili. Nang magkagayo'y nagsalin ng tubig sa kamaw, at pinasimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad, at kinuskos ng toalya na sa kaniya'y nakabigkis. (Juan 13:3–5)

Ang mapagpahayag na "gawa ng Diyos" na ito ay nangyari sa huling hapunan ni Kristo ilang oras lang bago ang Kanyang paglilitis at

pagpapako sa krus. Ang Ebanghelyo ni Lucas ay nagbibigay ng nakahihiyang detalye tungkol sa mga disipulo ni Jesus sa pagkakataong ito: “At nagkaroon naman ng isang pagtatalotalo sa gitna nila, kung sino kaya sa kanila ang ibibilang na pinakadakila” (Lucas 22:24). Narito ang tagpo: Alam ni Jesus na nagmula Siya sa Diyos. Lahat ng bagay ay nasa Kanyang mga kamay. Sa madaling salita, lubos na nalalaman ni Jesus na Siya ay Diyos, taglay ang lahat ng kapangyarihan ng Diyos. Alam din Niya na ang Kanyang mga disipulo ay nasa gitna ng isang pagtatalo tungkol sa kung sino sa kanila ang magiging pinakadakila sa kaharian ng Diyos. Ano ang ginawa ni Jesus? Siya ay “kumuha ng tuwalya, at binigkisan ang Kanyang sarili” at hinugasan ang mga paa ng Kanyang mapagmataas na mga disipulo (ang gawain ng isang aliping pantahanan sa kultura na iyon).

> Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito’y na kay Cristo Jesus din naman: Na Siya, bagama’t nasa anyong Dios, ay hindi Niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay Niya sa Dios, Kundi bagkus hinubad Niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga tao.
>
> —Filipos 2:5-7.

25

Iniibig Ka ng Diyos nang Walang Kondisyon

"Malilimutan ba ng babae ang kaniyang batang pasusuhin; na siya'y hindi mahahabag sa anak ng kaniyang bahay-bata? oo, ito'y makalilimot, nguni't hindi kita kalilimutan. Narito Aking inanyuan ka sa mga palad ng Aking mga kamay; ang iyong mga kuta ay laging nangasa harap Ko."

— Isaias 49:15-16.

Maaaring magkaroon tayo ng mga oras na nadarama nating nakalimutan tayo ng Diyos, ngunit ang mga damdamin ay hindi palaging isang tumpak na sukatan ng katotohanan. Sinasabi ng Diyos na hindi Siya makakalimot: "Hindi baga ipinagbibili ang limang maya sa dalawang beles? at isa man sa kanila ay hindi nalilimutan sa paningin ng Dios. Datapuwa't maging ang mga buhok ng inyong ulo ay pawang bilang na lahat. Huwag kayong mangatakot: kayo'y lalong mahalaga kay sa maraming maya" (Lucas 12:6-7).

> Sapagka't ako'y naniniwalang lubos, na kahit ang kamatayan man, kahit ang buhay, kahit ang mga anghel, kahit ang mga pamunuan, kahit ang mga kapangyarihan, kahit ang mga bagay na kasalukuyan, kahit ang mga bagay na darating, Kahit ang kataasan, kahit ang kalaliman, kahit ang alin mang ibang nilalang, ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pagibig ng Dios, na nasa kay Cristo Jesus na Panginoon natin. (Roma 8:38-39)

Imposibleng maipahayag nang labis ang pag-ibig ng Diyos para sa atin. Ang lahat ng ating mga pagsisikap na ilarawan ang Kanyang pagmamahal ay hindi sapat.

> Masdan ninyo kung gaanong pagibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo'y mangatawag na mga anak ng Dios. (1 Juan 3:1)

Ang pag-asa ng Diyos para sa bawat isa sa atin ay na makilala natin Siya bilang ating Ama sa Langit. Sa gayon ay mapagtatanto natin ang ating pamana bilang mga anak na lalaki at babae ng Diyos.

> Ingatan ninyo na huwag ninyong pawalang halaga ang isa sa maliliit na ito: sapagka't sinasabi ko sa inyo, na ang kanilang mga anghel sa langit ay nangakakakitang palagi ng mukha ng aking Ama na nasa langit. Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito upang iligtas ang nawala. Ano ang akala ninyo? kung ang isang tao ay may isang daang tupa, at maligaw ang isa sa mga yaon, hindi baga iiwan niya ang siyam na pu't siyam, at pasasa kabundukan, at hahanapin ang naligaw? At kung mangyaring masumpungan niya, ay katotohanang sinasabi ko sa inyo, na magagalak ng higit dahil dito kay sa siyam na pu't siyam na hindi nangaligaw. Gayon din na hindi nga kalooban ng inyong Amang nasa langit, na ang isa sa maliliit na ito ay mapahamak. (Mateo 18:10-14, idinagdag ang diin)

Ang bawat tao, mula sa pinakamayabang na monarko sa trono hanggang sa pinakamahirap na pulubi sa kalye, ay mahalaga sa Diyos. Gaano kahalaga? Iiwan sana ng Diyos ang langit; magdurusa at mamamatay sana Siya para lamang sa isang miyembro ng Kanyang pamilya ng tao—kung ang isang taong iyon lamang ang nangangailangan ng nagliligtas na pakikipagkasundo.

Oo, inibig kita ng walang hanggang pagibig: kaya't Ako'y lumapit sa iyo na may kagandahang-loob.

—Jeremias 31:3.

26

Ang Kaharian ng Diyos

Ang kaharian ng Dios ay hindi paririto na mapagkikita: Ni sasabihin man nila, Naririto! o Naririyan! sapagka't narito, ang kaharian ng Dios ay nasa loob ninyo.

— Jesus (Lucas 17:20-21)

Ang mga kaharian at institusyon ng mundo ay makikita lahat, na may nakikitang luklukan ng pamahalaan o punong-himpilan. Kung hinahanap natin ang isang nakikitang pagpapakita ng Kaharian ng Diyos, hindi natin ito makikita. Ang Kaharian ng Diyos ay makikita lamang sa ating mga puso kapag ang pag-ibig sa Diyos at sa isa't isa ay pumalit sa ating pagkamakasarili.

> At kaniyang sinabi [si Jesus], Sa ano natin itutulad ang kaharian ng Dios? o sa anong talinghaga isasaysay natin ito? (Marcos 4:30)

Gaano kahirap ang paghahanap ng mga salita sa wika ng tao na naghahatid ng tumpak na larawan ng Kaharian ng Diyos sa mga pamilyar lamang sa mga kaharian ng mundo na ito!

> Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios. (Juan 3:3)

Gawain ng Banal na Espiritu na ipaunawa ang mga espirituwal na bagay. Kapag tinatanggap natin ang banayad na impluwensya ng Banal na Espiritu, ang espirituwal na katotohanan ay nagiging malinaw, kaya nagiging posible na makita o maunawaan ang Kaharian ng Diyos. Ang pagbabago ng pananaw sa bagong katotohanan na ito ay nagdudulot ng

pakikipagkasundo at nagbibigay-buhay, tulad ng pagiging "ipinanganak muli."

Ang Banal na Espiritu ay hindi limitado sa paggawa sa loob ng mga hangganan ng relihiyon, gaya ng kung minsan ay inaakala natin. Nagsasalita Siya sa lahat ng tao anuman ang pinagmulan, lokasyon sa planeta, o ideolohiyang inaangkin. Kahit na ang mga ateista ay hindi ligtas sa gawain ng Banal na Espiritu sa puso.

Wala sa Diyos ang ating makitid na pagkiling at hindi nasasaktan kapag ang isang tao ay hindi nagpahayag ng paniniwala sa Kanyang pag-iral.

Ang diwa ng espirituwal na mga bagay na ginagawang maliwanag ng Banal na Espiritu ay hindi lamang kaalaman sa isip, kundi isang pagbabago ng puso. Bilang isang halimbawa, ang isang mahabagin at mapagbigay na agnostiko o ateista ay mas tumutugon sa impluwensya ng Banal na Espiritu at mas malapit sa Kaharian ng Diyos kaysa sa isang mapagmatuwid-sa-sarili at matigas ang pusong relihiyonista. Ano ang mas mahirap para sa Diyos—ang baguhin ang kaisipan ng tao tungkol sa Kanyang pag-iral o ang baguhin ang isang suwail at matigas na puso?

> At dinadala nila sa Kaniya ang maliliit na bata, upang sila'y Kaniyang hipuin: at sinaway sila ng mga alagad. Datapuwa't nang ito'y makita ni Jesus, ay nagdalang galit Siya, at sinabi sa kanila, Pabayaan ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata; huwag ninyo silang pagbawalan: sapagka't sa mga ganito nauukol ang kaharian ng Dios. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sinomang hindi tumanggap ng kaharian ng Dios na tulad sa isang maliit na bata, ay hindi siya papasok doon. (Marcos 10:13-15)

Pagdating sa pag-aaral ng katotohanan tungkol sa Diyos at sa Kanyang kaharian, ang pinakamahirap na bahagi ay hindi ang pag-aaral kundi ang pagwaksi sa mga maling natutunan. Marami sa atin ang gumawa ng napakalaking pamumuhunan sa pagpapaunlad sa ating larawan ng Diyos. Kung ang larawang iyon ay nabaluktot, maaaring maging lubhang mahirap itong bitawan. Dahil ang isang baluktot na larawan ng Diyos ay napakatagal nang nakatanim sa popular na relihiyon, nakatayo ito bilang pinakamalaking balakid sa pag-unawa sa katotohanan

tungkol sa Diyos at sa Kanyang Kaharian. Ang mga bata ay hindi gaanong nalantad sa baluktot na larawan ng Diyos, dahil dito'y mas madali para sa kanila na tanggapin ang katotohanan tungkol sa ating banayad na Diyos.

> Nang oras na yaon ay nagsilapit ang mga alagad kay Jesus, na nangagsasabi, Sino nga baga ang pinakadakila sa kaharian ng langit? At pinalapit Niya sa Kaniya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila, At sinabi, Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Malibang kayo'y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit. Sinoman ngang magpakababa na gaya ng maliit na batang ito, ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit. (Mateo 18:1-4)

Ang Kaharian ng Langit ay kabaligtaran ng mga kaharian ng mundo. Walang lugar para sa kayabangan, pagmamanipula, pamimilit, o pagmamataas sa katungkulan. Kailangan natin ang pagtitiwala na kagaya ng pagtitiwala ng isang bata sa ating Ama sa Langit at bukas na pagpayag na maturuan.

> Tulad ang kaharian ng langit sa natatagong kayamanan sa bukid; na nasumpungan ng isang tao, at inilihim; at sa kaniyang kagalaka'y yumaon at ipinagbili ang lahat niyang tinatangkilik, at binili ang bukid na yaon. Gayon din naman, ang kaharian ng langit ay katulad ng isang taong nangangalakal na humahanap ng magagandang perlas: At pagkasumpong ng isang mahalagang perlas, ay yumaon siya at ipinagbili ang lahat niyang tinatangkilik, at binili yaon. (Mateo 13:44-46)

Kapag nalaman natin ang katotohanan tungkol sa Diyos—na Siya ay may walang hangganang pag-ibig na nakasentro sa iba at Siya ay lubos na mapagkakatiwalaan, mahabagin, at mapagbigay—magkakaroon din tayo ng malinaw na pang-unawa sa Kanyang kaharian. Makikita natin ang ating baluktot na larawan ng Diyos bilang walang kabuluhan at malugod natin itong ipagbibili upang bilhin ang tunay na larawan ng Diyos at ng Kanyang Kaharian.

> At lumapit ang isa sa mga eskriba, at nakarinig ng kanilang pagtatalo, at palibhasa'y nalalamang mabuti ang pagkasagot

niya sa kanila, ay tinanong siya, Ano baga ang pangulong utos sa lahat? Sumagot si Jesus, Ang pangulo ay, Pakinggan mo, Oh Israel; Ang Panginoon nating Dios, ang Panginoon ay iisa: At iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo, at ng buong lakas mo. Ang pangalawa ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili. Walang ibang utos na hihigit sa mga ito. At sinabi sa kaniya ng eskriba, Sa katotohanan, Guro, ay mabuti ang pagkasabi mo na siya'y iisa; at wala nang iba liban sa kaniya: At ang siya'y ibigin ng buong puso, at ng buong pagkaunawa, at ng buong lakas, at ibigin ang kapuwa niya na gaya ng sa kaniyang sarili, ay higit pa kay sa lahat ng mga handog na susunugin at mga hain. At nang makita ni Jesus na siya'y sumagot na may katalinuhan, ay sinabi niya sa kaniya, Hindi ka malayo sa kaharian ng Dios. (Marcos 12:28-34)

Nagbigay si Jesus ng pampalakas-loob sa eskribang Kanyang sinasagot: "Hindi ka malayo sa kaharian ng Diyos." Ang eskriba ay nagpahayag ng mas malalim na pag-unawa sa espirituwal na katotohanan kaysa sa karamihan. Lumampas siya sa mababaw na pagbasa ng banal na Kasulatan at naunawaan ang pananaw ng batas-ng-pag-ibig na inihayag ni Jesus.

Ano ang magiging kalagayan ng lupang ginawang bago kapag ang batas ng pag-ibig ay ang tanging batas ng lupain? Ang pag-ibig ng Diyos na nakasentro sa iba ay makikita sa lahat ng sangkatauhan. Mamahalin at pahahalagahan ng bawat tao ang iba bilang "mas mahusay kaysa sa kanilang sarili" (Fil. 2:3). Magkakaroon ng isang estado ng kaligayahan at seguridad na walang hanggang higit pa sa kung ano ang maaari nating isipin.

"Datapuwa't gaya ng nasusulat, Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, Ni hindi pumasok

sa puso ng tao, Anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa Kaniya."

—1 Corinto 2:9.

27

Ang Diyos ay Nag-aalok sa Atin ng Tunay na Kalayaan

At sinabi ng Dios, Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis: at magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawa't umuusad, na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa.

— Genesis 1:26

Ang kapangyarihan sa ibabaw ng lupa na ibinigay ng Diyos sa sangkatauhan ay hindi nagpapahintulot ng pang-aabuso o pananamantala. Sina Adan at Eba at ang kanilang mga inapo ay kinakailangang maging mapagmahal na mga tagapag-alaga ng lupa at bawat nilalang dito. Sinasabi ng banal na kasulatan, "Ang lupa ay Kaniyang ibinigay sa mga anak ng mga tao" (Awit 115:16). Nang ang ating unang mga magulang ay naniwala sa kasinungalingan na ang Diyos ay makasarili at mahigpit, sila ay napagtagumpayan ng manlilinlang at ang kanilang mga isip ay dinala sa pagkaalipin sa kanya, "Sapagka't ang nadaig ninoman ay naging alipin din naman niyaon" (2 Pedro 2:19). Kung dati ay may kalayaan sina Adan at Eba, ngayon sila at ang kanilang mga anak ay nasa pagkaalipin ng diablo. Sa isang nakapangingilabot na sandali pagkatapos ng pagkahulog, tila baga ang sangkatauhan ay wala nang magagawa kundi tanggapin ang tiyak na kapahamakan, gaya ng di-maiiwasang pagkawasak ni Satanas at ng iba pang mga nahulog na mga anghel.

Ngunit may mabuting balita; nagbigay ang Diyos ng isang paraan upang makawala mula sa pagkaalipin para sa kanila at sa kanilang mga inapo. Upang matugunan ang kagipitang ito, sinalita ng Diyos ang mga salitang ito kay Satanas: "At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang

iyong binhi at ang kaniyang binhi" (Gen. 3:15). ***Ano ang pag-aalit na ito?*** Nang si Satanas at ang kanyang mga tagasunod ay magrebelde laban sa Diyos sa langit, ginawa nila ito mula sa posisyon ng isang matagal na kaugnayan sa Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu. Sila ay may sapat na karanasan upang malaman ang pag-ibig ng Diyos at walang dahilan upang pagdudahan ang Kanyang kabutihan. Noong ihiwalay nila ang kanilang sarili mula sa Diyos tulad ng ginawa nila, ginawa nila ang kanilang mga sarili na hindi na kayang tumugon sa Banal na Espiritu. Sa pamamagitan ng kanilang matigas na kapalaluan, ipinahamak nila ang kanilang mga sarili sa kadiliman at sa tuluyang paglaho, na hindi na makapagsisi at bumalik sa kanilang Lumikha.

Nang magkasala sina Adan at Eba, ginawa nila ito mula sa kalagayan ng limitadong kaalaman tungkol sa Diyos at limitadong karanasan sa Kanya. Sila ay nalinlang ni Satanas; hindi sila gumawa ng isang kalkuladong desisyon na tanggihan ang kanilang Lumikha. May lunas pa ang pagkakalayo ng tao sa Diyos. Ang pangako ng Diyos na "maglagay ng alitan" sa pagitan ni Satanas at ng babae ay ang orihinal na mensahe ng Ebanghelyo sa mundo.

Ang Diyos ay maawaing nagbigay ng pag-asa kina Adan at Eba at sa kanilang mga inapo na ang kanilang mga puso at isipan ay magkakaroon pa rin ng kakayahang tumugon sa Banal na Espiritu—sila ay maaabot pa rin ng pag-ibig ng Diyos. Hindi magiging ganap ang pagkaalipin ng tao kay Satanas. Ang malayang kalooban ng bawat tao ay mananatiling buo na nililimitahan ang impluwensya ni Satanas sa atin at tinitiyak ang ating kalayaan na piliing makipagkasundo sa ating Lumikha.

> Sapagkat ang nilalang mismo ay palalayain din mula sa pagkaalipin ng katiwalian sa maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos. (Roma 8:21)
>
> Sa kalayaan ay pinalaya tayo ni Cristo: magsitibay nga kayo, at huwag na kayong pasakop na muli sa pamatok ng pagkaalipin. (Gal. 5:1)
>
> Kung palayain nga kayo ng Anak, kayo'y magiging tunay na laya. (Juan 8:36)

Na binulag ng dios ng sanglibutang ito ang mga pagiisip ng mga hindi nagsisisampalataya, upang sa kanila'y huwag sumilang ang kaliwanagan ng evangelio ng kaluwalhatian ni Cristo, na siyang larawan ng Dios. Yamang ang Dios, ang nagsabi, Magniningning ang ilaw sa kadiliman, na siyang nagningning sa aming mga puso, upang magbigay ng liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Dios sa mukha ni Jesucristo. (2 Corinto 4:4, 6)

Hindi pa ba panahon upang iwaksi ang madilim na takip ng legalismo at pagkakasalungatan kung saan ibinalot ni Satanas ang ebanghelyo ni Cristo, at piliing hindi maging kasangkot sa umiiral na maling pang-unawa tungkol sa ating banayad na Diyos?

Kung kayo'y magsisipanatili sa Aking salita, kung magkagayo'y tunay nga kayong mga alagad Ko; At inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana'y magpapalaya sa inyo.

—Jesus (Juan 8:31-32)

Ang katotohanan ay ang mabuting balita tungkol sa ating banayad na Diyos!

Ganito ang sabi ng Panginoon, Huwag magmapuri ang pantas sa kaniyang karunungan, o magmapuri man ang makapangyarihan sa kaniyang kapangyarihan, huwag magmapuri ang mayaman sa kaniyang kayamanan; Kundi magmapuri sa ganito ang lumuluwalhati, na kaniyang

nauunawaan, at kaniyang nakikilala ako, na ako ang Panginoon na nagsasagawa sa lupa ng kagandahang-loob, kahatulan at katuwiran; sapagka't sa mga bagay na ito ay nalulugod ako, sabi ng Panginoon.

—Jeremias 9:23-24.

Buod

1. Kung tama ang pagkaunawa, ang Bibliya ay makatwiran. Ipinapaliwanag at binibigyang kahulugan ng Bibliya ang sarili nito. (Isa. 1:18; 1 Corinto 2:13)
2. Ang ating mga paraan at pag-iisip ay hindi sumasalamin sa mga paraan at pag-iisip ng Diyos. (Isa. 55:8-9; Awit 50:21)
3. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay ang Kanyang karakter. (Exodo 34:6-7; 2 Corinto 4:4, 6)
4. Ang Diyos ay pag-ibig. (1 Juan 4:8, 16)
5. Ang pag-ibig ng Diyos ay ganap na hindi makasarili. (Juan 3:16-17; Roma 5:8)
6. Ang pag-ibig ay nangangailangan ng kalayaan. (Deuteronomio 30:19-20; Juan 8:32, 36)
7. Si Jesus ay Diyos. (Juan 1:1-3, 14; Col. 1:13-17)
8. Si Jesus ang pinakamalinaw na kapahayagan ng Diyos. (Hebreo 1:3)
9. Ang Diyos ay hindi kailanman nagbabago. (Mal. 3:6; Heb. 13:8; Santiago 1:17)
10. Ang Diyos ang Tagapaglikha at Tagapagtaguyod—hindi ang mapangwasak. (Gen. 1:1; Awit 33:6, 9; Heb. 1:3; Lucas 9:56; Juan 10:10)
11. Ang pinagtatalunang usapin ay tungkol sa mga prinsipyo ng pamamahala ng Diyos—hindi tungkol sa Kanyang kapangyarihan. (Gen. 3:1-5)
12. Ang Kaharian ng Diyos ay pinamamahalaan ng batas ng pag-ibig—hindi ng patakaran ng batas. (Mateo 22:37-40; Galacia 5:14, 22-23; 1 Cor. 13)
13. Hindi kailanman gumagamit ang Diyos ng pamumwersa. Dinadaig Niya ng mabuti ang masama. (Mateo 5:43-48; Roma 12:20-21; Lucas 23:34)
14. Si Satanas ay katunggali ng Diyos at isang dalubhasang manlilinlang. (Juan 8:44; 2 Corinto 11:14; Apoc. 12:7-9; 1 Ped. 5:8)

15. Ang kasalanan ay ang ituring ang Diyos bilang naglilingkod lamang sa sarili at hindi mapagkakatiwalaan. (Gen. 3:1-5; Col. 1:21)
16. Kasalanan ang nakamamatay—hindi ang Diyos. (Roma 6:23; Santiago 1:13-15)
17. Hindi tayo hinahatulan ng Diyos—hinahatulan natin ang ating mga sarili. (Juan 3:17-21; 5:22; 12:44-48; Mateo 7:1-5; Lucas 6:37; Roma 2:1-3)
18. Ang ebanghelyo ay ang mabuting balita tungkol sa Diyos. (2 Corinto 4:3-6; Apoc. 14:6-7; Lucas 15:11-32; Juan 3:16-17; Roma 5:8)
19. Ang kaligtasan ay nakapagpapagaling na pakikipagkasundo—ito ay hindi isang legal na isyu. (Marcos 2:16-17; Lucas 4:18-19; Mga Gawa 28:27; 2 Corinto 5:18)
20. Ang makilala ang Diyos ay buhay na walang hanggan. (Juan 17:3)



Ang *Acts of Our Gentle God* ay naghaharap ng matibay na ebidensiya mula sa Bibliya upang pawalang-sala ang Diyos sa mga paratang na Siya ay walang malasakit, mapanghusga, mapagkontrol, hindi patas, masama ang ugali, o marahas. Ipinakikita ng aklat na ito na ang buong Bibliya, sa wastong pagkaunawa, ay naaayon sa tiyak na pahayag: "Ang Diyos ay pag-ibig" (1 Juan 4:8).



Mahigit 50 taon na ang sariling paglalakbay ng may-akda tungo sa mas malinaw na larawan ng ating banayad na Diyos. Nakatira siya kasama ang kanyang asawang si Julie sa kanilang simpleng kubo sa kakahuyan ng hilagang Minnesota. Nasisiyahan siya sa piling ng maraming kaibigang may apat na paa at may balahibo.